


MGA TANONG AT MGA SAGOT

UKOL SA ESPIRITU SANTO

 At nung matapos 'yung kagabi sadyang lahat tayo'y puspos na puspos. Nabalitaan ko 'yung mabubuting ulat ngayong araw na ito tungkol sa marami ang nakatanggap ng Espiritu Santo. At ikinagagalak natin 'yan.

² Ikinagagalak ko na narito sa atin ngayong gabi si Kapatid na Graham, isa sa mga katulungan natin dito mula sa tabernakulo, ang pastor ng holiness na iglesya sa Utica. At si Kapatid na Jackson, nandito siya, kagabi, sa palagay ko nga, o siguro'y nakabalik siya ngayon at nariyan sa mga tagapakinig kung saan ngayon, gaya ng may isang nagsabi, nariyan. . . Oo, haya't nakikita ko si Kapatid na Jackson diyan sa likod sa mga tagapakinig ngayon. At—at si Kapatid na Ruddell, nandito ba siya ngayong gabi? Isa rin siya sa mga katulungan natin dito sa “62.” Ikinagagalak natin na nandito sila sa atin. At kasama ang ating. . . Oh, sina Kapatid na Pat, at lahat po ng iba pang mga kapatid na ito, kami'y—at sa mga nariyan sa mga tagapakinig. Ikinagagalak namin na lahat kayo'y naparito sa amin ngayong gabi.

³ Ngayon, kung maikakatuwiran ko lang, magpapapunta ako rito sa itaas ng maiinam na mangangaral para makapangusap sa inyo, dahil napaos ako dahil sa pagtamasa ng maluwalhating panahon kagabi.

⁴ Ngayon, ang maybahay ko po, ang tagapag-ayos ko; alam n'yo, mga kapatid, ang ibig kong sabihin. Ang sabi niya 'yung mga tao sa likod kagabi'y di pala ako naririnig, dahil dito ako tumatapat sa bagay na ito para magsalita. At kaya ngayon, bago ako magsimula, may susubukan lang ako. Ngayon, iniisip ko kung mas maayos ba kung ganito. Mas maayos po ba ito kayo rihan sa likod na likod? O mas maayos kung ganito? Kung ganito po mas maayos ba? Ngayon, Honey, naku't menos puntos ito sa iyo. Ngayon, ang sabi kasi nila mas maayos kung ganito. Sige. Oh, naku! Babae po 'yan. Mabuti na rin, at matagal-tagal na rin bago ako nagka-puntos. Kadalasan kasi'y tama siya.

⁵ Buweno, tunay po na nagtatamasa tayo ng maluwalhating panahon sa tatlong gabi na 'yan ng mga gawain; ako man. At ngayon, ang mga teyp, lahat ng 'yun maliban sa kagabi. . . Akin ngang tinawagan si Kapatid na Goad at sinasabi sa kanya na pumunta't kunin ang teyp para sa tabernakulo. Pero mangyari nga na sa pagkakaintindi ko'y umalis si Billy Paul sa kanyang kotse at wala siya, kaya di nakuha 'yung teyp sa pagkakaalam

ko. Kaya may isang teyp na wala tayo. Gusto ko ngang ilagay 'yun dito sa iglesya para sa kapakanan ng iglesya para—kung may isa na magsasabi—kung ano ang pinaniniwalaan natin.

⁶ Ngayon, sa gabing ito mangungusap po ako tugkol sa *Ang Dakilang Pagpupulong*, kung matatapos ko ang mga tanong sa oras. At tapos, bukas ng umaga'y gawain ng pagpapagaling. At mananalangin tayo para sa mga maysakit. Mangyari rin, na di tayo basta mamamahagi—o 'yung basta lalapit at magsasabi, “Ngayon, kukunin kita, at ikaw, at ikaw.” Di naman tama 'yun. Kaya naman namimigay kami ng bunton ng mga card, at kung saang banda sa mga card na 'yun, tatawag ako ng ilan sa may etablado. At pagkatapos, kapag ang Espiritu Santo'y nag-umpisa nang maghayag, haya't dadako Iyon sa mga nakikinig at magbubukod ng ilang tao mula sa mga nakikinig para sa gawain na 'yun ng pagpapagaling. At kaya naman, bukas ng umaga, mangungusap ako, loobin ng Panginoon, bago mismo ang gawain ng pagpapagaling.

⁷ Nakikita ko na tumatawa ang asawa ko. Honey, di mo ba ako naririnig diyan? Oh, naririnig mo na. Buweno, mainam. Siya po'y umuupo sa likod na likod at kung—di ako marinig, iiling-iling niya ang ulo niya, “Naku. . . Di kita marinig, di kita marinig.”

⁸ Tapos bukas—bukas ng gabi ay pagi-ebanghelyong gawain na may gawain ng pagbabautismo sa tubig. At mangyari nga, pagkatapos kong mangaral bukas ng gabi, bubuksan natin ang mga tabing at magdadaos tayo ng pagbabautismo sa tubig dito bukas ng gabi. Kung loobin ng Panginoon, kung loobin mismo ng Panginoon, sa umaga'y gusto kong—o bukas ng gabi'y gusto kong mangusap sa paksang: *Isang—Isang Tanda Ang Ibinigay*. At pagkatapos, kung nandito tayo ng Miyerkules ng gabi, kung pahintulutan ako ng Panginoon na maparito sa Miyerkules ng gabi, gusto ko pong mangusap sa paksang: *Aming Nakita Ang Kanyang Bituwin Sa Silanganan At Naparito Upang Siya'y Sambahin*. Ngayon, halos bisperas na 'yan ng Pasko.

⁹ Tapos, pagkatapos na pagkatapos ng Pasko ay sanlinggong bakasyon ng Pasko. Diyan nga namin kinukuha ang lahat ng mga liham. . . Si Kapatid na Mercier at sila ang kadalasang pumupunta't kinukuha ang lahat ng 'yun. At inilalatag namin 'yung lahat, at ipinapanalangin namin ang mga liham na 'yun at hinihiling sa Panginoon na pangunahan kami saanmang dako ito sa buong mundo na pupuntahan namin.

¹⁰ Ngayon, sila, ang Christian Business Men, may malaki silang inihanda, na gaganapin sa Florida oras mismo para sa kanilang pagpupulong. Dadako sila mula Kingston, tapos sa may Haiti, at pagkatapos bababa sa Puerto Rico, tutungo sa Timog Amerika, pabalik sa Mexico.

¹¹ Pero mistula ngang pinapangunahan ako ng Panginoon na magpunta ng Norway. Di ko alam kung bakit. Alam n'yo ba

'yung munting libro na 'yun na may pamagat na *Lalaking Isinugo Mula Sa Diyos?* Yun ang pinakamalaking lathalang pang-relihiyon sa Norway. Isipin n'yo 'yun, kung ano mismo ang ginawa ng Diyos doon. At nung nandun nga ako, hindi na nila ako pinagpatong ng kamay sa mga maysakit. Nandun po ako nang tatlong gabi. Di na nila ako pinagpatong ng kamay sa mga maysakit. Pero nakita n'yo naman ang kayang gawin doon ng Diyos. Napakalaki ng madlang naroon na kinailangan ng mga pulis na nakakabayo, mga kabayo, at hinahawi ang mga tao sa kalsada para makasampa ako sa dako roon. At hindi na ako ang nagpatong ng aking mga kamay sa mga maysakit. Ako po'y nanalangin para sa kanila; sila na ang pinagpatong ko ng kanilang mga kamay sa isa't isa.

¹² Kaya naman. . . [May isa na nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Sige, sige't gagawin ko, po. Ngayon, bukas ng umaga. . . Ngayon, ngayong gabi, siguro'y tutuon lang tayo sa mga katanungan na ito, dahil mayroon tayong maiinam na mga tanong. At di ko alam kung gaanong katagal na pananatilihin tayo ng Panginoon dito. At kaya, bukas ng umaga alinman kina Billy Paul, Gene, o Leo, may isa, na tatayo rito para mamigay ng mga prayer card nang mula alas otso hanggang alas otso y media. Ngayon, sa mga taga-labas ng bayan, sige't uulitin ko lang ito para di n'yo makalimutan. Kung may pagnanais kayo na makadako sa pila, haya't mas gusto namin 'yung mga taga-labas ng bayan kung maaari.

¹³ Ngayon, kung minsan dito sa iglesya dumarating sa punto na may mga tao na nagsasabi, “Buweno. . .” Kukuha tayo ng mga taga-labas ng bayan, papupuntahin sila rito. . . May isa na magsasabi, “Buweno, di ko alam kung anong suliranin sa mga taong ito. Baka mali-mali ang sinasabi nila.” Tapos kukuha ka naman ng mga taga-rito sa bayan; sasabihin nila, “Oh, kilala mo naman sila.” Kaya. . . Tapos sasabihin—nasabi na nga ito noon, “Buweno, hula ko, may kung ano sa mga prayer card.” Buweno, paano naman 'yung mga hindi nakakuha ng prayer card? At may mga araw at mga araw na ito'y. . .

Ano po? [Hiniling kay Kapatid na Branham na umatras mula sa mikropono—Pat.] Umatras po mula sa mikropono? Buweno, alam n'yo, kung mangaral nga ako'y gitna ng kalsada lagi. Kaya siguro kukuhanin ko sa ganito. Mas maayos na ba? Maayos na. Sige mainam. Haya't sasabihin ko nga. Itong—itong public address system natin dito'y di na maayos ang lagay, di na maayos ang lagay. At di pa nga tayo kukuha ng mas maayos na ganito sa ngayon, dahil gusto nating matayo muna agad ang bagong tabernakulo. At kapag mayroon na tayo n'yan ay mas maluwag na ang espasyo natin (kita n'yo?), kung maisasama natin ito at uusog na palalawakin ang espasyo, at maglalagay ng ilan pang espasyo, at ihahanda 'yan para sa mga pagtitipon kapag may idadaos na tayo rito.

14 At ngayon, alalahanin n'yo, sa umaga ang mga kalalakihan, isa o tatlo sa kanila ang mamimigay ng mga card sa gitna ng alas otso y media, o alas otso at alas otso y media. Sapat na oras 'yan para ang lahat ay makapirmi. At binabanggit ko nga 'yung tungkol sa paraan ng pamimigay nila ng mga card, bakit ganoon ang pagsasagawa natin. Yun po'y para sa kaayusan. Kita n'yo? Ngayon, ano kaya kung basta darating lang ako rito, gaya ngayon at magsasabi, "Sige't ang babae na *ito*, ang babae na *ito*, at ang lalaki na *'yun*, at ang babae na *ito* . . .?" Kita n'yo, medyo—medyo mahirap 'yun. Kita n'yo? At pagkatapos, kung kayo . . . Maraming beses na ganito 'yung ginagawa ko. Na kung di naman ganoong karami ang darating sa umaga na 'yun, baka ganun ang gawin ko. Sasabihin ko, "Ilan sa inyo ang taga-labas ng bayan na may kung anong suliranin sa inyo? Tumayo kayo."

15 Kapatid na Mercier, paparito ka naman para sagipin ako. Matutulungan mo ako diba? [Sinasabi ni Kapatid na Mercier, "Pupunta ako para makatulong."—Pat.] Oh, pupunta ka . . . Siya po'y pupunta para sarili niya pala ang sasagipin niya. Sige ka't nakausap ko ang kaibigan mong babae ngayong araw. Ngayon, maging mabait ka sa akin. Kita mo? Sige. Mainam 'yan. Hinahangaan ko—hinahangaan ko ang giting na 'yan Kapatid na Leo. Kapag mayroong wala sa ayos, atin mismong—atn mismong isaayos 'yun sa abot ng nalalaman natin kung paano, sa mainam nating magagawa.

16 Kaya ngayon, hihilingin ko sa mga taga-labas ng bayan na itaas ang kanilang kamay na may mga suliranin sa kanila. At pagkatapos ako'y tatayo roon, tutuon sa isang tao hanggang sa humudyat ang Espiritu Santo, at lulukob sa buong madla. Ilan po ang nakadako na rito na nasaksihan nila na nangyari 'yan dito? Tunay nga! Kita n'yo, kita n'yo? Kaya hindi masyadong mahalaga kung paanong paraan ba. Ito'y sadyang . . .

17 Nais kong alalahanin n'yo ito, at sisikapin kong ulitin muli ito sa umaga. Ang mga Gentil, ang Ebanghelyo na ibinigay sa kanila ay isang pananampalatayang Ebanghelyo, di nga gawa. Kita n'yo? At gaya nga ng nabanggit ko kabagi. Nung bumuhos ang Espiritu Santo noong Pentecostes, nung sila'y nagtungo sa mga Judio (Mga Gawa 19:5), kailangan nilang magsipagpatong ng kanilang mga kamay sa kanila nang sa gayon ay matanggap nila Ito. At nung magtungo sila sa mga Samaritano, kailangan din nilang magsipagpatong ng kanilang mga kamay sa kanila. Pero nung pagsapit sa mga Gentil sa bahay ni Cornelio, "Habang sinasalita ni Pedro ang mga salitang ito . . ." Walang pagpapatong ng mga kamay.

18 Noong mamatay ang munting dalagita, na anak na babae ni Jairo, na saserdote, ang sabi, "Ika'y pumunta't patungan siya ng kamay, at siya'y mabubuhay." Pero pagdating dun sa Romanong senturyon, na isang Gentil, ang sabi, "Hindi ako karapat-dapat

na Ika'y tumuloy sa ilalim ng aking bubong, salitain Mo lamang ang salita." Ganun lang. Kita n'yo?

¹⁹ Yung babaing Sirofenisa, isa siyang Griyego kung tutuusin, nung siya—nung sabihin sa kanya ni Jesus, sabi, "Di marapat sa Akin na kunin ang tinapay sa mga anak at ibigay sa mga aso."

Sabi nung babae, "Totoo po 'yan, Panginoon; pero ang mga aso sa ilalim ng dulang ay nagsisikain ng mga mumo ng mga anak."

Sabi Niya, "Dahil sa pagsasabi nito, ang diyablo'y lumayas na mula sa anak mong babae." Kung ganun ay magsabi lamang ng mabubuting bagay. Magsabi ng bagay na mabuti tungkol sa iba. Ang bukambibig ay dapat si Jesus. Magsabi ng bagay na tapat, bagay na katotohanan. Sa ganyang paraan mapapalayas ang mga diyablo. Hindi Niya sinabi—di Siya nanalangin para sa dalagita. Hindi siya nagsabi ng kahit isang bagay ukol sa batang babae na ito'y gagaling; ang sinabi lang Niya, "Dahil sa pagsasabi nito, dahil sa pagsasabi nito . . ."

²⁰ Si Hattie Wright po, nung isang araw, hindi siya humiling ng kahit na anong bagay. Nakaupo lang siya riyan, pero sinabi niya ang wastong bagay, na nagpalugod sa Espiritu Santo. At ang Espiritu Santo'y sumagot at nagsabi, "Hattie, hilingin mo ang anumang nais mo na mangyari, anuman ito na kamit mo at nais mo. Sumpungan mo kung ito ba'y totoo o hindi. Humiling ka ng kahit ano (kagalingan man ng kanyang munting lumpung kapatid na babae na di makakilos; sampung libong dolyar man para di na siya maghuhukay-hukay pa sa mga burol sa dako roon; maipanumbalik man ang kabataan sa matanda't pagal na niyang katawan); anuman ito na nais mong hilingin, hingin mo ngayon. Kung di Ito darating at di ibibigay sa iyo ora mismo, kung ganoon isa akong huwad na propeta." Yun—'yun—'yun nga'y kamangha-manghang bagay, di po ba?

²¹ Ang sabi ni Jesus, "Salitain mo sa bundok na ito . . ." At narinig n'yo na 'yung—tungkol sa bagay na nangyari; 'yan nga ang pagmi-ministryo kung saan pumapasok na tayo. Tayo po'y nasa daan na mismo ngayon. Napipinto na ang Pagparito ng Panginoong Jesus. At kinakailangan nating magkaroon ng pananampalatayang magdadala sa atin sa pag-agaw sa Iglesya na babaguhin sa isang iglap sa isang kisap-mata para umalis, o kung hindi'y hindi tayo aalis. Pero huwag kayong mag-alala, ito nga'y mapangyayari. Ito'y mapangyayari. At kapag ang kapangyarihan ng iglesyang *ito* ay tataas, dadalhin nito ang mga kapatirang narito; ang kapangyarihan ng iglesyang *'yun* na tataas, 'yun ang magdadala sa mga kapatirang narito; ang kapangyarihan ng iglesyang *'yun* ang magdadala sa ibang mga kapatiran; tapos magkakaroon ng pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli. At 'yan ang inaasam-asam natin.

²² Ngayon, huwag n'yo pong kalimutan, ang mga prayer card nang alas otso hanggang alas otso y media. Tapos sasabihin ko sa kanila gaano mang karami na, na ihinto na ang pagbibigay ng mga card, at dadako na, at mauupo na (kita n'yo?), dahil siguro pa nga'y naipamigay na nilang lahat ang mga 'yun ng mga oras na 'yun, o kung gaano nang karami ang huhugutin natin mula roon. Hayan nga't ang mga kalalakihan ay tatayo, paghahalu-haluin ang mga card sa harapan n'yo, tapos kung ika'y gusto mo ng isa, ika'y gusto mo ng isa, o kung ano pa gaya nun. . . . Tapos kapag sasampa na ako, akin lang. . . . Saan man ito na sabihin ng Panginoon na tumawag. . . . At kung sabihin Niya, "Huwag tumawag," di ko nga sila tatawagin (kita n'yo?), basta po kung ano.

²³ At ako'y. . . . Ang pagmiministeryo ngang 'yan ay humuhupa na mismo; may isang dakilang parating. Alalahanin n'yo, diyan mismo sa bawat pagkakataon na sabihin ito sa entablado o sa pulpito, at di nga 'yun nabigo. Naalala n'yo ba 'yung pagmi-ministeryo sa kamay? Nakita n'yo ba kung paano 'yun isinagawa? Ang pagkilala ng mga kaisipan ng puso, nakita n'yo ba kung paano 'yun isinagawa? Ngayon antabayanan n'yo nga ito: na bibigkasin lamang ang Salita, at tingnan kung anong ginagawa Nito. Kita n'yo? Nabanggit ko na ito nang mga ilang taon na ang nakalipas—sa iglesya (ipinapangusap ko ito sa tabernakulo)—mga ilang taon na ang nakalipas, tatlo o apat na taon na ang nakalipas, may bagay na napipintong matupad; napipinto nga mismong mangyari. At heto na ito mismo ngayon na lumilitaw na papasok sa. . . . Nagkakaorma na ito. Ngayon, abot-abot ang pasasalamat natin dahil diyan. Oh, grabe po ang pasasalamat natin. Ganoon tayong kagalak.

²⁴ Ngayon, may mga mahahalagang tanong tayo rito, at nais nating makadako na sa mga ito. May nakapansin nga sa lahat ng mga aklat ko rito. Sabi ko, "Buweno, ang isang matalino'y isa lang ang kailangan niya." Pero di naman kasi ako matalino. Kailangan ko ng lahat ng ito para may matingnan-tingnan ako. Buweno, ito po 'yung Diaglott, at ito pong isa'y Biblia, at ito namang isa'y concordance. Kaya isang. . . . Haya't tayo lamang ay hihiling sa Panginoon na tulongan tayo at pangunahan tayo sa pagsagot ng mga katanungang ito nang naaayon mismo sa Makalangit Niyang kalooban at Kanyang Salita.

²⁵ Kaya ngayon, iyuko na po natin ang ating mga ulo nang pansumandali para sa pananalangin. Panginoon, abot-abot po ang pasasalamat namin sa Iyo mula sa kaibuturan ng aming puso dahil sa bagay na Iyong ginawa sa huling tatlong gabi na ito. Oh, ang makita ang mga ministro na nagtitipon sa may silid at nakikipagkamayan sa isa't isa, at ang ipinanauli mismong pananampalataya, at—at ang bagong hakbangin na tatahakin. Mga tawag sa telepono. . . . At ang mga puso nami'y nagbubunyi, at ang mga tao'y nagsisisitanggap ng Espiritu Santo matapos na

kanilang—makita ang Iyong Salita, ukol sa kung papaano Nito sinasabi nang eksaktong-eksakto nang hakbang-hakbang kung paano matanggap ang Iyong Espiritu Santo. Lubos-lubos po ang aming pasasalamat para roon, Panginoon.

²⁶ Iyo pong pinagiging simple ang lahat para sa amin, dahil kami'y mga simpleng tao lang. At dalangin namin, Diyos, na—na Iyong ibubunsod na kami'y ganap na panatilihin ang aming mga sarili na simple sa tuwina. Dahil ito yaong. . . Yun ang uri mismo na ang nagpapakumbaba sa sarili niya'y itataas. At ang karunungan ng sanlibutan ay kamangmangan sa Diyos; na ang Diyos ay malugod sa tila kamangmangan ng pangangaral para iligtas sila na mga naliligaw.

²⁷ At ngayon, Ama, narito po sa aki't hawak ko ang ilang mga katanungan na itinanong ng sinserong mga puso na may nais lang malaman. At isang sagot lang na mali'y ililigaw na ang tao mismo sa maling landas, kapag nakapagsabi lang ng maling pagpapaliwanag sa kanilang tanong na naguguluhan sila. Kaya po Panginoong Diyos, dalangin ko na ang Iyong Espiritu Santo ay kumilos sa ibabaw namin at ihayag ang mga bagay na ito, dahil nasusulat mismo sa Mga Kasulatan, “Humiling ka't iyong matatanggap; at hanapin mo't masumpungan mo; kumatok ka't ibubukas ito sa iyo.” At ganyan po ang ginagawa namin ngayon, Panginoon, kumakatok sa Iyong pinto ng awa. Habang nakatayo sa lilim ng Iyong Makalangit na katarungan, kami po'y nagsusumamo para sa Dugo ni Cristo ng Diyos at para sa Espiritu Santo.

²⁸ At di po kami pumarito sa gabing ito dahil tapos na namin 'yung tatlong gabi ng pangangaral ukol sa Espiritu Santo, kami po'y dumudulog mismo nang may malalim na pagpipitagan at sinseridad. Haya't dumudulog kami na tila ba ito na ang huling gabi namin dito sa lupa. Kami po'y dumudulog mismo na may pananampalataya na Iyong tutugunin ang aming pananalangin. At Panginoon, hinihiling po namin sa Iyo ngayon na kami po'y bigyan Mo ng kasapatan sa pamamagitan ng Walang Hanggang Buhay Mo. At sa pagtugon ng Iyong Salita, nawa ang Espiritu Santo, Oh Diyos, sa pagkasumpong namin na Ikaw ito Mismo sa kalagitnaan namin, dalangin namin na Kanyang ihahayag ngayong gabi ang mga bagay na ito na mithi namin. At ang tanging mithi nga nami'y ang mga kaluluwa nami'y magkaroon ng kapahingahan, at ang diwa nami'y magkaroon mismo ng kapayapaan, at kami'y magkaroon ng pananampalataya sa Diyos na makausad sa paglalakad na aming tanggapin ang mga biyayang ito na Kanyang ipinangako. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²⁹ Ngayon, nandito po sa akin ang lahat ng mga tanong na ibinigay sa akin, liban sa isa. At nasagot ko na ang munting Kapatid na Martin na nagtanong sa akin ng katanungan nung isa pang gabi bago itong huli, isa lang. Marami po ang inilapag

dito kagabi, pero mga kahilingan po 'yun na ipinanalangin. At tinanong sa akin ni Kapatid na Martin 'yung tanong tungkol sa Juan 3:16—o Juan 3, sa pagkakaalala ko, tungkol sa, “Maliban na ang isang tao’y maipanganak sa tubig at sa Espiritu, hindi niya makikita ang Kaharian,” at ikinumpara 'yun sa isang teyp na ipinadala ko tungkol sa Mga Hebreo. At nakatagpo ko siya sa may likurang silid dito kagabi, at—bago ako nagkaroon ng pagkakataon na sagutin 'yun sa kanya, hayan nga't nasagot ko na roon, sa paksa.

³⁰ Ngayon, mayroon po ba rito na wala kagabi? Patingin po ng mga kamay n'yo, na mga wala rito kagabi. Oh, kami, sana po nandito kayo kasama namin. Kami po'y nagtamasa ng isang maluwalhating panahon. Ang Espiritu Santo. . .

³¹ Siguro'y akin lang, sandali lang naman ito. . . Hindi naman ito makakaabala nang husto. Tineteyp po ito. At kung may ministro na mangyaring—o may tao na mangyaring di sang-ayon sa bagay na sasabihin ko ngayon, o maging dun sa mga tanong, hinihiling ko, kapatid, na huwag mong isipan ito nang kakatwa, kundi ito'y—alalahanin n'yo na itong teyp na ito'y tiniteyp para sa aming tabernakulo rito. Kami po'y nagtuturo sa aming mga tao rito. Marami pong mga ministro ng iba't ibang pananalig ang nakaupo rito ngayon. At gusto ko lang pong dakuan 'yung paksa uli, dahil may ilan sa aming mga tao rito na di nakapunta kagabi na nakikita kong nandito ngayong gabi. At gusto ko lang daanan uli 'yun pansumandali, kung payag po kayo, tungkol dito sa ipinangusap ko kagabi; at 'yun po'y tungkol sa Pentecostes, tungkol sa pagtanggap ng Espiritu Santo.

Ngayon, sa pagbasa mula sa *Emphatic Diaglott* ng Griyegong salin, kung saan ako dumako kagabi, na nakalapag dito na nakabuklat sa harapan ko ngayon. Yun po ang orihinal na salin mula sa Griyego patungong Ingles. Hindi ito dumaan sa ibang mga tagapagsalin, ito po'y—at sa ibang mga bersiyon man, ito'y direkta mula sa Griyego patungong Ingles. Ngayon, ang mga salitang Ingles, kadalasan ay maraming kahulugan na nakapaloob, kagaya na lang ng sasabihin ko ngayon, *board*. Ipagpahalimbawa na lang n'yo ang salitang *board*. Sasabihin n'yo, “Buweno, ang ibig niyang sabihin ay bino-*boring* natin siya.” Hindi! “Oh, nagbayad siya—nagbayad siya ng kanyang *board*.” Hindi! Buweno, siya. . . “Baka *board* na ikinakabit sa dingding ng bahay.” Buweno, kita n'yo? O alinman sa mga 'yun. . . May apat o limang salita na puwedeng gamitin; kaya kailangan mong unawain ang pangungusap. Yung salitang, *see*. Ang ibig sabihin ng *see* ay “unawain,” sa Ingles. Puwedeng ang ibig sabihin ng *sea* ay “isang anyong-tubig.” Puwedeng ang ibig sabihin ng *see* ay “tingnan.” Kita n'yo? Pero sa mga salin na ito, ang salitang ginamit dito, na ipinangusap ko kagabi sa ika-2 kabanata ng Mga Gawa, na ang sabi rito, “Dumapo sa kanila ang mga dilang apoy. . .” Ngayon, gusto ko lang balikan

ito pansumandali. Gusto n'yo ba, pansumandali lang, at medyo balikan lang ito saglit bago tayo umusad?

³² Ngayon, bumuklat kayo, sa inyong King James o sa kung aling salin kayo bumabasa . . . At nais ko pong basahin ito. At pakinggan n'yo pong maigi ngayon. Huwag n'yong mamali ang pagkakaintindi rito. Marami ngayon, kasama na ang kapatid kong babae, marami sa kanila ang tumawag, sabi . . . si Gng. Morgan . . . Marami sa kanila'y narito kagabi. Si Gng. Morgan po'y isa sa mga kapatid nating babae na sinukuan na; at siya'y nasa listahan na sana ng mga patay sa Louisville noong labing-anim, labimpitong taon na ang nakakaraan dahil sa kanser. Sa palagay ko nakaupo siya uli rito ngayong gabi. Di raw po siya makapakinig maigi, sabi niya, dahil masyadong direkta akong nagsasalita sa tapat ng mikropono. At para sa kapakanan nila gusto ko lang pong balikan ito pansumandali.

³³ Ngayon, babasa lang ako mula rito sa Kasulatan sa Mga Gawa 2:

. . . nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nasa sa isang diwa . . . (Ngayon, mas gusto ko nga ito kaysa sa isang pagkakasundo: dahil puwedeng nasa isang pagkakasundo kayo sa kung anong paksa, pero dito nga'y ang kanilang mga diwa'y iisa.) . . . *isang diwa at sa siya ring dako.*

At biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa isang malakas na hanging humahagibis, at pinuno . . . ang buong bahay na kanilang kinauupuan. (Hindi nakaluhod, hindi nagdadasal, kundi nakaupo.) . . .

. . . nagkabaha-bahaging mga dila . . . (D-i-l-a—dila. “Nagkabaha-bahagi” ibig sabihin, “nakaparte-parte.”) . . . *Mga dila . . . nagpakita sa kanila . . . na kawangis ng . . . apoy, at isang . . .* (“Isa,” isahan) . . . *ay dumapo sa bawat isa sa kanila.*

At silang lahat ay nangapuspos . . . (“At,” may kadugtong.) . . . *silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain.*

Ngayon may mga nagsisitahan sa Jerusalem na mga Judio, mga lalaking religioso, na buhat sa bawa't bansa sa ilalim ng langit.

. . . nang ito . . . at nang ang balitang ito'y lumaganap, ay nangagkatipon ang karamihan, at nangamaang, sapagka't . . . narinig ng bawa't isa na . . . sa kanila'y sinasalita ang kaniyang sariling wika.

³⁴ Ngayon pansinin! Nung dumating ang apoy, ang mga 'yun ay mga dila; nung sila'y nagsasalita, isa 'yung wika. Ngayon, may malaking pagkakaiba ang mga dila't mga wika. Sa atin parehas lang. Pero, sa Griyego, ang ibig sabihin ng "dila" ay *ito*. [Inilalarawan ni Kapatid na Branham—Pat.] Ang tainga ay *ito*. Kita n'yo? Hindi nangangahulugan na isang wika; ang ibig sabihin ay bahagi ng iyong katawan haya't itong dila. Kung papansinin n'yo, ang pagkakasalin ay *mga dilang apoy* na ang ibig sabihin ay "kawangis ng dila," parang himod ng apoy, isang mahabang siklab ng apoy. Ngayon, pansinin n'yo 'yung diin ngayon. At bawat isa sa mga dakong 'yun ngayon, huwag n'yo pong kalimutan.

³⁵ Ngayon, maglalahad tayo ng munting pagsasadula ngayong gabi. At ipapasa-inyo ko ito. Ngayon alalahanin n'yo, kung may bagay man na kumontra ryan, nasa sa inyo 'yan. Pero mangyari nga na ang tanging paraan upang ang isang tao'y magtamo ng anumang bagay mula sa Diyos ay sa pamamagitan ng pananampalataya. At bago n'yo magawang . . .

³⁶ Ako nga'y kinakailangan kong alamin kung ano mismo ang ginagawa ko bago ako magkaroon ng pananampalataya't tiwala sa bagay na ginagawa ko. Bakit n'yo pinakasalan ang asawa n'yong babae? May tiwala kasi kayo sa kanya. Nasubok n'yo na siya, nabantayan n'yo, nakita n'yo ang pinanggalingan niya, kung sino siya. Ganoon din ito sa Kasulatan, sa Diyos. Yun ang nagbubunsod sa mga pangitain na ito, ng—nitong Haliging Apoy, lahat ng mga bagay na ito, dahil ipinangako ito ng Diyos. Yun mismo ang sinabi ng Diyos. Nasubukan ko na Siya sa pamamagitan ng Kanyang Salita at napagkilala na Ito ang Katotohanan. At sumusunod ka sa Kanyang Salita. Kaya kung may kaunting pagkalito sa kung saan man, kung ganoon may bagay na mali kung saan. Dahil ang Diyos (pakinggan n'yo!)—ang Diyos ay di gumawa o di gagawa kailanman sa labas ng sarili Niyang—o salungat sa Kanyang sariling mga batas. Ang taglamig nga'y di darating sa panahon ng tag-init, at ang tag-init ay di darating sa panahon ng taglamig. Ang mga dahon ay di malalagas sa panahon ng tagsibol at magbabalik sa panahon ng taglagas. Di n'yo 'yun maibubunsod.

³⁷ Gaya nga ng nabanggit ko kagabi patungkol sa artesian na balon, na patubig sa inyong tanim. O halimbawa'y nakatayo kayo rito sa gitna ng isang bukid, at masyadong madilim, tapos sasabihin n'yo, "Oh, dakilang elektrisidad, alam ko na narito ka sa bukid. Ngayon, naliligaw ako, di ko alam kung saan ako dadaan. Magbigay ka ng liwanag, nang sa gayon makita ko ang lalakaran ko! May sapat namang elektrisidad para pag-ilawin ang buong bukid." Totoo naman 'yan. Siyanga, po! May sapat na elektrisidad para pag-ilawin ang buong silid na ito kahit wala ang mga ilawan na 'yan, kahit wala nun. Pero kailangan mo ngang pamahalaan ito. Ngayon, ang gagawin mo marahil ay

sumigaw nang sumigaw hanggang sa di ka na makasigaw, di pa rin 'yun magliliwanag. Pero kung kikilos nga kayo ayon sa mga batas ng elektrisidad, kung ganoon magkaka-liwanag ka.

³⁸ Buweno, ganoon din ito sa Diyos. Ang Diyos ay dakilang Manlilikha ng kalangitan at lupa, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Siya'y nananatiling Diyos. Pero Siya nga'y kikilos sa pagsunod n'yo sa Kanyang mga kautusan at mga tagubilin. Mga kaibigan, sinasabi ko nga ito: di ko pa ito nakitang nabigo kahit kailan, at di ito mabibigo.

³⁹ Ngayon, pansinin natin. Inatasan ni Jesus sa Lucas 24:29 ang mga alagad matapos na sila'y maligtas at mapaging banal batay sa Salita; inaring-ganap sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Panginoong Jesus; pinagpaging banal sa Juan 17:17 nung sabihin ni Jesus, "Pakabanalin Mo sila, Ama, sa pamamagitan ng Katotohanan. Ang Iyong Salita ay Katotohanan." At Siya ang Salita.

⁴⁰ Ngayon, binigyan sila ng kapangyarihan para pagalingin ang mga maysakit, magpalayas ng mga diyablo, buhayin ang mga patay; at nagsibalik sila na nagbubunyi sa galak. At ang mga pangalan nila'y nasa Aklat ng Buhay ng Cordero. Naalala n'yo kung paano natin tinugaygay 'yun ngayon. Pero di pa sila noon napagbabagong-loob. Sinabi ni Jesus kay Pedro nung gabi ng pagpapapako ni Jesus sa krus; sabi ni Jesus, "Matapos na ika'y papagbaguhing-loob, papagtibayin mo ang iyong mga kapatid."

⁴¹ Ang Espiritu Santo ang. . . Kayo'y sumasampalataya tungo sa Walang Hanggang Buhay, pero kapag pumasok na mismo ang Espiritu Santo Ito'y Walang Hanggang Buhay. Kayo nga'y sumasampalataya tungo sa. . . Ipinagbubuntis kayo sa Espiritu sa pagpapaging banal, pero hindi pa ipinapanganak sa Espiritu hanggang sa pumasok ang Espiritu Santo. Yun ang tama. Ang isang sanggol ay may buhay sa loob ng sinapupunan ng nanay, mumunting mga kalamnan na pumipintig-pintig; isa nga 'yung buhay. Pero ibang buhay 'yun kumpara sa kung ito'y huminga na ng hininga ng buhay sa butas ng kanyang ilong. Iba 'yun. Yun nga 'yun, ito'y. . .

⁴² Minamahal kong kapatid na Methodist, at Pilgrim Holiness, at Nazarene, ang bautismo ng Espiritu Santo'y iba mismo sa pagpapaging banal. Ang pagpapaging banal ay paglilinis, na paghahanda sa Buhay. Pero kapag ang Espiritu Santo nga'y dumating na, Ito'y Buhay. Ang paghahanda'y ang paglilinis ng sisidlan; ang Espiritu Santo'y pupuno dun sa sisidlan. Ang ibig sabihin ng *pagpapaging banal* ay "paglilinis at pagbubukod para sa gawain." Ang Espiritu Santo ang maglalagay rito sa gawain. Kayo ang sisidlan na nilinis ng Diyos.

⁴³ At nasumpungan natin na ang Espiritu Santo'y ang Diyos Mismo na nasa inyo. Ang Diyos ay nasa itaas n'yo sa Haliging Apoy na kasama ni Moises. Ang Diyos ay kasama n'yo kay

Jesus Cristo. Ngayon ang Diyos ay sumasa inyo sa Espiritu Santo. Hindi tatlong Diyos, isang Diyos na kumikilos sa tatlong tungkulin.

⁴⁴ Ang Diyos ay pumanaog, bumaba sa tao mula sa itaas. Di Siya puwedeng hipuin ng tao, dahil ang tao'y nagkasala mismo sa halamanan ng Eden at nailayo niya ang sarili niya mula sa pakikipagbuklod sa Diyos. Tapos anong nangyari? Ang Diyos nga'y marapat na pumaibabaw sa tao. Ang mga dugo kasi ng mga baka't mga kambing ay di magpapabunsod na makipagbuklod Siya sa tao uli; pero sa pamamagitan ng mga batas at mga ordenansa, na paunang ipinapaaninag ang panahon na ito na parating, ng pag-aalay ng mga baka, at iba pa, at tupa. . . . Tapos nung ang Diyos ay bumaba at nanahan sa isang pinagpaging banal na katawan, isinilang ng isang babae sa birheng kapanganakan, na ang Diyos Mismo. . . . Alam n'yo ba ang ginawa dun ng Diyos? Siya—Siya'y walang ibang ginawa kundi. . . . Itinayo lang Niya ang Kanyang Tolda sa kalagitnaan natin. Ang Diyos ay nanahan sa isang Tolda na tinawag na Jesus Cristo. Itinayo Niya ang Kanyang Tolda kasama natin, naging. . . . (Aking—ipangangaral ko 'yan sa umaga, kaya siguro iiwan ko muna 'yan dito sa ngayon.) Ngayon, 'yun—mangyaring ang tolda ng Diyos ay nakapanahan kasama natin. . . .

⁴⁵ At ngayon ang Diyos ay sumasa atin. Ang sabi ni Jesus sa Juan 14, “Sa araw na mapagkilala n'yo na Ako'y sumasa Ama, at ang Ama'y sumasa Akin, at Ako'y sumasa inyo, at kayo'y sumasa Akin.” Ang Diyos ay sumasa atin. Anong layunin? Para isakatuparan ang Kanyang plano.

⁴⁶ Ang Diyos ay may plano. Gusto Niyang gumawa sa gitna ng tao, at ginawa Niya 'yun sa Haliging Apoy, na mistikong Apoy na nakapailanlang sa ibabaw ng mga anak ni Israel. Tapos ang siya ring Apoy na 'yun ay nahayag sa katawan ni Jesus. At sinabi Niyang Siya yaong Apoy na 'yun, “Bago pa si Abraham, ay AKO NGA.” Siya yaong Apoy na 'yun. Sabi Niya, “Ako'y nagbuhat sa Diyos, at tutungo sa Diyos.” At pagkatapos ng Kanyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, nakatagpo Siya ni San Pablo sa daan—nung ang pangalan pa nito'y Saulo—sa daan patungong Damasco, at nanumbalik Siya noon sa Haliging Apoy na 'yun. Isang Liwanag na bumulag sa mga mata ni Pablo. Ganoon nga.

⁴⁷ At heto na Siya ngayon, ang siya ring Haliging Apoy, ang siya ring Diyos na ginagawa ang siya ring mga tanda, ang siya ring mga gawa. Bakit? Kumikilos Siya sa kalagitnaan ng bayan Niya. Siya'y sumasa atin. Ako. . . . Siya'y nasa sa inyo ngayon, “bagkus Ako'y sasa inyo. Ako'y sasama sa inyo, sasa inyo, hanggang sa dulo ng lubos na kaganapan,” ang katapusan ng mundo. Siya'y sasa atin.

48 Ngayon, pansinin. Inatasan sila ni Jesus na magtungo mismo sa Jerusalem at maghintay. Ang ibig sabihin ng salitang *magsipanatili* ay “maghintay,” hindi ibig sabihin manalangin, ang ibig sabihin ay “maghintay.” Hindi pa sila karapat-dapat noon na mangaral, dahil ang nalalaman pa lang nila noon ay ang pagkabuhay Niya na mag-uli sa pamamagitan ng Kanyang Persona, sa pamamagitan ng nakikita lamang nila sa Kanya sa panlabas. Kanyang—Kanyang inutusan sila na huwag pa muna silang mangangaral, wala muna silang gagawin na anuman hanggang sa sila’y masangkapan muna ng Kapangyarihan mula sa itaas.

Ngayon haya’t hindi ako naniniwalang may mangangaral na maituturing na isinugo ng Diyos na anupa’t may iwawasto sa pagkakatalaga sa kanya. . . Dahil nga walang katapusan ang Diyos. At kung ano ang ginawa ng Diyos minsan, ’yun at ’yun ang gagawin Niya sa anupamang panahon. Ngayon, kung di sila pinahintulutan ng Diyos na mangaral hanggang sa sila’y makatungo muna sa Pentecostes at tanggapin ang karanasan na ’yun ng Pentecostes, walang kahit sino, maski may masidhi pa siyang pagmimithing pansarili o may organisasyon na mag-aatas sa kanya, ang may karapatan na sumabak sa pulpito hanggang sa siya’y mapuspos muna ng Espiritu Santo. Ganoon ’yun mismo. Dahil kung ganun ay pangungunahan lamang niya ang mga tao sa pamamagitan ng intelektuwal na hinuha ng kung anong organisasyon haya’t dapat na mapuspos muna siya ng Espiritu Santo; at pagkatapos, dun pa lang niya mabibigyan ang mga tao ng pagkain ng kalapati; *Ang Cordero at ang Kalapati*, gaya ng ipinangusap natin kagabi.

49 Ngayon pansinin. Ang sabi Niya, “Magtungo kayo sa Jerusalem at doon manatili; maghintay lamang hanggang sa ipadala Ko ang pangako ng Ama.” At pagkatapos, ano ang ginawa nila? Nasa sandaan at dalawampu ang bilang nila, mga kalalakihan at mga kababaihan. Nagtungo sila sa silid sa itaas sa may templo.

Ngayon, papalapit na noon ang araw ng Kapistahan ng Pentecostes, mula sa paglilinis ng santuwaryo, ang pagpatay sa kordero ng paskuwa hanggang sa—sa pagsapit ng Pentecostes, na unang mga bunga ng ani, ang jubileo, Pentecostal na jubileo. At doon sa mga gusali. . .

50 Ngayon, nakapunta na ako sa mga bansa roon. Madalang sa mga bansa sa Silangan na may hagdan sila sa loob ng gusali. Nasa labas ang hagdan. Sa labas ng templo, sinabi sa amin, may hagdan na tumutugaygay pataas sa isang munting silid sa pinaka itaas; aakyatin, at aakyatin, at aakyatin, hanggang sa makarating ka sa isang munting silid doon, na parang silid-imbakan sa ibabaw ng templo, may kung anong munting silid, isang silid sa itaas. At sinabi ng Biblia na nasa loob sila nun at ang mga pinto’y nakapinid, dahil natatakot sila sa mga Judio,

dahil kakaladkarin sila ng mga tao dahil sa kanilang pagsamba sa Panginoong Jesus, matapos na maisakatuparan ni Caifas na punong saserdote, at ni Poncio Pilato, at sila roon na ipapatay Siya. Mangyari nga na tuluy-tuloy ang pagsasawata ng mga tao sa lahat ng mga tinatawag na Cristiano. At nakapinid ang mga pinto, at sila'y naghihintay.

⁵¹ Ngayon, sa mga silid na gaya nun, wala roong mga bintana. Yung mga bintana dun ay 'yung munting may pangkalang na kapisaso lang na parang pinto, hinahatak para magbukas. Sa loob ng mga ganoong silid ay may mumunting mga lamparang de langis na nakasabit pababa't nag-aapoy. . . Kung nakapunta na kayo ng California sa Clifton's Cafeteria, magpunta kayo sa silid dun sa ilalim, at makakakita kayo ng isa na halos ganoon na ganoon, na naroon noon sa silid sa itaas. Nakapunta na ba kayo roon? Ilan na ang nakapunta roon? May nakikita akong tumatango ang ulo. Buweno, alam n'yo 'yung tinutukoy ko. Buweno. Pagpunta n'yo roon, makikita n'yo 'yung Hardin ng Getsemani; bago kayo tumuloy-tuloy, papasok kayo dun sa isa sa mga silid na istilong silanganin. Ganoon nga. Doon ay may makikita kayong lampara na may lamang langis ng olibo na may munting lana na mitsa na nakapatong dun, nag-aapoy.

⁵² Ngayon, sabihin natin na naroon sila, umakyat gamit 'yung hagdan sa labas. Nagsiakyat sila dun at ikinubli ang mga sarili, dahil kinakatakutan nila ang mga Judio. Hindi sinabi ni Jesus na magtungo sila sa silid na 'yun sa itaas. Ang sabi lang Niya, "Maghintay sa Jerusalem." Haya't kung dun kasi sila sa ibaba sa isang bahay, mahirap masabi kung anong mangyayari. Baka bigla na lang silang pasukin at pagdadakipin. Kaya dun sila nagpunta sa isang munting lumang silid sa itaas ng hagdan, dun sa pinaka itaas sa may attic, at doon, kinalangan nila 'yung silid para di sila mapasok ng mga Judio. At naupo sila roon na naghihintay nang sampung araw.

⁵³ Ngayon, ngayon, nasa Mga Gawa 1 tayo. Ngayon, makinig pong maigi ngayon. Nakukuha n'yo ba 'yung larawan? Sa labas ng silid ay 'yung munting hagdan pataas, at nagtungo sila sa loob ng munting silid na ito. Doon sa ibaba sa may templo ang mga tao'y idinadaos nila ang Kapistahan ng Pentecostes. Oh, nagtatamasa sila ng maluwalhating panahon. Ngayon, nung dumating na nang lubos 'yung araw ng Pentecostes, lahat sila'y nasa iisang diwa, iisang diwa, sumasampalataya na ipadadala ng Diyos ang pangako na 'yun. Ang bawat tao rito'y makuha nawa ang siya ring iisang diwa na 'yun sa gabing ito at tingnan n'yo kung anong mangyayari. Kinakailangan kasing maulit. Isa kasi 'yung pangako na pareho sa kinamit nila roon. Kita n'yo?

⁵⁴ Ano 'yung ginagawa nila roon? Sumusunod sa mga iniutos, sinusunod ang—ang—ang mga kautusan ng Diyos: "Maghintay hanggang sa . . ."

⁵⁵ Ngayon, kinakatakutan nila ang mga Judio. Ngayon, tandaan n'yo 'yan. Kinakatakutan nila ang mga Judio. Ngayon, bigla-bigla na lang may dumating na ugong na gaya sa isang humahagibis na hangin. Hindi isang humahagibis na hangin; kundi kagaya sa isang humahagibis na hangin. Babasahin ko maya-maya ang mga komento ng tagasalin. Yun nga'y katulad sa isang humahagibis na hangin. Sa madaling salita, isa 'yung sobrenatural na hangin (oh!), isang bagay na naramdaman nila mismo. Yung hangin ay naroon sa loob nila. Dumating 'yung—'yung humahagibis na hanging 'yun, na gaya sa isang humahagibis na hangin. Di humahagibis 'yung hangin, pero ang ugong nun ay kagaya sa isang humahagibis na hangin, na parang may bagay na biglang: Whew! Naramdaman n'yo ba 'yun? Oh, grabe! Parang isang humahagibis na hangin. Ngayon masdan. At pinuno nun . . . Ngayon, dito ang sabi rito'y "ang buong," pero sa Griyego ang sabi'y "ang Buo (Malaking B-u-o), ang Buong Bahay," buong dako mismo. Bawat bitak, sulok, at siwang ay pinuno nun mismo. Di 'yung magsasabi pa, "Naku, Kapatid, naramdaman mo ba 'yung naramdaman ko?" Hindi! Sa buong dako kasi mismo, na gaya sa isang humahagibis na hangin. Ngayon masdan. "Dumating ang isang ugong na gaya sa isang humahagibis na malakas na hangin at (may dugtong. Ngayon bantayan n'yo 'yung mga *at*. Kung hindi, haya't mapagsasalita n'yo Ito ng kung anong bagay na di naman Nito sinasabi. Kita n'yo?)—at gaya (ang nangyari unang-una ay ugong, bagay na parang isang—isang humahagibis na hangin papunta sa kanila)—at (naalala n'yo, kagabi nagpunta ako sa pamilihan at bumili ng tinapay at ilang karne. May bagay nga na kasama nun. Yung tinapay ay isang bagay, at 'yung karne nama'y iba 'yun. At 'yung ugong ay isang bagay na tumama sa kanila)—at doon ay nagpakita sa kanila, (sa harapan nila) ang mga dila—baha-bahaging mga dila."

⁵⁶ May nakapanood na ba rito nung *Ten Commandments* ni Cecil DeMille? Napansin n'yo ba nung 'yung Mga Utos ay isinusulat? Kung papaano niya nahagip 'yun, di ko alam. May dalawa o tatlong bagay akong nakita dun na nagustuhan ko talaga. Yung una ay 'yung esmeraldang liwanag, dahil 'yun talaga ang saktong itsura Nito. Kita n'yo? Yung isa pa ay nung 'yung Utos ay isinusulat, at nung matapos na, napansin n'yo ba 'yung lumilipad mula dun sa malaking Haliging Apoy, may mumunting mga dilang apoy na lumilipad? Napansin n'yo ba 'yun? Ngayon, ganoon 'yung iniisip ko na kung papaano ito sa Pentecostes. Doon ay nagpakita sa kanila . . . Kaya nakita nila Ito mismo. Hindi sinabi, "Doon ay bumuhos sa kanila." Pero doon ay nagpakita sa kanila ang mga himod (gaya ng tawag natin dito), mga dila, itsurang-dila kagaya ng dilang ito *rito*, hugis-dila, dilang apoy. Ngayon, ang tainga—gaya ng sabi ko kanina, ang tainga ay tainga; ang daliri ay daliri. Hindi ibig sabihin ng daliri ay naramdaman mo; ang ibig sabihin nun ay itsurang

daliri 'yun. At kung tainga naman, di ibig sabihin ay narinig nila; itsurang tainga 'yun. Ito nga'y apoy na itsurang dila, hindi 'yung may nagsasalita, apoy mismo na itsurang dila.

⁵⁷ Ngayon, pakinggan n'yo. Masdan n'yo kung papaano ang pagkakabasa nito rito sa Griyego:

At biglang dumating ang isang ugong... na gaya sa isang humahagibis na malakas na hangin... (Ika-3—ika-3 talata na.)

At nagkabaha-bahaging mga dila *ang nagpakita sa kanila, . . .* (Di sinabing baha-bahaging mga dilang nasa kanila, o sila'y nagsasalita nang may baha-bahaging dila; ang sabi'y baha-bahaging dila na nagpakita sa kanila. Ngayon, masdan. Wala pa sa kanila. Naroon pa lang sa loob ng silid, paikot-ikot dun na katulad ng hangin dito.) . . . sa *kanila . . . gaya ng . . . apoy . . . baha-bahaging mga dila . . . ang nagpakita sa kanila . . .* ('yun nga'y sa harapan nila) *gaya ng . . . apoy*, (mga dilang gaya ng apoy) *at isa'y* (isahan) *dumapo sa bawat isa sa kanila.* (Hindi pumasok sa kanila; kundi dumapo sa kanila.)

⁵⁸ Ngayon, nakita n'yo kung papaano ang pagkakasabi nun dun sa King James: "at baha-bahaging mga dila ang nagtungo sa kanila, o dumapo (paano ba ang pagkakabasa sa King James diyan?) pumatong sa kanila." Kita n'yo? Ngayon, di nga 'yun puwedeng pumailanlang 'yun sa dako roon at pumatong. Alam natin 'yan. Pero ang sabi sa orihinal, "Dumapo sa kanila," sa paniniwala ko; di po ba? Sige't kunin ko lang 'yung eksakto mismo. Oo! ". . . dumapo sa bawat isa sa kanila." Isang dila ng apoy ang dumapo sa bawat isa sa kanila. Nakita n'yo riyang? Nakuha n'yo ba? Yun ang pangalawang bagay na nangyari. Ang una ay 'yung hangin, tapos 'yung pagpapakita ng mga dila ng apoy.

⁵⁹ Dito mismo sa munting silid na ito na may mumunting mga lamparang de langis na nag-aapoy. Isipin n'yo sila na nakaupo roon. At may isa na biglang nagsabi, "Oh!" Tumingin siya sa buong gusali; naroon 'yun sa buong gusali mismo. Tapos ang sabi nila, "Tingnan n'yo!" Unti-unting dumarating ang mga dilang apoy sa palibot ng gusali. Ngayon masdan. At doon ay nagpakita ang mga dilang apoy.

Ngayon tingnan n'yo 'yung kasunod:

At (Isa na namang pangdugtong; may ibang bagay pa na nangyari.) *silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, . . .* (Pangalawang bagay na nangyari.)

⁶⁰ Ngayon tingnan n'yo, gustung-gusto nating palit-palitan 'yun na sasabihin, "Nagkamit sila ng mga dilang apoy, at dito nga'y nagsipagsalita sila; at pagkatapos ay lumantad at nag-umpisang magsalita sa di-kilalang wika." Walang ganyan na

anong bagay sa Kasulatan, kaibigan. Sinumang nagsasalita sa di-kilalang wika ngayon matapos na matanggap ang Espiritu Santo ay kumikilos ng kontra sa Biblia. At ipakikita ko sa inyo sa ilang mga minuto at patutunayan sa inyo na naniniwala ako sa pagsasalita ng di-kilalang wika, pero hindi sa pagtanggap ng Espiritu Santo. Yun kasi’y isang kaloob ng Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo’y isang Espiritu.

⁶¹ Ngayon masdan. Ang mga dilang ’yun ay naroon sa loob ng silid na katulad ng apoy, at dumapo sa bawat isa. Pagkatapos sila’y napuspos ng Espiritu Santo (ikalawang bagay), at tapos, matapos na mapuspos sila ng Espiritu Santo, nagsalita sa iba’t ibang wika, hindi iba’t ibang wika, kundi mga wika mismo. Napansin n’yo ba? Nagsimula silang magsalita ng ibang wika na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu na salitain. Ngayon, ito nga’y nakarating sa lahat.

⁶² Ngayon masdan po. Ngayon, sige’t ulitin lang natin ang pagsasalarawan para di n’yo makalimutan ngayon. Ayon sa Kasulatan, sa silid sa itaas sa paghihintay, biglang may ugong na gaya sa isang humahagibis na hangin, na dumapo sa kanila; ’yun ang Espiritu Santo. Ilan po ang naniniwala na ’yun ang pagpapakita ng Espiritu Santo? Kagaya ng isang hangin, isang sobrenatural na hangin. Pagkatapos napansin nila. At doon nga’y may maliliit na mga dilang apoy, sandaan at dalawampu ang bilang, at nagsimulang bumaba at dumapo sa bawat isa sa kanila. Ano ’yun? Ano ’yun? Ang Haliging Apoy, na ang Diyos Mismo na binaha-bahagi ang Sarili sa Kanyang mga hirang, bumaba mismo sa mga tao. Kamit ni Jesus ang buo nun; nasa Kanya ang Espiritu nang walang sukat; tayo nama’y kamit natin Ito nang may sukat (Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?), dahil tayo’y mga kinupkop na mga anak. Ang Buhay Niya—Buhay Niya na Walang Hanggan ay pumasok. Ngayon, anong nangyari? Pagkatapos lahat sila’y napuspos ng Espiritu Santo.

⁶³ Ngayon, may bagay ako na gustong itanong sa inyo. Kailan nagsimula ’yung bulung-bulungan? Kung kinailangan nilang lumabas nung silid na ’yun sa itaas para bumaba sa hagdan at magtungo roon sa labas sa mga patyo ng palasyo—o dun sa—sa mga patyo ng templo, na siguro’y isang bloke ng siyudad ang distansya mula sa kinaroroonan nila, mula sa itaas ay bababa, magpupunta roon sa mga patyo kung saan ang lahat ng mga tao’y nagkakatipun-tipon. . . At sila nga’y lumabas na parang mga lasing sa Espiritu. Dahil ang sabi nung mga tao, “Ang mga taong ito’y lasing sa bagong alak.” Di pa kasi sila nakakakita nang gaya nun noon.

⁶⁴ At sinisikap ng bawat isa na sabihin, “Ang Espiritu Santo’y dumating. Ang pangako ng Diyos ay nanahan sa akin. Ako—ako’y napuspos ng Espiritu.” At kahit na siya’y tubong taga-Galilea, ’yung taong kausap niya, ay isang Arabo o Persiano, haya’t narinig siya sa sariling lingguwahe nito.

65 “Papaanong naririnig namin (hindi nga isang di-kilalang wika)—papaanong naririnig ng bawat isa sa amin ang wika na aming kinamulatan? Hindi ba’t ang lahat ng mga nagsasalitang ito’y mga Galileo?” At marahil Galileo ang salita. . . Pero nung marinig nila ’yun, ang dating nun sa kanila’y ang lingguwahe na kinamulatan nila. Kung hindi, gusto kong itanong n’yo sa akin—sagutin n’yo ang tanong na ito sa akin: Papaano nga na si Pedro’y nagtungo roon at nagsalita ng Galileo, at ’yung buong laksa na naroon ay naintindihan ang sinasabi niya? Tatlong libong mga kaluluwa ang naakay kay Cristo doon mismo at si Pedro’y isang lingguwahe lang ang sinasalita. Siyanga! Ang Diyos nga ’yun na nagpapamalas ng himala. Si Pedro, sa siya ring mga nakikinig dun na binubuo ng mga taga-Mesopotamia, at mga dayuhan, at mga proselita, at lahat na mismo na mga taga-iba’t ibang panig ng mundo na nakatayo roon. . . At si Pedro nga’y tumindig dun at nangaral sa isang lingguwahe, at bawat isang tao’y napakingsan siya mismo, dahil tatlong libo ang nagsisi’t nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo agad-agad. Papaano ’yun nangyari?

66 Kita n’yo, mga kaibigan, di ako umaasa na ang aking taga-denominasyon, na Pentecostal na kapatid ay tanggapin ’yan agad-agad. Pero tugaygayin n’yo nga ’yan mismo sa Biblia at sabihin sa akin kung may pagkakataon man kung saan ang mga tao’y nagsitanggap ng Espiritu Santo’t nagsalita sa wika na di nila maintindihan ang sinasalita nila. At kung ganoon ang paraan ng pagtanggap nila Rito noon, ang Diyos na kataas-taasan. . . Kinakailangan nga Nitong mangyari nang ganoon at ganoon mismo sa tuwina.

67 Ngayon, di ko. . . Ngayon, dun sa bahay ni Corne-. . . Haya’t naaalala natin, nung dumako tayo sa Samaria, kagabi, nakita natin na wala kahit isang tala man noon tungkol sa narinig sila sa anumang ibang wika, walang sinabing ganoon tungkol dun. Pero nung dumako sila sa bahay ni Cornelio, kung saan may tatlong iba’t ibang nasyonalidad ng tao ang naroon, haya’t sila nga’y nagsalita sa iba’t ibang wika. At nung gawin nila, kung natanggap nila, nung matanggap nila Ito, ang sabi ni Pedro, haya’t siya rin mismong pamamaraan noong natanggap Ito ng mga tao sa pasimula. At doon nga’y nalaman nila na ang mga Gentil ay nakatanggap ng biyaya mula sa Diyos, dahil kanilang natanggap ang Espiritu Santo nang katulad mismo sa mga nagsitanggap doon sa pasimula. May tanong po ako rito, na parang ganyan sa susunod na ilang minuto. Gusto ko lamang ilapat muna ang pundasyon, para makita n’yo kung ano ito.

68 Ngayon, di ko inaasahan masyado ang mga taong iba ang turo sa kanila. . . At pakinggan n’yo po ako, minamahal kong, kalugud-lugod, na mga Pentecostal na kapatid. Hindi ko nga ituturo ito sa labas. Ito po’y. . . Di ako gagawa ng kung anong bagay na magdudulot ng kontrobersiya. Pero kung di naman natin isisiwalat ang Katotohanan, kailan pa tayo magsisimula?

Kailangan natin ng isang bagay na ilalantad mismo rito para ituwid tayo. Kinakailangan nating mailatag dito ngayon ang biyaya na magdadala sa pag-agaw. Kailangang palitawin ang Katotohanan.

⁶⁹ Ano ngang gagawin ng isang tao kung siya'y bingi, at pipi, at di makapagsalita? Makatatanggap ba siya ng Espiritu Santo? Paano na lang kung wala siyang dila sa simula't sapul, at 'yung kaawa-awang tao'y nagnanais na siya'y maligtas? Kita n'yo? Ito kasi'y Espiritu Santo, isang pagbabautismo. At pagkatapos, ang lahat ng mga ito na mga kaloob tulad ng pagsasalita sa iba't ibang wika, pagpapaliwanag ng mga wika, ang mga ito'y pagkatapos na kayo'y makapasok sa Katawan sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Dahil ang mga kaloob na 'yun ay naroon sa Katawan ni Cristo.

⁷⁰ Ngayon, ang dahilan kung bakit ko sinasabi... Ngayon, tumingin kayo rito. Maaasahan n'yo ba ang iglesyang Katoliko, ang pinaka unang naorganisang iglesya sa mundo pagkatapos ng mga alagad... Pagkatapos nga'y naorganisa ang iglesyang Katoliko, oh, ilang daang taon pagkatapos ng kamatayan ng pinaka huling alagad, mga animnaraan at—maraming taon pagkatapos ng mga alagad, pagkatapos na pagkatapos ng Konsehong Nicaea, nung ang mga magulang ng panahong Nicaea'y naglakip-lakip at nag-organisa; tapos itinatag nila ang unibersal na iglesya, ang iglesyang Katoliko. Doon nga'y nagtatag sila ng pang-buong mundong iglesya. Ang ibig sabihin ng salitang *katoliko* ay “unibersal”; na ang ibig sabihin ay sa pang-lahat ng dako. Sila... Ang Romanong—paganong Roma ay pinaging papal na Roma. Haya't naglagay sila ng isang papa para maging ulo na hahalili kay Pedro, na sa isip-isip nila at sinabi na pinagbigyan ni Jesus ng mga susi ng Kaharian. At ang papa raw ay di siya nagkakamali, at ganoon na ganoon nga ito mapasa hanggang ngayon sa iglesyang Katoliko. Na... Ang wikain niya'y batas at kaayusan mismo. Siya'y papa raw na di nagkakamali. Yun ang lumaganap.

⁷¹ At pagkatapos, yamang ang mga tao'y di sumasang-ayon sa doktrinang ito ng Katoliko, sila'y pinagpapatay, pinagsusunog pa mismo sa tulan, at lahat na. Nalaman nating lahat 'yan sa mga sagradong pagsusulat ni Josephus, at sa *Fox's Book of the Martyrs*, at marami pang ibang sagradong... *Two Babylons* ni Hislop, at sa—sa bantog na mga kasaysayan mismo. Tapos, ito—matapos ang labinglimang daang taon, gaya ng nalalaman natin, ng Madidilim na Kapanahunan, ang Biblia nga'y inilayo mula sa mga tao. At Ito ay—Ito ay itinago ng munting monghe, at kung ano pa, gaya ng nalalaman natin.

⁷² Tapos pagkatapos nun dumating ang unang Repormasyon, si Martin Luther. At lumabas siya't nagsabi na ang komunyong na tinatawag ng Katoliko na katawan—literal na katawan daw ni Cristo, ay pagsasagisag lamang ng katawan ni Cristo. Haya't

iwinaksi niya mismo ang komunyong sa baranda ng altar, o dun sa mga baitang, at tumanggi mismong tawagin 'yun na literal na katawan ni Cristo, at nangaral ng, "Ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." Ngayon, di n'yo nga maaasahan ang iglesyang Katoliko na sasang-ayon sa kanya, tunay na hindi, yamang sinasabi ng di-nagkakamaling ulo nila sa kanila na hindi. Siyanga.

⁷³ Tapos pagkatapos ni Martin Luther, na nangaral mismo ng Pag-aaring ganap, dumating si John Wesley na nangaral ng Pagpapaging banal. At nangaral siya na ang isang tao, matapos na siya'y ariing-ganap (na mainam 'yun) pero kinakailangan niyang mapagpating banal, malinis, na ang ugat ng kasamaa'y maiwaglit sa inyo sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus. Ngayon, di n'yo nga aasahan ang mga Lutheran na mangangaral sila ng Pagpapaging banal, dahil di nila 'yun gagawin.

⁷⁴ Matapos na ipangaral ni Wesley ang Pagpapaging banal, at nung magkaroon ng maraming mumunting pagsasanga mula roon, na nagpausbong sa, Wesleyan Methodist, at sa Nazarene, at sa iba pa, na siyang nagpanatili sa apoy na ito'y mag-alab sa kanilang kapanahunan, pagkatapos dumating ang Pentecostes at nagsabi, "Heto, ang Espiritu Santo ang bautismo, at kami'y nagsasalita ng iba't ibang wika sa pagtanggap namin Nito." Siyanga. Mangyari nga na nung dumating 'yan, di mo aasahan ang mga Nazarene, at ang mga Wesleyan Methodist, at ang iba pa na maniwala dun. Di nila magagawa. Babansagan nila 'yung diyablo. Buweno. Anong nangyari? Unti-unti silang bumagsak; ang Pentecostes ang umaahon. Ngayon napadpad na sa isang dako na anupa't nayugyog ang Pentecostal. Naorganisa ito't napadpad, di na tatanggap ng kahit ano pang iba. Nagkaroon na sila ng sarili nilang mga panuntunan at mga regulasyon, at 'yun ang kinahinatnan.

⁷⁵ Ngayon, nung dumating ang Espiritu Santo't inihayag ang Katotohanan ng anupamang bagay at pinatunayan 'yun sa pamamagitan ng sarili Niyang Presensya at sa pamamagitan ng Kanyang Salita, di mo nga aasahan ang mga Pentecostal na magsasabi, "Haya't sasang-ayon kami riyang." Tatayo at tatayo kang mag-isa kagaya noon ni Luther, kagaya noon ni Wesley, at kagaya ng iba pa sa kanila roon noon. Kinakailangan mong tayuan 'yan dahil narito na ang oras. At 'yun ang nagpapaging kakatwa na'y naiiba pa sa akin. Yun ang nagpapaging iba sa akin.

⁷⁶ At kaya di ako makaratsada tulad ng kalugud-lugod kong Kapatid na Oral Roberts, at Tommy Osborn, Tommy Hicks, at sila, dahil hindi sang-ayon ang kaiglesyahan sa akin. Sinasabi nila, "Naniniwala siya sa Walang Hanggang seguridad. Isa siyang Baptist. Di siya naniniwala na ang pagsasalita sa iba't ibang wika'y ang paunang ebidensya ng Espiritu Santo. Aba't lumayo kayo sa lalaking 'yan!" Kita n'yo?

77 Pero sadya ngang kaharapin n'yo ito mismo nang mukhaan. Harapin n'yo mismo. Kinaya nilang harapin ang mga Lutheran, ang—ang mga Methodist noon. Nagagawang harapin noon ng Pentecostal ang Methodist. Haya't magagawa ko ring harapin ang Pentecostal taglay ito. Ganoon nga mismo. Yun ang totoo. Bakit ganun? Tayo'y lumalakad kasi sa Liwanag yamang Siya ang Liwanag. Kita n'yo? Umuusad tayo sa Lansangan ng Hari, at sa pagtugaygay natin nang mas malayo, mas higit na biyaya ang ibinibigay, mas higit na kapangyarihan ang ibinibigay, mas higit na sobrenatural ang ibinibigay. At hayan nga tayo. Ito na 'yung oras kung saan ang Espiritu Santo'y bumaba sa anyo ng isang Liwanag gaya Niya sa pasimula, isang Haliging Apoy, at inihayag mismo ang Kanyang Sarili, ginaganap ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon nung narito pa Siya sa lupa. At ang sabi ni Jesus, "Papaano n'yo mapagkikilala kung sila ba'y tama o hindi? Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga'y makikilala n'yo sila. Ang sumasampalataya sa Akin, haya't ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na mga nagsisisampalataya."

78 Ngayon, Pentecostal kong mga kapatid. Ako po'y kaagapay n'yo. Ako'y kaisa n'yo. Kamit ko ang Espiritu Santo. Ako'y nakapagsalita sa iba't ibang wika, pero di ko 'yun nakuha sa pagtanggap ko sa Espiritu Santo. Ang bautismo ng Espiritu Santo ang natanggap ko; nakapagsalita ako sa iba't ibang wika, nakapag propesiya, nagtaglay nitong mga kaloob ng kaalaman, karunungan, pagpapaliwanag, at lahat ng nagaganap na ito. Pero ako nga'y sakop sa mga bagay na ito, dahil ngayon ako'y anak na ng Diyos. Ang kapangyarihan, ang Apoy ng Diyos ay narito sa kaluluwa ko; ang dila ng Apoy na 'yun na dumapo—pumarito sa kaibuturan ko at tinupok mismo ang lahat ng salungat sa Diyos, at ngayon pinangungunahan na ako ng Kanyang Espiritu. Kapag sasabihin Niya, "Magpunta ka *rito*," haya't pupunta ako. "Magpunta ka *rito*"; pupunta ako. "Magsalita ka *rito*"; magsasalita ako. "At gawin mo *ito*, *iyon*, at *ito pa*." Hayan nga kayo, na gaya. . . Pinangungunahan kayo ng Espiritu. Ang Diyos 'yun na nariyan sa inyo, kumikilos sa kalooban Niya. Anupaman 'yun, haya't ginaganap Niya ang kalooban Niya.

79 Ngayon, pakinggan n'yo. Haya't may babasahin lang ako rito bago tayo magpasimula sa mga katanungan sa lexicon dito. Ngayon, mula sa Vatican Translation, Tomo 7, 190—1205:

"Mahirap matukoy kung tinig iyon ng mga tao na nagsasalita sa banyagang lingguwahe; o ang ulat o ang bali-balita ng transaksyon ng sobrenatural na hanging humahagibis na pumukaw sa madla."

Di nila maunawaan 'yun. Ngayon masdan. Kung 'yun ba'y 'yung mga tao. . .

⁸⁰ Akin lang pong isasalarawan. Heto ang isang grupo ng pobreng, mga mahihirap na mga taga-Galilea. At heto sila sa labas ng kalsada. Ang mga tao roon ay wala pang nakikita na katulad nun kahit kailan: ang mga kamay nila’y nakataas sa ere, galing dun sa silid sa itaas, bumaba sa hagdan, lumabas dun, na sadya ngang puspos na puspos; di pa sila nagsasalita noon. Kita n’yo? Heto nga na padating sila sa ibaba roon. At ngayon, sabihin na lang natin, lumabas sila roon na pagiray-giray ang paglalakad. At sabi ng mga tao . . . Halimbawa isang Griyego ang sumalubong sa akin at, nagsabi, ako nga’y Galileo ang bigkas ko.

Masasalubong n’yo siya at sasabihin, “At anong nangyayari sa iyo, Iho?”

⁸¹ “Ako’y napupuspos ng Espiritu Santo. Ang kapangyarihan ng Diyos ay bumuhos sa silid na ’yun. May bagay na nangyari sa akin. Oh, Maluwalhati ang Diyos!”

At may isa na naman sa dako rito, nakikipag-usap siya sa isang Arabo, at siya nga’y isang taga-Galilea na nagsasalita raw ng lingguwaheng Arabyano—Arabyano.

⁸² Ngayon, di nga nila masabi, kung ’yun ba’y yaong hangin na humahagibis na humatak sa mga tao nung ang madla’y magkumpul-kumpol dun, o kung ’yun ba’y yaong pagsasalita sa banyagang lingguwaheng nasasalita nila? Ngayon, di eksaktong sinabi ng Biblia . . . May dalawang bagay nga kayo na dapat n’yong matyagan. Na ’yun ay . . . Yung—yung taga-labas nga’y magsasabi, “Papaano nangyayari na naririnig namin ang bawat isa sa sarili naming wikang kinamulatan?” Hindi nga binanggit na sinasalita nila ’yun, pero ganun ang pagkakarinig nila rito.

⁸³ Tapos ’yung siya ring grupo na ’yun, ’yung siya ring mga tao na ’yun, ipinaliwanag ito. Sumampa si Pedro sa isang bagay dun at nagsalita, “Kayong mga lalaki na taga-Galilea, at kayo na mga nangananahan sa Jerusalem, mangaalaman n’yo ito (ang sabi ng mga tao’y hindi raw Galileong lingguwahe ’yun) haya’t mangaalaman n’yo ito at pakinggan n’yo ang aking mga salita (anong—anong lingguwahe kaya ang binibigkas niya dun, sa lahat sa kanila?); aba’t, ang mga taong ito’y di lasing gaya ng inaakala n’yo, yamang oras na ikatlo pa lamang ng araw, kundi ito ’yun na sinalita ni propetang Joel: ‘At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Diyos, ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman. Ang mga anak n’yong lalaki’t mga anak na babae’y magpropropesya.’” Tuluy-tuloy pa siyang nagsalita, at tapos sabi, “Kayo na may tampalasang mga kamay ay ipinako ang walang sala na Anak ng Diyos. Nagsaysay noon si David tungkol sa Kanya. . . ‘di iiwan ang Kanyang kaluluwa sa impyerno, ni hindi Niya titiisin ang Kanyang Isang Banal na makakita ng kabulukan.’” Tapos sabi, “Pakatalastasin n’yo na ginawa ng Diyos ang siya ring Jesus na ito na ipinako n’yo sa krus na Panginooon at Cristo.” At nung marinig nila . . . Amen!

Sino? Bawat tao sa ilalim ng kalangitan. Ano 'yung nangyayari dun? Hindi niya sinabi na, “Ngayon, magsasalita ako sa wikang Galileo; tapos magsasalita ako sa *ganito*; at magsasalita ako sa *ganito*...?...”

⁸⁴ Habang sinasabi ni Pedro ang mga salitang ito, ang sabi nila, “Mga kalalakihan at mga kapatid, anong gagawin namin para maligtas?” At ibinigay ni Pedro sa kanila ang pormula. Yun nga ang pamamaraan na nangyayari sa tuwina. Kita n'yoy?

⁸⁵ Yun nga'y umuusad, nagtutumulín tungo sa Diyos, palapit ang paglakad. Paano mo nalaman? Buweno ngayon, nung tanggapin ni Luther ang pag-aaring ganap, tinawag niya 'yung Espiritu Santo. Yun nga. Nagtubog ang Diyos ng kaunti Nito roon. Pagkatapos sinabi Niya ang ano? Tumanggap si Wesley ng Pagpapaging banal, at nagsabi, “Iho, kapag nakahiyaw ka, natanggap mo na Ito.” Pero marami sa kanila ang humiyaw at di naman Ito nakamit. Nung ang Pentecostal ay nagsalita sa iba't ibang wika—sa di-kilalang wika, ang sabi nila, “Iho, aba'y natanggap mo na Ito.” Pero marami nga sa kanila ang hindi Ito nakamit.

Wala ngang ganyang mga bagay na gaya n'yan na mga tanda para makilala. “Ang tanging paraan para makilala mo ang isang punongkahoy,” sabi ni Jesus, “ay sa pamamagitan ng bunga na ipinamumunga nito,” ang mga gawa ng Espiritu, ang bunga ng Espiritu. Kaya naman kapag makakakita ka ng isang tao na puspos ng kapangyarihan, na puspos ng Espiritu Santo, haya't makikita mo nga ang isang buhay na nabago. Makikita n'yo ang mga tanda na ito na lumalakip mismo sa kanila na mga nagsisisampalataya: “Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo, magsasalita ng bagong mga wika. Kung sila ma'y tuklawin ng ahas, di sila mapapahamak nito. Kung sila ma'y makakain ng nakamamatay na bagay, makainom, di sila papatayin nun. Magpapatong sila ng mga kamay sa mga maysakit, at sila'y magsisigaling.” Grabe! Yung ganitong klase ng mga tanda'y lalakip sa kanila na mga nananampalataya. Pero papaano nga kayo makapapasok dito? Ang mga kaloob na ito'y nasa Katawan. Papaano kayo makapapasok sa Katawan? Hindi nga sa pagsasalita't makakapasok kayo roon; kundi sa pamamagitan ng pagbabautismo tungo sa isang Katawan na 'yun (Unang Mga Taga-Corinto 12:13). Sa Isang Espiritu tayong lahat ay binautismuhan tungo sa Katawan na 'yun at saklaw ng lahat ng mga kaloob. Pagpalain kayo ng Panginoon.

⁸⁶ Ngayon, kung may nakikinig diyan sa teyp na ito o may isa rito na gustong di sumang-ayon, alalahanin lang po, na gawin lang sa malumanay na paraan, kapatid, dahil iniibig ko kayo.

93. Ang unang tanong sa gabing ito: Kapatid na Branham, sa palagay ko ang telebisyon ay isang sumpa sa mundo. Ano pong palagay n'yo rito?

⁸⁷ Buweno, sinumang sumulat nito, sasang-ayon ako sa iyo. Ginawa nila itong sumpa sa mundo. Maaari sanang biyaya sa mundo, kaso ginawa nilang sumpa ito. Ganito ito sa lahat ng bagay, minamahal kong mga kapatid, nakasalalay sa sariling tingin n'yo mismo rito. Kung ang telebisyon ay sumpa, kung ganoon ang diyaryo ay sumpa rin, ang radyo ay sumpa rin, at kung tutuusin pa nga'y madalas pa nga ang telepono. Kita n'yo, kita n'yo, kita n'yo? Kumpurme ito sa paggamit n'yo rito. Pero katulad nga ng sinabi ng kapatid nung isang gabi, haya't halos wala nang programa sa telebisyon ngayon; mahal masyado. Walang kakayahan ang mahihirap na mangangaral na nangangaral pa naman ng Buong Ebanghelyo na magbayad ng programa sa telebisyon. Kaya naman. . . Ang sabi ng kapatid na ito nung isang gabi, sa pagkakaalala ko, kung saang dako 'yun, ang sabi, "Pagpagin mo ang alikabok sa iyong radyo," o sabi, o, "Ilabas n'yo uli ito't ilagay sa isang sulok at makinig sa mga programa." Siyanga.

⁸⁸ Pero, kalugod-lugod na kapatid, sino ka man, sumasang-ayon ako sa iyo. Ito'y naging isa sa pinaka kasumpa-sumpang bagay sa sangkatauhan. Doon nga'y napupunta itong lahat ng mga perang ito na dapat ay napupunta sa gobyerno bilang mga buwis, at mangyaring ibinubuhos sa mga patalastas na panay sigarilyo at wisking mga programa't mga bagay na gaya nun, at nababawasan tuloy ang buwis para sa gobyerno; tapos heto sila na ang pinupunterya't pinagbubuntunan ay mga mangangaral at idedemanda pa sila sa korte para pigain 'yung kakaunti na nga lang na pera mula sa kanila. Sumasang-ayon ako sa iyo, na ito'y kasuklam-suklam na bagay. Ngayon, di po 'yan. . . Alam n'yo, bagay 'yan na mapapansin n'yo naman talaga. Salamat, kapatid na babae, kapatid na lalaki, sino ka man na nagtanong nito.

94. Ngayon, heto po ang isang mainam na tanong. Ang tanong: **May mga dako sa Biblia katulad na lang ng Unang Samuel 18:10, na sinasabi dun na may masamang espiritu na galing sa Diyos ang gumawa ng mga bagay-bagay. Di ko maunawaan na may "masamang espiritu na galing sa Diyos." Paki-paliwanag lamang po ito.**

⁸⁹ Buweno, marahil sa tulong ng Panginoon, maipapaliwanag ko. Hindi ibig sabihin nito'y ang Diyos ay masamang Espiritu. Bagkus ang bawat espiritu ng lahat ng bagay ay nasa ilalim ng Diyos. At ibinubunsod Niya mismo na ang lahat ng mga bagay ay kumilos ayon sa Kanyang kalooban. Kita n'yo?

⁹⁰ Ngayon, sa tanong mo, tinutukoy mo rito 'yung masamang espiritu na nanggaling sa Diyos para bagabagin si Saul. Siya nga'y nasa isang sumpungin, na bagbag na anyo—kondisyon, dahil, kung tutuusin, siya'y tumalikod sa pananampalataya. At kung kayo'y tatalikod sa pananampalataya, may masamang espiritu—ipahihintulot ng Diyos ang isang masamang espiritu na bagabagin kayo.

91 May gusto akong basahin sa inyo sa—sa ilang saglit. May isa pa akong kaisipan tungkol dito. Kita n'yo? Marapat lamang na ang bawat espiritu'y mapasailalim ng Diyos. Naalala n'yo ba nung si Josaphat at Ahab ay sasabak noon sa digmaan? At ang unang bungad nga nun sa inyo, haya't naroon—naroon sila sa may pintuang-bayan. At si Josaphat nga'y isang matuwid na lalaki, at ang sabi niya (nakaupo roon ang dalawang hari, at nagsanib-puwersa sila) at mangyaring ang sabi niya, “Tayo'y sumangguni muna sa Panginoon tungkol sa kung tayo ba'y makikipagbaka o hindi.”

92 At tumalima si Ahab at kinuha 'yung apatnaraang mga propeta niya, lahat sila, alagang-alaga niya't pinakakain at busog lagi't lahat; ang ganda ng estado nila. At nagpunta sila dun, at lahat sila'y nagsipropesiya nang may pagkakasundo, ang sabi, “Umahon ka, at ipagkakaloob sa iyo ng Diyos ang katagumpayan. Umahon ka sa Ramoth-gilead at doon nga'y sasamsamin ng Diyos ang bagay na 'yun para sa iyo.” Yung isa pa nga sa kanila'y may dala-dala pang pares ng sungay at nagsimulang umikot-ikot bilang pagsasalاران, na ang sabi, “Sa pamamagitan ng mga bakal na sungay na ito, maitataboy mo sila palayo ng bansa; na pagmamay-ari mo.”

93 Pero alam n'yo nga, may kung anong bagay mismo sa isang tao ng Diyos na di nagpapatianod sa ganoong mga bagay. Kita n'yo? Kung di 'yun lumalapat sa Kasulatan, may kung anong bagay na mali. Sinumang tunay na mananampalataya . . . Kaya ang sabi ni Josaphat, “Buweno, mukha namang mainam 'yang apatnaraan na 'yan. Mukha namang disente silang tao.”

“Oh, sila nga,” marahil sabi ni Ahab.

Pero sabi ni Josaphat, “May isa pa ba?” Bakit nga kukuha pa ng isa samantalang nariyan na ang apatnaraan na 'yun na nagkakaisa? Dahil nalalaman niya na may kung anong bagay na mali sa pandinig. Kita n'yo?

Sabi niya, “Oo, may isa pa kami, 'yung anak ni Imla, na nasa dako lang dito,” sabi, “pero kinamumuhian ko siya.” Tunay. Ipasasara mo pa nga ang simbhan niya anumang oras na magustuhan mo. Palalaysin mo pa nga siya ng bansang ito. Kita n'yo? Tunay. “Kinamumuhian ko siya.”

“Bakit mo siya kinamumuhian?”

“Lagi kasi siyang nagpropesiya nang masama laban sa akin.” Naniniwala nga ako na nakatunog mismo si Josaphat doon mismo na may—may bagay na di tama.

Kaya ang sabi niya, “Humayo kayo't sunduin si Micaya.”

Kaya nagpasugo sila para sunduin siya, at heto na siya na dumako roon . . . Mangyari nga na nung magtungo sila roon, sila nga'y nagpadala ng mensahero at nagsabi, “Ngayon, sandali lang. Ngayon, may apatnaraang mga Doktor sila ng Dibinidad

sa dako roon sa ibaba. Sila ang pinaka mahuhusay sa bansa, na may Ph, mga LLD, at lahat na.” Sabi, “Ngayon, alam mo, ikaw na pobre’t pipitsuging di nakapag-aral na lalaki, huwag mong tatangkain na sumalungat sa lahat ng mga ministrong ’yun.”

⁹⁴ Sagot ni Imla, o ang ibig kong sabihin, si Micaya haya’t sinabi niya ito: “Wala akong sasabihin na anupamang bagay hanggang sa ilagay ito ng Diyos sa aking bibig, at pagkatapos sasabihin ko nang saktong-sakto ang bagay na sinabi Niya.” Gustung-gusto ko nga ’yun. Gustung-gusto ko. Sa madaling salita, “Mananatili ako sa Salita.” Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba. Sabi nung isinugo, “Buweno,” sabi, “Naku’t binabalaan kita. Kung ayaw mong maipatapon, mas mabuting sabihin mo ang siya ring bagay.”

Mangyari nga na dumako na siya roon. At sabi nung hari, “Ako ba’y aahon?”

Sabi niya, “Humayo ka.” Sabi, “Ibigay mo lang sa akin ang gabing ito. Pahintulutan mo akong kausapin ko ang Panginoon tungkol dito.” Gustung-gusto ko ’yung ganun. Mangyari nga na ang Panginoon ay nagpakita sa kanya, at nung sumunod na araw siya’y dumako na roon. At sabi niya, habang padako siya roon, ang sabi niya, “Sige humayo ka; pero nakikinita ko ang Israel na gaya sa mga tupa na walang pastol, nagkalat sa mga burol.” Oh, naku! Ikinagulatang ’yun ng hari.

Tapos ang sabi ng hari, “Hindi ba’t sinabi ko na nga ba? Kabisadong-kabisado ko. Ganyan na ganyan lagi ang ginagawa ng taong ’yan, laging masama ang sinasabi laban sa akin.”

⁹⁵ Bakit? Siya kasi’y nananatili sa Salita. Bakit? May propeta kasing nauna sa kanya, ang Salita ng Diyos na nanggaling kay Elias, ang tunay na propeta, sabi nito, “Dahil sa pinadanak mo ang dugo ng inosenteng si Naboth, hihimuran din ng mga aso ang iyong dugo.” Haya’t masama nga ang sinabi niya tungkol sa kanya. Si Eliseo’y naroon na sa Langit. Pero talastas nga niya na nakay Eliseo ang Salita ng Diyos, kaya nanatili siya sa Salita. Gustung-gusto ko ’yun. Manatili sa Salita.

⁹⁶ Kung sinabi mismo ng Biblia na si Jesus Cristo’y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman; na ang kapangyarihan Niya’y nananatili’t siya pa rin; na ang Espiritu Santo ay para sa mga may ibig, sila’y magsilapit, haya’t manatili sa Salita. Siyanga, po! Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba. Gaano man silang kasagana sa pagkain at gaano mang karaming eskuwelahan ang pinanggalingan nila, wala ’yung kinalaman dito.

Kaya pagkatapos ang sabi nito. . . Nitong nakakaangat na bantog na lalaki na may hinahawakang mga sungay sa ulo, na itutulak daw nito—palabas ng bansa’t gagapiin daw ng hari, haya’t lumapit ito’t tinampal siya sa may bibig (itong munting mangangaral). Ang tingin lang niya’y munting holy roller lang

ito kaya wala ring mapapala kung pakiusapan, haya't tinampal lang niya ito sa bibig. Sabi niya, "Gusto kitang tanungin ng isang bagay." Sabi, "Saan nagdaan ang Espiritu ng Diyos nung Ito'y umalis sa akin kung Ito'y taglay mo?"

⁹⁷ Sabi pa, "Mapagtatanto mo kapag nakaupo ka na dun sa kulungan bilang isang bilango." Sabi niya, "Nakikita ko ang Diyos na nakaupo sa isang luklukan (Amen! Ngayon pakinggan n'yo!), at ang hukbo ng Langit ay nakapalibot sa Kanya." Ano ngang mayroon dun? Sinabi na ng Kanyang propeta kung ano ang mangyayari kay Ahab. Ang Diyos. . . Di lang 'yun basta sinabi ni Elias; siya nga'y pinahirang propeta. Ang Salita 'yun mismo ng Panginoon, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At sabi ni Micaya, "Nakikita ko ang buong hukbo ng Langit na nakapalibot sa Diyos sa isang malaking pagpupulong. At sila'y nag-uusap sa isa't isa. At ang sabi ng Panginoon, 'Sino ang maaari Nating isugo sa ibaba't sino sa inyo ang maaaring bumaba't dayain si Ahab, para ibunsod siya na tuparin ang Salita ng Diyos, na siya'y tamaan ng sibat? Sino ang maaari Nating pababain?"

⁹⁸ Buweno, may isa na nagsasabi *ito* raw at *iyon* daw. At mga ilang saglit pa, isang masamang espiritu, isang mandarayang espiritu ang sumulpot mula sa kailaliman at nagsabi, "Kung pahihintulutan Mo ako. Isa akong mandarayang espiritu. Bababa ako't lulukob sa kanila na mga mangangaral, yamang wala silang Espiritu Santo; at ibubunsod ko sila (haya't mga kalalakihan lang sila na pinagsanay sa eskuwelahan)—at ako'y bababa, at lulukob sa bawat isa sa kanila, at dadayain sila, at ibubunsod sila na magpropesiya ng isang kasinungalingan." Sinabi ba niya ito? Haya't ang sabi pa niya, "Sa ganoon kami makakapandaya." Kaya bumaba na siya.

Sabi Niya—sabi ng Diyos, "Pinahihintulutan Ko na bumaba ka."

⁹⁹ At kaya bumaba na siya't lumukob doon sa mga huwad na propetang 'yun, mga pinagsanay sa eskuwelahan na mga nagmiministeryo, at ibinunsod sila na magpropesiya ng isang kasinungalingan. Isa nga 'yung mandarayang espiritu na kumikilos para sa kalooban ng Diyos. Sige't akin lang. . . May bagay pa ako na marahil makikita n'yo rito, pansumandali. Masdan n'yo ito. Sige't nais kong bumuklat kayo kasama ko sa Unang Mga Taga-Corinto sa ika-5 kabanata, sa unang talata, pansumandali. Unang Mga Taga-Corinto. . . At matyagan n'yo lang ito kung nais n'yong may makita na isang bagay, tungkol sa Diyos na nagbubunsod sa isang bagay—na kung papaanong ang mga masasamang espiritu na 'yun, kung paano nga sila—sila nagsisikilos. . . Buweno, sabi ni Pablo rito:

Sa kasalukuya'y nababalita na sa inyo'y may mga pakikiapid, at ang ganyang mga pakikiapid ay wala. . .

kahit sa mga Gentil, . . . (Ano ngang palagay n'yo riyon na naroon sa kalagitnaan ng iglesya?) . . . na isa sa inyo'y nagaari ng asawa ng kaniyang ama.

At kayo'y mga mapagpalalo, at hindi . . . (Teka't siguraduhin ko lang. Sa palagay ko dalawang pahina yata ang nabuklat ko sa . . .) . . . Kayo'y—At kayo'y mga mapagpalalo, at hindi kayo bagkus nangalumbay, upang . . . (Ngayon, sandali lang. Tama ba ako . . . Sige, tama naman. Sige.) . . . nangalumbay, . . . (Tama po.) . . . mapagpalalo, at hindi kayo . . . nangalumbay, upang maalis sa gitna ninyo ang gumagawa ng gawang ito.

¹⁰⁰ Di ko alam sa inyo. Di ko alam kung anong sasabihin ng iba tungkol dito o di 'yun alintana, pero ipinagtatanggol ko lamang ang pinaniniwalaan ko: Kung ang isang tao'y minsan nang napuspos ng Espiritu haya't di niya Ito maiwawaglit. Kita n'yo, kita n'yo?

Sapagka't ako sa katotohanan, bagama't wala sa harapan ninyo sa katawan, nguni't ako'y nasa harapan ninyo sa espiritu, akin ngang hinatulan na, na tulad sa ako'y nahaharap, ukol sa kaniya na gumawa ng bagay na ito,

Sa pangalan ng ating Panginoong Jesus Cristo, nang nangagkakatiapon kayo, at ang aking espiritu, na taglay ang kapangyarihan ng ating Panginoong Jesus,

Upang ang ganyan ay ibigay kay Satanang sa ikawawasak ng kaniyang laman, upang ang espiritu ay maligtas sa araw ng Panginoong Jesus.

¹⁰¹ Ang Diyos, sinasabi sa banal na Iglesya, na siyang Katawan Niya rito sa lupa, na (ngayon, ito'y pagkatapos na ng Lumang Tipan, narito na sa Bago) sinasabi sa isang tao kung gaano siyang kahalay at karumi sa kalagitnaan ng bayan dahil sa pakikiapid niya sa asawa ng kanyang tatay. Sabi, “Ang bagay na ganyan sa Katawan ni Cristo . . . Kayo Iglesya, ibigay siya sa diyablo para sa ikawawasak . . .” Kita n'yo? Pinahihintulutan ng Diyos ang . . . At sa tuwing may bagay Siya na kailangan na makita Niyang naibubunsod, na papaluin ang isang tao, Kanya ngang pakakawalan ang masamang espiritu sa kanila nang sa gayon pahirapan nito ang tao na 'yun at—at ipanumbalik sila. Ngayon, nakita natin ang taong ito pagkatapos . . .

¹⁰² Yan ang suliranin sa mga kaiglesyahan sa panahon ngayon. Kapag may taong tutungo sa Katawan ni Cristo at magiging isa sa mga bahagi at bigla na lang gagawa ng masama, sa halip na lahat kayo'y maglakip-lakip at gagawin ang siya ring bagay na ito . . . At kaya kayo, Branham Tabernacle, gawin n'yo ito. Dahil kung kukunsintihin n'yo, yamang nasa ilalim siya ng Dugo. At ang mangyayari nga'y gagawin at gagawin niya ang siya ring lumang gawi na ito nang paulit-ulit at paulit-ulit sa tuwina. Ang

gawin n'yo nga'y maglakip-lakip at isuplong siya sa diyablo para sa ikasisira ng laman, para ang kanyang espiritu ay—haya't—maligtas sa araw ng Panginoon. At matyagan n'yo ang pamalo ng Diyos na lalapat. Matyagan n'yo ang diyablo na sasakmalin ang taong ito. Ang masamang espiritu kasi 'yun na sasakmal sa kanya.

¹⁰³ At ang lalaking ito rito'y naituwid. Nakapanumbalik siya. Makikita natin dun sa Ikalawang Mga Taga-Corinto na siya'y tunay na nalinis nang lubos sa harapan ng Diyos.

¹⁰⁴ Tingnan n'yo si Job, isang ganap na tao, isang matuwid na tao. Haya't pinahintulutan ng Diyos ang masamang diyablo na puntahan siya, at pahirapan siya, at lahat na ng kung anu-ano para sa ikasasakdal ng kanyang espiritu. Kita n'yo? Kaya ang mga masasamang espiritu ay. . . Maraming beses na ginagamit ng Diyos ang masasamang espiritu para pairalin ang Kanyang plano at Kanyang kalooban.

95. Ngayon, heto po ang isa na sadyang may punto. Tanong (sa palagay ko ay parehong tao ito, dahil mukhang parehas ang sulat): **Kung ang isang tao'y kinakailangan na magkaroon ng Espiritu Santo—kailangang may Espiritu Santo para mabago at magtungo sa pag-agaw, ano po ang estado ng mga batang namatay bago ang mga edad ng pananagutan? At kailan sila magsisibangon?**

¹⁰⁵ Ngayon, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, di ko po masasabi sa inyo. Wala kasing Kasulatan sa Biblia sa abot ng nasasaliksik ko kung saan. Pero puwede kong ilahad ang aking mga naiisip. Ngayon, ibubunsod nito na tumatag kayo na mga nananampalataya sa biyaya ng Diyos. Kita n'yo, gusto nung tao na malaman (na sadya namang napaka inam na tanong. Kita n'yo?) gustong malaman ng nagtanong kung anong pagkabuhay na mag-uli—kung anong mangyayari sa isang sanggol, na diba't kailangan ng tao na magkaroon ng Espiritu Santo para siya'y tumungo sa Pag-agaw. . . Gaya nga ng nasabi ko, tama 'yun. Batay 'yun sa Biblia. Yun ang turo ng Kasulatan. Hindi 'yung—hindi pupunta sa Langit. . . Dahil 'yung mga taong puspos ng Espiritu Santo ang unang pagkabuhay na mag-uli, ang Hirang. At ang nalalabi nun. . . Ang iba pa na mga patay ay libong taon na di mabubuhay. Pagkatapos ng Milenyum, ang kasunod ay ang ikalawang pagkabuhay na mag-uli, ang malaking paghatol ng Luklukang Maputi. Kita n'yo? Yun ang eksakto mismong pagkakasunud-sunod sa Biblia. Pero gusto nga ng nagtanong na malaman ang tungkol sa mga sanggol na ito. Sila ba. . . Sa madaling sabi, sila ba'y nagtataglay ng Espiritu Santo bago sila naipanganak? Natanggap ba nila Ito? Ngayon, di ko masasabi sa inyo ang bagay na 'yan.

¹⁰⁶ Pero ngayon, sabihin na lang natin na ganito: Alam natin na kapag ang mga sanggol na namatay, maski sino pa ang

mga magulang nila, ligtas sila. Ngayon, di ako sang-ayon sa eskuwelahan ng mga propeta patungkol diyan. Sinasabi kasi nila na kapag ito'y—namatay na makasalanan ang magulang, ang sanggol daw ay mapupunta ng impyerno, mabubulok; siya raw ay maglalaho. Buweno, si Jesus. . . Sinabi ni Juan nung dumating si Jesus, “Narito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.” At yamang ang sanggol na 'yun ay tao, na marapat na dumako sa ilalim ng mga paghatol ng Diyos, at si Jesus ay namatay nga para iwaglit ang kasalanan, haya't ang lahat ng kasalanan ay iwinaglit mismo sa harapan ng Diyos nung si Jesus ay mamatay para sa layon na 'yun. Ang mga pagkakasala n'yo ay pinatawad. Ang mga pagkakasala ko'y pinatawad. At ang tanging paraan para kayo'y mapatawad ay ang tanggapin ang Kanyang pagpapatawad. Ngayon, ang sanggol nga'y wala itong kakayahan para tanggapin nito ang kapatawaran nito. Kung tutuusin ay wala pa itong nagagawa na anumang. Kaya ganap mismo na malaya itong makatutungo sa Langit.

¹⁰⁷ Pero itatanong n'yo, “Magtutungo ba sila sa Pag-agaw?” Ngayon—ngayon, sariling pahayag ko lang po ito; ito'y sariling pag-iisip ko ngayon. Huwag. . . Hindi ko mapapatunayan ito sa Biblia. Pero tingnan n'yo. Kung ang Diyos, bago itagat ang sanlibutan, ay nalalaman na ang bawat tao na susulpot sa lupa kailanman. . . Naniniwala ba kayo riyang? Nalalaman nga Niya ang bawat niknik, bawat pulgas, bawat langaw, haya't alam Niya ang lahat ng susulpot sa lupa kailanman. Kung nalalaman Niya 'yun. . .

¹⁰⁸ Tingnan. Kunin nating halimbawa, si Moises. Nung isilang si Moises, siya'y isang propeta. Bago si Jeremias. . . Sinabi ng Diyos kay Jeremias, “Bago ka pa inanyuan sa sinapupunan ng iyong nanay, bago ka pa inanyuan sa sinapupunan niya, kilala na kita, at pinaging banal ka, at itinalaga kang propeta sa mga bansa.” Si Juan Bautista, pitong daan at labing dalawang taon bago siya maipanganak, nakita na siya ni Isaias sa isang pangitain, sabi, “Siya ang tinig ng isa na sumisigaw sa ilang.”

¹⁰⁹ Ang paunang pagtatalaga o paunang kaalaman ng Diyos ay haya't nakakakilala mismo sa mumunting mga sanggol na ito (kita n'yo?), kung ano ang gagampanan nila. At alam din Niya na sila'y mamamatay. Alam Niya. Wala kasing nangyayari na di nalalaman ng Diyos ang tungkol dun. Walang puwedeng mangyari sa. . . Katulad na lang ng Mabuting Pastol, haya't ang pagkilos Niya sa. . . Ngayon, ang hanguin nga 'yun mismo sa Kasulatan, di ko mabanggit ang pagkakasabi ng Kasulatan na *ganito-at-ganoon*. Hinahango ko lamang ito sa kaisipan ko.

96. Ngayon, ang kasunod na tanong ay isa pong sa palagay ko may nagtatanong tungkol sa nabanggit ko nung isang gabi. **Paki-paliwanag po na ang isang asawang babae'y maliligtas sa pamamagitan ng pagsisilang ng anak.**

¹¹⁰ Ang isa pong asawang babae'y di maliligtas sa pagsisilang ng anak. Pero sige't bumuklat tayo sa Unang Timoteo 2:8 pansumandali. At tingnan nga natin kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa anak. Ngayon, napagtanto ko na doktrinang Katoliko 'yan, na sinasabi ng Katoliko na ang babae raw ay maliligtas sa panganganak, sa pamamagitan ng pagsisilang ng isang anak. Pero huwag na nating... Di ako naniniwala riyon. Unang Timoteo sa ika-2 kabanata, at simulan natin sa ika-8 talata, at basahin ito pansumandali ngayon. Buweno, makinig.

Gayon din naman, na ang inyong mga babae ay magsigayak ng mahinhing damit... (Wala nga tayong kuwestiyon diyan, di po ba? Pakinggan n'yo ito)... na may katimtiman... (Whew!)... at hinahon; hindi ng mahalagang hiyas ang kanyang buhok, at ginto o perlas, o damit na mahalaga; (Mga kapatid, nalilingap ko kayo rito, umaasa ako. Lahat nitong mga bagong bonnet araw-araw o kada tatlong araw. Kita n'yo? Di 'yan ang nagpapaging-Cristiano.)

Kundi (siyang nararapat sa mga babae na magpakabanal) sa pamamagitan ng mabubuting gawa.

Ang inyong babae'y magaral na tumahimik na may buong pagkapasakop.

Nguni't hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno sa...lalake, kundi, ...tumahimik.

Sapagka't si Adan ay siyang unang nilalang, at saka si Eva.

...si Adan ay hindi nadaya, kundi ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalansang.

Nguni't ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak kung... (Ngayon, hindi niya tinutukoy rito ang mga kababaihan ng sanlibutan, na kung sila'y manganganak)...kung siya'y magsisipamalagi sa pananampalataya... (Kita n'yo? Kung siya mismo'y mamamalagi. Ano na siya...Ang babae na tinutukoy niya rito, ay 'yung babaing ligtas na. Kita n'yo?) ...at pagibig at sa pagpapakabanal na may buong hinahon.

¹¹¹ Hindi 'yung pagkakaroon niya ng sanggol ang nagpating ligtas siya, kundi dahil pinalalaki niya ang mga anak na ito, gumaganap sa tungkulin niya, hindi mga pusa ang inaatupag na alagaan, mga aso, at kung anu-ano pa na panghalili sa isang bata, gaya ng ginagawa nila ngayon, na pinag-uukulan 'yun ng pag-ibig ng isang nanay sa intensyon na siya'y makagala-gala at makapaglakwatsa buong gabi. May ilang tao na ganyan po ang ginagawa nila. Ikinalulungkot ko, pero 'yan ang ginagawa nila. May pagkagaspang po ang pagkakasabi ko rito, pero ang katotohanan ay katotohanan. Kita n'yo? Ayaw nila ng sanggol

na matatali sila roon. Pero mangyari nga na sa panganganak, kung ang babae'y magpapatuloy mismo sa pananampalataya, kabanalan, at lahat ng kahinahunan, siya'y maliligtas. Pero kalakip ng *kung* dito, ay maliligtas ka, *kung* ipinanganak kang muli. Gagaling ka *kung* sasampalataya ka. Matatanggap mo ang Espiritu Santo *kung* sasampalatayanan mo Ito, handa ka para Rito, *kung* handa ka talaga para Rito. At ang babae nga'y maliligtas kung patuloy niyang gagawin ang mga bagay na ito (kita n'yo?), pero hindi dahil sa isa siyang babae. Kaya 'yan po ang tama, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Hindi sa ganang katuruan ng Katoliko. Ngayon nais ko lang. . .Heto po ang isa pa na may talagang ipinupunto. Tapos may isa pa tayo. Sa tingin ko may oras pa tayo para rito. Ginugugol ko lamang ang oras natin. Ngayon, ito nga'y—ito nga'y sadyang resulta nung rebaybal. Ito po 'yung pagkatapos na resulta nung pagtitipon, ang mga katanungan na ito.

97. Ngayon: Kapatid na Branham (naka-makinilya po), batay po ba sa Kasulatan na ang isang tao'y magsalita ng iba't ibang wika at ipaliwanag niya ang sarili niyang mensahe? Kung tama po, paki-paliwanag. Unang Mga Taga-Corinto o Mga Taga-Corinto 14:19 at maging ang Mga Taga-Corinto 14:27.

¹¹² Buweno, sige dumako tayo sa Kasulatan na 'yan at tingnan kung anong sinasabi nito. At pagkatapos titingnan natin kung maitutugaygay natin ito batay sa Kasulatan. Nais nating batay tayo sa Kasulatan sa tuwina. Haya't sa Mga Taga-Corinto 14. Ngayon, gustong alamin ng nagtanong kung batay ba sa Kasulatan na ang isang tao'y ipaliwanag niya mismo ang sarili niyang mensahe na sinalita niya sa iba't ibang wika. "Kung tama po, paki-paliwanag ang Mga Taga-Corinto 14:19." Sige't tingnan natin, 14 at 19. Buweno, heto na po.

Nguni't sa mga iglesia ibig ko . . . pang magsalita ng limang salita ng aking pag-iisip, upang makapagturo ako naman sa iba, kay sa magsalita ng sangpung libo . . . sa . . . di-kilalang wika.

Ngayon, ang kasunod po'y ang ika-27 talata, nais nilang malaman ito.

Kung nagsasalita ang sinoman ng di-kilalang wika, maging dalawa, o . . . huwag higit sa tatlo, at sunodsunod; at ang isa'y magpaliwanag.

¹¹³ Ngayon, nakukuha ko ang ibig iparating ng nagtatanong (na nais kong—haya't may babasahin ako sa inyo maya-maya). Pero mangyari nga na sa palagay ko ang nais na iparating ng kapatid na lalaking ito o kapatid na babaing ito ay, "Tama ba na ang isang tao na nagsasalita sa iba't ibang wika'y siya na rin ang magpaliwanag nung mensahe na sinambit niya?" Ngayon,

kalugud-lugod na kaibigan, kung babasahin mo 'yung ika-13 talata sa parehong kabanata, binabanggit nito sa iyo:

Kaya't ang nagsasalita ng di-kilalang wika ay manalangin na siya'y makapagpaliwanag.

¹¹⁴ Malinaw 'yan. Makakapagpaliwanag siya ng sarili niyang mensahe. Ngayon, kung magagawa lang natin... Atin lang pong... Buweno, kung inyong... Basahin n'yo po ang kabuoan nito rito, at makikita n'yo na Ito'y... Basahin n'yo lang ang buong kabanata na 'yan. Napaka inam po nito, ipinapaliwanag dito mismo.

¹¹⁵ Ngayon, pagsasalita sa iba't ibang wika... Ngayon, habang nandiyan tayo, at habang itiniteyp ito, gusto kong sabihin na naniniwala mismo ako sa pagsasalita sa iba't ibang wika gaya ng naniniwala ako sa Makalangit na pagpapagaling, at sa—sa bautismo ng Espiritu Santo, maging sa ikalawang Pagparito ni Cristo, at sa kapangyarihan ng daigdig na parating; naniniwala ako mismo rito gaya ng naniniwala ako, pero naniniwala ako na ang pagsasalita sa iba't ibang wika ay may kinalalagyan ito gaya ng pagparito ni Cristo na may kinalalagyan ito; maging ang Makalangit na pagpapagaling ay may kinalalagyan ito; ang lahat ay may kinalalagyan.

¹¹⁶ Ngayon, sa inyo na mga nakikinig, heto't may pagkakataon akong sabihin ito ngayon, at nais kong ipaliwanag ito. At kung may masaktan ako, di po 'yun ang hangad ko. Di ko hangad na magdulot ng kalituhan. Pero pakinggan n'yo po. Ano nga ba ang problema sa pagsasalita ng mga di-kilalang wika ng mga Pentecostal (na ako naman; haya't Pentecostal din po ako. Kita n'yo?)... Ngayon, ang problema nga'y ganito: wala silang pagpipitagan dito. At isa pa, basta na lang nila hinahayaan 'yun nang kung kailan-kailan na lang. Di sila sumasangguni sa Salita.

¹¹⁷ Ngayon pakinggan. Ganito dapat—haya't—ganito dapat ang paraan ng pagkaka-ayos ng iglesia. Ngayon, sa Pentecostal na iglesia, kung ako ang nagpapastor sa iglesyang 'yan, sasabihin ko sa inyo kung papaano ang pagsasa-ayos ko rito (kita n'yo?), kung ako ang—naron ako sa tuwina para pastoran 'yun. Ako nga'y aayon sa bawat kaloob sa Biblia. Sasabihin sa mga mananampalataya na dapat mabautismuhan sila unang-una sa Espiritu Santo. At pagkatapos, ay doon pa lang iiral ang bawat kaloob sa Unang Mga Taga-Corinto 12 sa aking iglesia, kung matatamo ko ang mga 'yun doon, na ang buong katawan ay kikilos.

¹¹⁸ Ngayon, kung mapapansin n'yo... Hindi ko ito pansariling opinyon. At alalahanin n'yo, wala akong sasabihin na isa mang salita na kontra sa—baka mapusong ko ang Espiritu Santo. At alam ng Diyos na di ko sasalitain 'yun nang mali. Kita n'yo? Pero haya't sinasabi ko lamang ito na sinisikap kong ibigay

sa inyo ang silip ng Kasulatan matapos na pag-aralan ko ito nang halos dalawampung taon na ngayon. Halos tatlung taon na po akong nangangaral. At dumaan na ako sa lahat ng mga bagay, mabuti't kinaya ko; maiisip n'yo kung ano na lang kaya. At binantayan ko ang bawat tao, ang kanilang doktrina, sa buong mundo. At sineseryoso ko 'yun dahil kapakanan ko ito. Kapakanan ito mismo ng lahat ng tao maliban pa sa akin. Ako nga'y yayao rito. Kayo man ay yayao rito. Kung yayao ako rito na isang huwad na propeta, mawawaglit ko ang sarili kong kaluluwa't mawawaglit ko rin ang sa inyo. Kaya higit ito sa—higit ito sa pagkain sa araw-araw; higit ito sa popularidad; higit ito sa anupamang ibang bagay; ito'y Buhay sa akin. Kita n'yo? At hinahangad ko sa tuwina na talagang malalim mismo ang sinseridad ko rito.

¹¹⁹ Ngayon, pagpasok n'yo sa isang Pentecostal na simbahan, ang unang-una. . . (Di ko po nilalahat. Ang ilan ay. . .) Madalas pagpasok mo sa isang iglesya at magsisimula kang mangaral; haya't habang nangangaral ka, bigla na lang may tatayo at magsasalita sa iba't ibang wika. Ngayon, ang kalugud-lugod na taong 'yun ay marahil ganap na puspos ng Espiritu Santo, at marahil ang Espiritu Santo nga 'yun na nagsasalita sa taong 'yun, pero ang problema dun, sila'y di pinagsanay. Kung ang pagmi-ministryo sa entablado'y nasa ilalim ng inspirasyon sa pagsasalita, ang espiritu ng mga propeta'y sumasailalim sa propeta. Kita n'yo? “Ang lahat ng bagay ay gawin. . .” Ngayon, dumako kayo rito kay Pablo kung bakit niya sinasabi 'yun na “kapag may isa na magsasalita,” at iba pa. . . “kapag siya'y bigla na lang eentrada, magbubunsod ng kalituhan.”

¹²⁰ Ngayon, maraming beses na akong tumatawag ng pagdulog sa altar, at bigla na lang may tatayo at magsasalita sa iba't ibang wika. Para tuloy. . . Buweno, mas mabuti na lang siguro na ihinto ang pagtawag sa pagdulog sa altar. Inaantala nun ito. Kita n'yo?

¹²¹ At tapos, isa pang bagay. Maraming beses na may tatayo at magsasalita sa iba't ibang wika, at may mga taong nakaupo at panguya-nguya pa ng gum, patingin-tingin sa paligid. Kung ang Diyos ay nagsasalita, humimpil kayo, makinig! Kung 'yun ang Katotohanan, kung 'yun ang Espiritu Santo na nagsasalita sa tao na 'yun, humimpil kayo at makinig mismo, magpitagan. Mangyari ngang ang pagpapaliwanag ay darating sa iyo. Kita n'yo? Kayo po'y humimpil; pakinggan ang pagpapaliwanag. Ngayon, kung walang magpapaliwanag sa iglesya, kung ganoon dapat silang manahimik sa Katawan.

¹²² At tapos, kapag magsasalita sa di-kilalang wika, ang sabi ng Biblia, ibunsod sila na magsalita sa sari-sarili nila sa kanila at sa Diyos. Ang nagsasalita sa di-kilalang wika'y pinagtitibay niya ang sarili. Ngayon, 'yan po'y sa di-kilalang wika; ang mga diyalekto, mga lingguwahe'y iba naman. “Walang kahit ano,” ang sabi niya. . . Anupa't bawat tunog ay may kahulugan. Pero

kayo... Kung tutunog ang trumpeta, kinakailangan alam mo kung para sa ano ang pagtunog nito (...kung hihipan 'yun) o kung hindi'y di mo alam kung paano mo ihahanda ang iyong sarili sa pakikipagbaka. Kaya't kung may magsasalita sa iba't ibang wika, at basta na lang "toot"; ganoon lang 'yun, sinong makakaalam kung anong gagawin. Pero kung huhudyat 'yun ng *rebeyle*, ang ibig sabihin nga'y "tumindig!" Kung ang ihip ay *taps*, ang ibig sabihi'y "huminahon." Kita n'yo? Kung ang ihip ay *sugod* ang ibig sabihin "sugod." Kinakailangan may ibig sabihin, at di lang basta nangungusap sa sarili nito. Kaya sa loob ng iglesya, kung walang tagapagpaliwanag, mangyaring kung mayroong tagapagpaliwanag, kung ganun nabibilang ang pagsasalita sa iba't ibang wika sa naturang iglesya na 'yun.

¹²³ Ngayon, sa iyong tanong, mahal na kaibigan, na sinasabi, "Mas nanaisin kong magsalita ng limang libo... limang salita, at nang sa gayon maunawaan ako ng tao kaysa limang libo (o kung gaanong karami ang salitain nun) sa di-kilalang wika." Totoo 'yun. Pero basahin n'yo pa 'yung katuloy: "...maliban na ito'y sa pamamagitan ng kapahayagan o pagpapaliwanag tungo sa pagpapatibay." Kita n'yo? Sa pagpapatibay.

¹²⁴ Ngayon, bibigyan ko kayo ng kaunting pasilip na kaisipan na kung ano kaya—kung ano... Kung ako ang pastor sa iglesya na ito na parating, kung tatawagin ako ng Diyos na maging pastor sa naturang iglesya na ito, ganito ko patatakbuhin ito: sisikapin kong alamin ang bawat tao roon na may kaloob. At pagpupulungin ko ang mga tao na 'yun nang mga isang oras bago magsimula ang gawain, sa loob ng isang silid na sila-sila lang. Pahihimpilin sila dun sa ilalim ng Espiritu. At malalaman n'yo na lang, mayroong isa na, na may kaloob ng pagsasalita sa iba't ibang wika. At magsasalita siya sa iba't ibang wika. Ang iba pa'y mauupo nang tahimik. At pagkatapos may isa na tatayo at ipapaliwanag ang sinabi ng tao na 'yun. Ngayon, bago 'yun ipahayag sa iglesya, sinasabi ng Biblia na kinakailangang masiyasat 'yun sa pagitan ng dalawa o tatlong saksi. Ngayon, 'yan nga'y tao na may espirituwal na pagkilala (kita n'yo?), dahil maraming beses na nakakapuslit sa loob ang masasamang kapangyarihan. (Kita n'yo?) Nasabi 'yun ni Pablo. Pero hayan nga, ang kapangyarihan ng Diyos ay naroon din sa loob. Sige't sabihin n'yo nga sa akin kung may kongregasyon ba na ang masama'y di nakikihimpil. Sabihin n'yo sa akin kung may dako kung saan ang mga anak ng Diyos ay nagkakatipun-tipon na ang masama'y di nakikihimpil. Nasa lahat ng dako po. Kaya huwag n'yong ikalungkot. Kita n'yo? Nasa kung saan-saan din si Satanas. Ngayon, heto nga tayo. May isa na magsasalita sa iba't ibang wika. Ngayon, may tatlo na nakaupo roon na may Espiritu ng pagkilala. Haya't may isa na magsasalita sa iba't ibang wika at magbibigay ng mensahe. Ngayon, hindi nga dapat pagsisipi ng Kasulatan, dahil hindi kumpurme ang Diyos sa

walang kabuluhan na pag-uulit, at sinabi Niya na huwag nating gawin 'yun. Kita n'yo? Kaya hindi dapat ganun. Isang mensahe dapat sa iglesya.

¹²⁵ Mangyaring may dalawang bagay tayo rito sa rebaybal kung tutuusin. Antabayanan n'yo nga kung paanong ang bawat isa na ito—ay ganap na ganap, hanggang sa pinaka tuldok. Kita n'yo? Kumikilos mismo. May isa na tatayo, at magsasalita sa iba't ibang wika, at ibibigay ang pagpapaliwanag, at lulukob sa palibot, at patutunayan ang mensahe na 'yun na inilahad. May isa nga na tumayo nung isang gabi, at nagsalita sa—ilalim ng inspirasyon ng pagpropesiya, at may sinabi na bagay, na di niya namamalayan kung ano ang sinasabi niya; tapos sa dulo nun nagsalita siya, “Mapalad siya na dumarating sa Pangalan ng Panginoon.” Dali-dali may bigla na lang humagip sa akin at nagsabi, “Sa madaling sabi mapalad siya na sumasampalataya na ang Panginoon ito na dumating na.”

¹²⁶ Nakita n'yo ang pagpapa—tapos bumuhos ang Espiritu Santo sa gusali kagabi. Kita n'yo? Para sa pagpapatibay. Ako nga'y nakatayo roon na sinisikap kong sabihin sa mga tao na kailangan nilang matanggap ang Espiritu Santo. At biglang nanghimasok ang diyablo sa paligid ng mga tao, na sinasabi, “Huwag kayong makinig; maupo lang kayo.”

Sabi ng kapatid kong babae, “Bill, tuwang-tuwa ako nung nangangaral ka; pakiramdam ko'y makatatayo ako't lulundag tagos ng dingding.”

Sabi ko nun, “Sige't tumayo kayo at lumundag.” Ganoon 'yun.

Tapos sabi niya, “Pero nung ginawa mo 'yun,” haya't ang sabi, “nagsimulang magsigawan ang mga tao,” sabi, “aba'y bigla ko na lang naramdaman na ako'y tulad ng dati't walang kabuluhan.”

¹²⁷ Sabi ko, “Ang diyablo 'yan. Si Satanas 'yan. Pumasok siya para gawin 'yan,” sabi ko, “mas dapat ka pa ngang tumayo sana.” Tayo'y mga saserdote ng Diyos, naghahandog tayo ng espirituwal na hain—hain, na ang mga bunga ng ating mga labi'y nagbibigay-papuri sa Kanyang Pangalan. Kita n'yo?

¹²⁸ Ngayon, ngayon, ganito ang nangyari. Pagkatapos nga'y pumasok ang Espiritu Santo, dahil sadya ngang. . . “Mapalad ang tao na sumasampalataya.” Dalawa, tatlong sunud-sunod na gabi kong sinisikap na ilatag 'yun doon; at pagkatapos, ang Espiritu Santo'y nagsalita at nagsabi (sa ilalim ng inspirasyon) ang sabi, “Mapalad siya na dumarating sa Pangalan ng Panginoon.” At bago ako makasambit ng anupamang bagay, bigla ko na lang nasabi ito. “Mapalad siya na sumasampalataya na ang Panginoon ay pumarito sa ganito.” Nakita n'yo? At habang ipinapangusap ko nga 'yun, ang Espiritu Santo'y ang Diyos Mismo na nasa inyo. Kita n'yo? At nasalo nila 'yun. Kita

n'yo? At pagkatapos bumuhos ang Espiritu Santo sa mga tao. Nakita n'yo na kung paano Nito—Nito pinagtitibay, propesiya?

¹²⁹ Ngayon, may pagkakaiba sa pagitan ng propesiya at isang propeta. Ang propesiya nga'y lumilipat mula sa isa't patungo sa isa pa, pero ang isang propeta'y ipinanganak mula sa duyan na isa nang propeta. Kamit nila ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Di mo sila makokondenang mali. Di n'yo sila makikita na tumatayo sa harap nila Isaias, o Jeremias, alinman sa mga propeta na ito, dahil kamit nila ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Pero ang espiritu ng pagpropesiya sa gitna ng mga tao; kailangan n'yo itong bantayan, dahil pumupuslit dun si Satanas. Kita n'yo? Ngayon. Kaya naman kinakailangan na masiyasat.

¹³⁰ Ngayon, tayo'y—tayo'y patungo na sa pagkakaroon ng isang rebaybal. Ngayon, masdan n'yo itong maigi ngayon, kayo na mga ministro. Napipinto na tayo sa isang rebaybal. Buweno. O marahil nagdadaos lang tayo ng regular na gawain sa iglesya. Ang iglesya'y nag-aalab. Marapat naman sa tuwina. Buweno, marahil may lima o anim na tao tayo na mga pinagkaloobang mga tao; ang isa'y nagsasalita sa iba't ibang wika, dalawa o tatlo ang marahil nakakapagsalita ng wika, apat o lima ang may kamit na wika, may kaloob na pagsasalita ng mga wika, nagsasalita ng mga di-kilalang wika. Dalawa o tatlo sa kanila ang kayang magpaliwanag. Marahil may isa—dalawa, o tatlo sa kanila ang mga may kaloob ng karunungan. Buweno. Sila nga'y magtitipon, ang mga taong ito na may kaloob... Ikaw... Ang mga kaloob na ito'y ipinagkaloob sa inyo hindi para maging laro-laro ito, hindi para sabihin, “Luwalhatiin ang Diyos, ako'y nakakapagsalita sa iba't ibang wika! Hallelujah!” Kayo'y—inyong—inyong pinasasama ang sarili n'yo. Ang mga ito'y, ipinagkaloob sa inyo para ang mga ito'y pakilusin. At itong bahagi n'yo na ito sa iglesya ay kailangang dumating unang-una bago magsimula ang pangunahing gawain, dahil ang mga wala pang alam ay kahalo sa atin doon.

¹³¹ Tapos magpupunta kayo roon sa silid, at mauupo dun, kayo nga'y sama-sama roon, dahil kayo'y mga kamanggagawa sa Ebanghelyo. Tapos mauupo kayo roon. “Panginoon, may bagay po ba na nais Mong malaman namin ngayong gabi? Ikaw po'y magsalita sa amin, Oh Makalangit na Ama,” naghahandog ng panalangin, pagsusumamo; umaawit ng mga awitin. Direkta ngang bababa ang Espiritu, bubuhos sa isang tao, magsasalita sa iba't ibang wika. May isa na tatayo at magsasabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Ano 'yun? Pakinggan n'yo. “Humayo kayo at sabihin kay Kapatid na Jones na lumikas mula sa lugar na tinitirhan niya, dahil bukas ng hapon may buhawing hahagibis sa bahaging 'yun ng bansa; at tatangayin ang bahay niya. Mag-impake't dalhin niya ang mga kagamitan niya at lumikas!”

¹³² Ngayon, 'yun—'yun nga'y mainam sa pandinig. Pero sandali lang po. Kailangan may tatlong tao roon na may Espiritu ng pagkilala. Ang isa sa kanila'y magsasabi, "Ito'y sa Panginoon." Sasabihin nung isa, "Ito'y sa Panginoon." Yun nga'y dalawa laban sa tatlo—dalawa o tatlong saksi. Buweno. Isusulat nila 'yun sa kapisrasong papel. Yun kasi ang sinasabi ng Espiritu. Buweno. Babalik sila sa pananalangin, na pinasasalamatang ang Panginoon.

¹³³ Makalipas ang ilang saglit, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON (may magproposesiya na tatayo) GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ngayong gabi, galing ng New York City may babaing darating; nakaratay siya sa isang stretcher; paparito siya sa loob ng gusali na nakaratay sa isang stretcher. May berdeng bandana siya sa palibot ng kanyang ulo. Siya'y naghihingalo na sa kanser. Ang dahila't nagkaganito siya, ang Panginoon nga'y siningil ito sa kanya: may isang beses kasi na nagnakaw siya ng pera mula sa Kanyang Iglesia noong siya'y labing-anim na taong gulang. Sabihin n'yo kay Kapatid na Branham na sabihin sa babae ang mga bagay na ito. GANITO ANG SABI NG PANGINOON, kung itutuwid niya 'yun, siya'y gagaling." Sandali lang. Napakainam ngang pakinggan, pero sandali lang. Mailalagay mo ba ang pangalan mo rito sa papel, tagatalos? Mailalagay mo ba ang pangalan mo?

¹³⁴ "Ito'y sa Panginoon." Sasabihin ng isa, "Ito'y sa Panginoon." Tapos—tapos isulat n'yo 'yun, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ngayong gabi may babae na darating, *ganito-at-ganoong* bagay." Yung isa na may espirituwal na pagkilala, dalawa o tatlo sa kanila ang maglalagay ng pangalan nila rito. Lahat ng mga mensaheng ito'y ipapasa. Buweno.

¹³⁵ Pagkatapos nang ilang saglit sisimulan na nilang patunugin ang kampanilya. Unti-unti nang napupuno ang iglesia. Tapos dadalhin nila ang mga mensaheng ito, ipapatong dito sa may lamesa. Dito mismo kung saan ito dapat ilapag. Ako nama'y nasa isang dako nag-aaral, nananalangin. Pagkatapos ng ilang saglit lalabas na ako matapos ang pag-aawitan. Ang buong iglesia'y nasa kaayusan, nakapasok na ang mga tao, nakaupo, nagbubulay, nananalangin; 'yun nga ang dapat n'yong gawin. Hindi 'yung dadako sa iglesia't makikipag-usap sa isa't isa, kundi papasok sa iglesia na makikipag-usap sa Diyos. Kayo'y magkaroon ng pakikipagbuklod doon. Kita n'yo? Sa Diyos nga tayo nakikipagbuklod mismo ngayon. At dumako tayo rito para makipag-usap, ang lahat ay tahimik, nagpipitagan, kumikilos ang Espiritu. Ang piyanista'y pupuwesto sa piyano nang mga limang minuto bago magsimula ang gawain ng pag-aawitan, haya't magsisimula nang sadyang malumanay:

Down at the cross where my Saviour died,
Down there for cleansing from sin I cried;

O kung anong mainam na malumanay na awitin, na sadya ngang taimtim. Dadalhin nun ang Presensya ng Espiritu Santo sa loob ng pagtitipon. Kita n'yo? Buweno.

¹³⁶ Nakaupo na riyan ang mga tao. Ang ilan sa kanila'y sadya ngang—magsisimulang tumangis at dadako rito sa may altar, magsisisi bago magsimula ang gawain. Ang Espiritu'y naroon na. Kita n'yo? Ang iglesya'y nagdaramdam. Nananalangin ang mga Cristiano; sila'y nasa kani-kanilang kinalalagyan. Di sila uupo roon na panguya-nguya ng gum, na pasabi-sabi pa, "Uy, Liddie, pagamit naman ng lipstick mo; gusto kong . . . Alam mo ba. Alam mo ba. May gusto akong . . . Alam mo, nung isang araw nung namimili ako, aaminin ko sa'yo, muntik na kitang maapaka't mapangunahan. Tama ba 'yung tingin ko . . . Anong palagay mo dun?" Oh, kahabagan! At tatawagin 'yung bahay ng Diyos. Aba'y, kahihyan. Ang dapat nga'y ang Katawan ni Cristo'y nagpipisan-pisan. Na doon tayo'y hihimpil.

Yung lalaking nakaupo sa may tabi, "Naku, alam mo ba nung magpunta tayo roon, si *ganito-at-ganoon* at si *ganito-at-ganoon* . . ." Ayos lang 'yan kung sa labas sana, pero dito nga'y bahay ito ng Diyos.

¹³⁷ Pumasok kayo na mananalangin; lumagay kayo sa posisyon n'yo. Akin itong pangungusap ngayon, hindi sa inyong mga kaiglesyahan, mga kapatid. Di ko alam kung paano mismo ang pagsasagawa n'yo; dito sa tabernakulong ito ako nangungusap. Nangungusap ako sa amin-amin dito nang pribado. Kita n'yo? Ganoon nga.

¹³⁸ Ngayon, pagpasok n'yo nang ganun, haya't ang una n'yo ngang matutunghayan, lalabas na ang pastor. Sariwang-sariwa siya. Hindi niya kailangang sagutin 'yung *ganito*, *ganoon*, at kung *ano pa*. Kalalabas lang niya mismo roon sa—sa patak ng hamog ng kanyang pagmi-ministryo. Siya'y napasa ilalim sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Lalakad siya roon kung saan mas marami pang mga dila ng apoy ang nagkakapisang sama-sama. Iyon nga'y halos haliging apoy (kita n'yo?), kumikilos ito sa palibot. Lalakad siya palabas dito, dadamputin ito. "Isang mensahe mula sa iglesya: 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON, si Kapatid na Jones ay kinakailangang lumikas mula sa kanyang bahay. Bukas ng hapon ng alas dos isang buhawi ang hahagibis sa lugar niya. Mag-impake't dalhin niya ang kanyang mga gamit at lumikas.'" Maaabisuhan si Kapatid na Jones. Buweno. Nakatala 'yun sa rekord. "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, isang babae na ang pangala'y *Ganito-at-ganoon* ang paparito mamayang gabi, at siya noon—siya'y nakagawa ng *ganito-at-ganoon*." (Katulad nga ng binanggit ko, kita n'yo, parang ganun.) Buweno, na nakaratay. Ganoon po. Sila nga'y nakapuwesto na sa kanilang posisyon sa iglesya. Buweno.

¹³⁹ Tapos dadako na siya sa mensahe. At malalaman n'yo, na nagsisimula na siyang mangaral. Walang dapat gumambala; 'yun kasi'y nasa kalagitnaan na. Ngayon, tutugaygay lang, na ang mensahe nga'y ipinapangaral.

¹⁴⁰ At pagkatapos kapag ang. . . Malalaman n'yo kapag tapos na ang mensahe, pasisimulan na ang pila para sa kagalingan. Heto nang parating ang babae. May nakapagsalita kanina ng iba't ibang wika't sinabi na ang babae'y darating. Kita n'yo? Alam na ng bawat isa kung ano ang mangyayari. Alam mismo ng bawat isa. Makikita n'yo roon kung papaanong magsisimula 'yung pananampalataya na buoin 'yung mga dila ng apoy na 'yun na nakatayo roon sa inyo ngayon. Ito nga'y magsisimulang magpisan-pisan. Siyanga't, isa nga 'yung tapos na gawa; ganun nga mismo.

Ang babae mismong 'yun. . . Sasabihin ko, "*Gng. Ganito-at-ganoon*, na taga-New York City, na nakaupo rito. . . ." Kita n'yo?

"Oh, tama po. Papaano mo nalaman?"

"Isang mensahe 'yun sa iglesya mula sa Panginoon. Noong ikaw ay labing-anim na taong gulang, hindi ba't nasa *ganito't ganoong* lugar ka at nagawa mong—nanguha ka ng pera ng simbahan, at ninakaw mo 'yun, at tinangay, at bumili ka ng bagong damit gamit 'yun?"

"Oh, tama po. Tama po."

"Yan ang saktong sinabi ng Diyos sa atin sa gabing ito sa pamamagitan ni Kapatid na *Ganito-at-ganoon*, na nagsalita ng iba't ibang wika; si Kapatid na *Ganito-at-ganoon* naman ang nagpaliwanag; si Kapatid na *Ganito-at-ganoon* naman dito ang nagsabi, sa pamamagitan ng espirituwal na pagkilala, sinabi na 'yun ay mula sa Panginoon. At 'yun ang katotohanan."

"Oo!"

"Kung ganoon, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, iyo ngang ituwid ito, at makakalampas ka sa kanser mo."

¹⁴¹ Uuwi naman si Kapatid na Jones, dala-dala ang mga kariton, ililikas ang kanyang mga kasangkapan sa bahay, at lalayo mula roon. At nung alas dos kinabukasan ng hapon: Naku! ubos ang lahat ng naroon. Kita n'yo? Tapos magpupuri ang iglesya. . . "Salamat, Panginoong Jesus, para sa Iyong kabutihan." Ngayon, 'yun nga 'yun, para sa ikatitibay, para sa iglesya.

¹⁴² Ngayon, paano naman kung hindi nangyari 'yung sinabi nila? Kung ganun ay may masamang espiritu na nakapasok sa kalagitnaan n'yo. Hindi n'yo nga gusto ang masamang bagay na 'yun. Bakit n'yo gugustuhin ang isang bagay na masama samantalang ang—ang alapaap ay punong-puno ng Pentecostal na realidad? Huwag n'yo ngang pipiliin ang laon nang pamalit ng diyablo. Piliin n'yo ang bagay na totoo talaga. May ganoon nga ang Diyos para sa inyo. Kung ganoon ay huwag na kayong

magkaroon ng ganoong pagtitipun-tipon, at maglalagay ng kung anu-ano na lang dito, hangga't patotohanan mismo ng Diyos na kayo'y tama, dahil kayo'y katulungan sa iglesya sa pagpapakilos ng Ebanghelyo. Ngayon, nauunawaan n'yo na ba kung ano ito?

¹⁴³ At ang mga wika, di-kilalang wika . . . Ang tao nga'y di niya—wala siyang kamalay-malay sa sinasabi niya. Nagsasalita lang siya; pero ang bawat tunog nga'y may kahulugan. Haya't ito ay may kahulugan. [Ipinapalalpapak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay—Pat.] “Gluck, gluck, gluck!” Ito nga—ito nga—ito nga'y lingguwahe sa kung saan.

¹⁴⁴ Noong mapunta ako ng Aprika, nung una nga'y hindi ako makapaniwala, pero lahat mismo ng tunog ay may kung anong kahulugan. Sinabi ng Biblia na walang tunog na walang kabuluhan, na walang ibig sabihin. Bawat tunog na nililikha ay may kahulugan na kung ano. Mangyari nga, na naririnig ko sinasabi ng tao . . . Halimbawa sasabihin ko, “Si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos.”

¹⁴⁵ Yung isa sa kanila'y magsasalita [Ginagaya ni Kapatid na Branham ang tunog ng isang interpreter na taga-Aprika—Pat.]. Tapos 'yung isa rin [Iminumwestra ni Kapatid na Branham uli.]. At ang ibig sabihin nga'y, “Si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos.” Kita n'yo? Mayroon ngang . . . At marahil wala 'yung kahulugan sa akin, pero sa kanila'y lingguwahe 'yun gaya nga ng nagsasalita ako sa inyo. Kapag 'yung interpreter ng Zulu, ng Xhosa, ng Basuto, at kung ano pa, isasalin 'yun, bawat isa mismo na masasambit, ang lahat ay nakakaintindi. At itong mga bagay na maririnig n'yo na inuusal-usal ng mga tao, at inaakala n'yo na kung anu-ano lang na satsat, hindi po; may ibig sabihin 'yun. Kaya kinakailangan nating magpitagan rito, ilagay ito sa tamang pagkakaayos.

¹⁴⁶ Ngayon, marahil wala nang mensahe. Ngayon, tapos na ang gawain; tumatawag na ng pagdulog sa altar. At pagkalipas ng ilang saglit may isa (wala nang mensahe dun) may isa na bigla-bigla na lang tatayo basta nagkaroon ng pagkakataon. Ang Espiritu Santo . . . Ngayon, sabi ng Biblia, “Kung walang magpapaliwanag, siya'y manahimik.” Kahit na gaano pang pilitin nito na magsalita, ito'y manahimik.

¹⁴⁷ Sasabihin, “Hindi ko kayang manahimik.” Sinasabi ng Biblia na kaya mo. Kita n'yo? Kaya 'yun—'yun na 'yun. Kita n'yo? Siya nga'y manahimik.

¹⁴⁸ Tapos, kapag, ang pagkakataon ay dumating na ang lahat ay nasa kaayusan mismo, na anupa't ang Espiritu Santo'y lulukob sa kanya para magbigay ng mensahe, kung ganoon ay ibigay ito. Yun mismo ang dapat n'yong gawin. Tapos papasok ang magpapaliwanag, sasabihin, “May isang babae rito na ang pangalan ay Sally Jones (sana po walang ganoong babae rito na may ganoong pangalan, siyanga . . .) Sally Jones. (Kita n'yo?)

Sabihin n'yo sa kanya na ito na ang huling gabi ng pagtawag sa kanya. Tumuwid na siya mismo sa Diyos dahil maiksi na lang ang nalalabi niyang panahon na mamalagi rito." Ngayon, si Sally Jones ay tatakbo sa may altar nang simbilis na magagawa niya (kita n'yo?), dahil 'yun na ang pinaka huling pagtawag sa kanya. Kita n'yo? Yun nga'y pagbibigay ng mensahe, o isang pagpapatunay, o parang ganoon.

¹⁴⁹ Ganoon nga ang iglesyang Pentecostal na kumikilos nang maayos. Walang posibilidad na ang mga masasamang espiritu'y makakapuslit, dahil ito'y ganap nang. . . Ibinigay na mismo 'yun nang eksakto ng Biblia, "Iyon ay mapariyan, at iyon nga'y sa pamamagitan ng tatlo; at dalawa o tatlo ang magsiyasat." Ganoon dapat ang iglesya. Pero anong mayroon tayo ngayon? Patalon-talon, kung anu-anong ginagawa, patawa-tawa't kung anu-ano habang may nagsasalita sa iba't ibang wika; 'yung isa sa iba naman nakatutok, may ibang pinag-uusapan at pinag-uumpukan; maging 'yung pastor may ibang inaatupag; o may mga nag-uumpukan. Buweno, di 'yun tama. Marahil ang pastor ay nangangaral, tapos may bigla na lang tatayo at gagambalain siya sa gitna ng. . . Marahil nagbabasa ng Biblia at bigla-bigla na lang may. . . Nagbabasa pa lang ng Biblia, tapos mayroon na rito sa likod na magsasalita ng iba't ibang wika. Oh, naku! Kita n'yo? Ang mangangaral ay narito't nangangaral sa may pulpito, tapos bigla na lang may tatayo't gagambalain siya, magsasalita sa iba't ibang wika. Ayos lang naman 'yun. Di ko sinasabi na hindi 'yun sa Espiritu Santo, pero kinakailangan n'yong malaman kung paano gamitin ang Espiritu Santo (kita n'yo?), para magamit Ito.

Ngayon, kukuha pa ako—kukuha pa ako ng. . . May oras pa ba kayo para sa isa pa? Mangyari ngang, Linggo bukas. Tapos, tayo'y. . . Atin lang. . . Sige't isa pa. Sa palagay ko ito'y napaka mabiyaya. At ngayon, kung ang lahat po'y makatutuon sa akin nang kaunti pang sandali, kung maaari. At pagkatapos, akin na pong. . . Gusto ko pong—gusto ko pong makuha n'yo ito. Akin pong ipinapahuli ito nang sadya. Ito na po ang panghuli ko.

Ngayon, unang-una, babasahin ko 'yung dalawang bagay na tinanong dito ng nagtanong. Nakasulat po sa isang lumang pirasong papel, maganda ang pagkakasulat-kamay. Wala po akong ideya kung kanino ito, walang pangalan na nakapirma sa—sa alinman dito.

98. Kapatid na Branham, tama po ba para sa isang ministro na maglaan ng mahabang oras para manghingi ng pera sa mga gawain nila, na sasabihin na sinabi raw ng Diyos sa kanila na ganitong karami sa mga nagsidalo ang dapat magbigay ng ganitong karami? Kung tama po ito, gusto ko pong malaman. O kung mali naman, gusto kong malaman. Nababagabag po ako rito nang husto.

¹⁵⁰ Ngayon, kita mo, kaibigan, sasabihin ko sa iyo, sasabihin ko lang sa iyo ang iniisip ko tungkol dito. Kita mo? Ngayon, di ibig sabihin na tama ito. Haya't sa tingin ko nakakapanlumo 'yan.

¹⁵¹ Ngayon, ganito kasi ang naiisip ko. Ipinadala ako ng Diyos sa labas. Naranasan ko mismo 'yung panahon kung saan para bang ang kalagayan ko'y ako na ang pinaka . . . At wala akong—wala akong kapera-pera noon. At basta sinasabi ko lang, “Sige ipasa n’yo ang lalagyan ng kaloob.”

At lalapitan ako nung tagapangasiwa't magsasabi, “Naku, Billy, kulang tayo ng limang libong dolyar sa gabing ito, Naku. May pera ka ba roon sa Jeffersonville para tustusan ito?”

¹⁵² Sasabihin ko lang, “Ayos lang 'yan. Ipinadala ako rito ng Diyos, o kung hindi'y hindi ako pupunta. (Kita n'yo?) Sige't ipapasa n'yo lang ang lalagyan ng kaloob.”

At bago matapos ang pagtitipon, may isa na magsasabi, “Alam n'yo, inilagay ng Panginoon sa puso ko na magbigay ng limang libong dolyar para rito.” Kita n'yo, kita n'yo? Unang-una dapat, mapangunahan kayo na gawin ito.

¹⁵³ Hindi ako naniniwala sa pamimilit, at pagmamakaawa, at lantarang panlilimos ng pera. Sa palagay ko mali 'yun. Ngayon, kapatid, kung ginagawa n'yo 'yan, huwag ko nawang masaktan ang damdamin n'yo. Kita n'yo? Marahil kayo—marahil kayo'y may karapatan-ng-paraan mula sa Diyos na gawin 'yan. Haya't sinasabi ko lang ito sa sarili ko. Na di ako naniniwala dun.

¹⁵⁴ Ngayon, may mga kilala akong ministro na nagpupunta't nagsasabi . . . Tumayo ako noon, di pa katagalan . . . Ngayon, di po ito sa mga Pentecostal, ito'y sa . . . Buweno, mga simbahan po ito (kita n'yo?), ibang simbahan. Sa isang malaking camp meeting. Gertie, naroon ka noon kasama ko, marami pang iba ang naroon noon. At ginugol nila ang buong maghapon mismo sa isang kilalang denominasyon—dalawa o tatlo sa kanila ang nagsama-sama (mga regular na regular na kaiglesyahan, gaya ng mga modernong simbahan natin dito sa siyudad, at kung ano pa) sa isang malaking pagsasama-samang gawain—haya't ginugol nila ang buong maghapon, nakatayo sa entablado—at may pagbabanta na sisirain daw ng Diyos ang mga pananim, bibigyan ang mga musmos ng polio, at mga bagay na gaya nun, kung ang mga tao'y hindi magbibigay sa pagtitipon na 'yun. Yun po ang katotohanan, hayan nga ang Biblia sa harapan ko. Sabi ko, “Pamumusong 'yan sa Diyos at sa Kanyang mga tagasunod.” Kung isinugo ka ng Diyos, aalagaan ka Niya. Kung di ka Niya isinugo, kung ganoon ay ang mga denominasyon ang ibunsod mo na mag-alaga sa iyo kung ganoon. Pero—pero ikaw . . . Kung Diyos ang nagpadala sa iyo, aalagaan ka Niya.

99. Papaano naman po ang Pamaskong dula-dulaan sa isang Espiritu Santong iglesya?

¹⁵⁵ Buweno, kung tungkol kay Cristo, maaari pa. Pero kung tungkol kay Santa Claus, haya't di nga ako naniniwala sa kanya. Aking—aking kinatandaan na—aking kinatandaan na 'yan. Hindi ako naniniwala kay Santa Claus ano't anuman. Kita n'yo? At ilan pa rito sa mga mumunting Pamasko na mga bagay-bagay na mayroon sila, na sa palagay ko'y katawa-tawa. At. . . Pero naisip ko na inalis na nilang lahat si Cristo mula sa Pasko at inilagay si Santa Claus.

¹⁵⁶ At si Santa Claus ay isang kathang-kuwento. (Di ko layon na saktan ang damdamin n'yo, sana po, alang-alang sa mga bata.) Pero sinasabi ko nga ito sa inyo. Dito hindi pa katagalan, mga dalawampu't lima, tatlung taon ang nakaraan, nung may ministro rito sa siyudad, pastor ng—ng isang malaking simbahan dito sa siyudad, na kilalang-kilala ko, isang matalik kong kaibigan, lumapit siya sa akin. At si Charlie Bohannon, (Kapatid na Mike, naaalala mo pa si Charlie Bohannon, isang mabuting kaibigan ko) . . . Naupo roon sa kanyang tanggapan at nagsabi, “Hinding-hindi ko sasabihin sa mga anak ko o maski ang mga apo ko'y masabihan ng kasinungalingan na 'yan kahit kailan.” Sabi niya, “Yung sarili ko nga mismong anak haya't siya'y lumapit sa akin nung mag-labing dalawang taong gulang na siya halos, at bukambibig niya itong Santa Claus. . .” At siya, sabi, “Naku. . . Iho, may sasabihin ako sa iyo,” sabi, “Pero si Nanay kasi. . .” Alam n'yo, hayan nga't sinabi niya mismo sa bata ang ginawa nito.

Pagkatapos nung bumaling na siya, sabi, “Kung ganoon po, Tatay, ito po bang si Jesus ay siya ring 'yun?”

¹⁵⁷ Sabihin n'yo ang katotohanan. Imbento lang ng Katoliko itong si Santa Claus tungkol sa isang lalaki, isang Kriss Kringle o San Nicholas, isang matandang Aleman na Katolikong santo nang maraming taon na ang nakalipas na nagpupunta-punta raw sa mga lugar na gumagawa ng mabuti para sa mga bata. At dinala-dala nila 'yun bilang isang tradisyon. Pero si Jesus Cristo ang Anak ng Diyos. Siya'y totoo, at Siya'y nabubuhay.

Ngayon, heto ang isang tanong, panghuli na po ito, na isa po talagang. . .

¹⁵⁸ Ngayon tingnan n'yo. Marahil di kayo sasang-ayon sa akin tungkol diyan. Pero kung kayo po'y di sasang-ayon sa akin, alalahanin n'yo, gawin n'yo lang po nang malumanay, maaari po ba? Minamahal ko kayo, at ayaw kong—ayaw kong saktan kayo. Ako lamang, nais ko lamang maging tapat. Kung hindi ko. . . kung magsasabi ako halimbawa sa aking anak na lalaki ng isang kasinungalingan, kung ganoon sinungaling ako. Kita n'yo? Ang gusto ko ngang sabihin sa kanya ay katotohanan.

¹⁵⁹ Ngayon, ang sasabihin ko nga sa kanya tungkol kay Santa Claus, sasabihin ko, “Oo, naman, may Santa Claus naman.

Antabayanan mo si Daddy sa bisperas ng Pasko.” Kita n’yo? Siyanga.

¹⁶⁰ Alam n’yo, nung isang araw nasa isang dako ako, at sinubukan ko ’yun sa isang munting batang babae para makita. Pero bumalik nga sa’kin nung isang araw bago ’yung kahapon. Nandun ako sa gusali. At nakatayo sila roon, sa may Quaker Maid. At nagpunta ako roon para mamili ng mga kailangan sa bahay. At kaya kami, ang maybahay ko’t ako, nandun kami sa loob. At may munting batang babaing musmos dun, siguro’y wala pang labing-walong buwan ang edad, at nakatayo siya roon, at sige siya, sa pagkanta, “Dingle Bells, Dingle Bells. . .” At sabi ko. . . Nakasampa dun sa munting sampahan niya, alam n’yo, nakaupo sa likod ng parang munting kariton.

Sabi ko, “Gusto mo bang makita si Santa Claus?”

Sabi niya, “Ang daddy ko po ’yun, Ginoo.”

Sabi ko, “Pagpalain ang munting puso mo, Iha. May karunungan ka.”

Ngayon, heto pa po ang isang tunay na dapat tumimo, mga kaibigan. At dito po’y. . . Mangyaring magtatapos na tayo. Oh, isa—isa itong maselan na Kasulatan, pero ito’y tunay mismong tumitimo sa bawat isa halos. At tumimo ito sa akin nang maraming taon; at sa biyaya lamang talaga ng Diyos. . . At ang kalugud-lugod kong maybahay, na nakaupo ryan sa may likod ngayon, nung marinig niya na may nagbigay sa akin ng katanungang ito sa hapong ito, sabi niya, “Bill, papaano mo sasagutin ’yan?” Sabi niya, “Ako man ay pinagbubulay-bulay ko ang tungkol diyan.” Sabi, “Hindi ko nga maunawaan.” At sabi. . .

Sabi ko, “Magpunta ka mamayang gabi, Sweetheart. Sisikapin ko ang pinaka mainam na magagawa ko sa tulong ng Diyos.”

100. Kapatid na Branham, paki-paliwanag po ng Mga Hebreo 6:4 hanggang 6.

¹⁶¹ Heto nga ang isang dako na talagang. . . Kita n’yo, ngayon kinakailangan n’yong bantayan dito ang pananampalataya natin, ang biyaya, kasiguraduhan ng mga mananampalataya, ang katiyakan ng mga banal, katiyakan, ang ibig kong sabihin, ng mga banal. Mga Hebreo ika-6 na kabanata, 4 hanggang 6.

Ngayon, kapag ito’y. . . natapos na ito, mangyari nga na umaasa ako na tutulungan ako ng Diyos na gawing maliwanag ito sa inyo. Pasensya na po, may—may Mensahe po sana ako para sa gabing ito; siguro po’y ipangangaral ko na lang ’yun sa umaga sa—sa gawain. Tapos luluwas na ako.

¹⁶² Ngayon, talagang dapat itong tumimo. Kita n’yo? Ngayon, kailangan n’yong antabayanan ito. Ngayon alalahanin n’yo, naniniwala at itinuturo natin sa iglesyang ito, na hindi lahat

ng tumatayo at sumisigaw, hindi lahat ng nagsasalita sa iba't ibang wika, hindi lahat ng nakikipag kamay sa mangangaral, ay may Buhay na Walang Hanggan. Pero naniniwala tayo na kung may Buhay na Walang Hanggan ka, kung pinagkalooban ka ng Diyos ng Buhay na Walang Hanggan, kamit-kamit mo Ito magpakailanman. Kita n'yo? Dahil tingnan n'yo. Kung hindi, si Jesus ay huwad na guro kung ganoon. Sa San Juan 5:24 kasi, ang sabi Niya, "Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan, at di patutungo sa kahatulan, bagkus ay lumipat na mula kamatayan patungong Buhay." Ngayon, sa Kanya kayo makipagtalos kung ganoon. "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama. . . Walang makalalapit sa Akin maliban na siya'y palapitin ng Ama. (Sinisipi ko po ang Kasulatan.) Lahat ng magsisilapit. . . Walang makalalapit sa Akin maliban na siya'y palapitin ng Aking Ama unang-una. At lahat ng ibinigay sa Akin ng Aking Ama ay lalapit sa Akin. (Kita n'yo?) At lahat ng magsisilapit sa Akin, ay bibigyan Ko ng Buhay na Walang Hanggan (San Juan 6), at ibabangon siya sa huling mga araw." Kanyang mga salita mismo 'yan.

¹⁶³ Ngayon tingnan n'yo. Sige't gusto kong balikan 'yung Mga Taga-Efeso unang kabanata, nangangaral si Pablo. . . Ngayon, ang mga Taga-Corinto, bawat isa'y may wika't may salmo. Napansin n'yo na ang ibang kaiglesyahan ay walang ganoong kaguluhan. Wala siyang nabanggit tungkol dun. Nagbanggit ba siya kahit minsan tungkol sa iba't ibang wika kahit saan sa iglesya ng Efeso, sa iglesya ng Roma? Wala! Sila'y may iba't ibang wika rin at lahat katulad ng mga Taga-Corinto, pero nailagay nila 'yun sa ayos. Ang mga Taga-Corinto'y di nila 'yun mailagay sa kaayusan. Kita n'yo? Kaya naman nagtungo roon si Pablo at naglagay ng kaayusan sa iglesya na 'yun.

Ngayon, siya. . . Naniniwala ako, gaya ng sinabi ni Oral Roberts, "Ang Diyos ay isang mabuting Diyos." Hindi po ba't naniniwala kayo riyon?

¹⁶⁴ Haya't sasabihin n'yo, "Buweno, paano naman ang mga Pentecostal sa pagsasalita nila ng iba't ibang wika kung ganoon, Kapatid na Branham?" Sa palagay ko'y kamit nila ang Espiritu Santo. Tunay namang kamit nila. Buweno, bakit? Tingnan n'yo. Naniniwala ba kayo na Siya'y mabuting Diyos? Sabi ni Tomas minsan, "Alam Mo, Panginoon. . ."

Lahat ng iba roo'y naniniwala sa Kanya. Sabi, "Oh, alam namin na tunay Siya!"

"Oh," sabi ni Tomas, "hindi, hindi, hindi ako naniniwala riyon. Ang paraan lang para maniwala ako, ay may katunayan dapat. Dapat mailusot ko ang mga daliri ko sa tagiliran Niya at sa mga butas ng pako sa Kanyang mga kamay."

Yamang Siya'y mabuting Diyos. Ang sabi Niya, "Halika, Tomas. Heto."

"Oh," sabi ni Tomas, "ngayon naniniwala na ako."

¹⁶⁵ Sabi Niya, "Siyanga, Tomas, pero pagkatapos na makita mo Ako, at mahipo mo Ako, at ilagay ang kamay Ko... ang mga kamay mo sa tagiliran Ko, doon ka pa lang naniwala. Pero gaano ngang higit ang kanilang gantimpala na mga hindi Ako nakita pero nagsisampalataya." Siya'y mabuting Diyos mismo. Ibinibigay Niya ang mithi ng inyong puso, siyanga. Tayo nga'y sadyang sumampalataya sa Kanya. Yan mismo—'yan mismo —'yan mismo ang pamatay kay Satanas. Kapag pinananaligan ng tao ang Diyos sa Kanyang Salita, kapatid, 'yan ang papatay mismo kay Satanas sa tuwina. Yun ang pinaka matinding hambalos na matatanggap ni Satanas, kapag ang isang tao'y nananalig sa Diyos sa Kanyang Salita. Siyanga, po. Gaya ng sabi ko, "Ang tao'y di mabubuhay (si Jesus, nung isang gabi), bagkus sa bawat Salita na nanggagaling..."

¹⁶⁶ Ngayon, tumuon kayo rito. Ngayon sisimulan ko sa unang talata:

Kaya't tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan;... (Ngayon, ang unang bagay na gusto kong malaman n'yo rito: sino ba ang kausap ni Pablo rito? Mga Hebreo. Sabi riyan, "Mga Hebreo," diyan sa ibabaw ng pahina, ang Aklat ng Mga Hebreo. Tama ba? Mga Judio na tinanggihan si Jesus... Inyo—inyo na bang nakukuha ito ngayon? Nangungusap siya sa mga Judio, haya't ipinapakita sa kanila ang anino ng kautusan na ito'y tumitipo kay Cristo. Lahat ng mga lumang bagay ay tipo ng bago. Ngayon masdan.)

... tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan;...

¹⁶⁷ Ngayon, matagal na siyang nangungusap sa kanila tungkol sa mga turo't aral. Tayo'y tumungo na't pag-usapan ang mga bagay ng kasakdalan. Ngayon, kayo'y pinagiging sakdal sa Diyos kapag kayo'y naselyuhan na ng Espiritu Santo *hanggang* sa araw ng inyong pagtutubos. "Siya na ipinanganak ng Diyos (Unang Juan) ay di na nagkakasala; dahil di siya maaaring magkasala, dahil ang Binhi ng Diyos ay nananatili sa kanya."

¹⁶⁸ Ang isang taong puspos ng Espiritu Santo, hindi 'yung sa isip lang niya'y puspos siya, kundi 'yung ipinanganak mismo sa Espiritu ng Diyos ang hindi nagkakasala, dahil ang Binhi ng Diyos ay naroon sa kanya, at kaya di siya magkakasala. Kita n'yo? Yan ba ang sinasabi mismo ng Biblia? Hayan po. Kayo nga'y... Hindi sa bagay na ginagawa n'yo, na 'yun, ay 'yun, hindi sa iniisip sa inyo ng mundo, ito'y kung ano ang iniisip ng Diyos

tungkol sa inyo. Kita n'yo, kita n'yo? Hindi n'yo. . . Paano nga mangyayari na may kasulatan ako na isinulat ng alkalde ng siyudad, na puwede akong magpatakbo ng apatnapung milya kada oras sa loob ng siyudad, tapos huhulihin ako ng pulis? Hindi maaari. Papaanong magkakasala ako yamang may dugong hain sa harapan ng Diyos nang tuluy-tuloy, na hindi na ako ang nakikita Niya; samantalang may bumper sa may—sa may. . . sa harap ko at Diyos, na isang pananggalang na Dugo? Yamang tayo'y mga patay, at ang buhay natin ay natatago kay Cristo sa pamamagitan ng Diyos, sinelyuhan ng Espiritu Santo. Papaano ngang mangyayari na makagagawa kayo ng anumang bagay na mali sa paningin ng Diyos? “Kung sasadyain natin na magkasala (Mga Hebreo 10) matapos na matanggap natin ang kaalaman ng Katotohanan, wala na ngang hain pa para sa kasalanan.” Haya't dito'y imposible (kita n'yo?) na sadyain ang pagkakasala.

169 Ngayon, umusad na tayo at basahin pa. Sige.

. . . kasakdalan; na huwag nating ilagay na muli ang kinasasaligan ng—ng pagsisisi sa mga patay na gawa, at . . . pananampalataya sa Dios,

Ng aral na tungkol sa mga pagbabautismo, . . . pagpapatong ng mga kamay, at ng pagkabuhay na maguli ng mga patay, at . . . paghuhukom na walang hanggan.

At ating . . . gagawin ito, kung ipahihintulot ng Dios.

(Ngayon heto 'yung hinihiling nila na dito simulan, mula sa ika-4 na talata.) *Sapagka't hindi maaari tungkol sa . . . mga minsang naliwanagan, at nakalasp ng kaloob ng kalangitan, at mga nakabahagi ng Espiritu Santo,*

At nakalasp ng mabuting salita ng Dios, at ng mga kapangyarihan ng panahong darating,

At saka nahiwalay, ay mabago—mabago silang muli sa pagsisisi; yamang kanilang ipinapapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Dios, at inilalagay na muli siya sa hayag na kahihiyang.

170 Ngayon, ngayon, mistula ngang, sa paraan ng pagkakabasa n'yo riyang, para ngang isang tao'y tatanggap ng Espiritu Santo, at pagkatapos tatalikod at mapapahamak. Pero haya't imposible nga na gawin niya ito. Kita n'yo? Di niya magagawa. Kung magawa niya, nagsinungaling si Cristo. Kita n'yo? Haya't imposible para sa isang naliwanagan na. Ngayon, masdan n'yo rito. Kanino niya ito ipinapangusap? Ipinapangusap niya ito sa mga Judiong hanggang hangganan lang. Hindi niya binanggit dito ang isang taong puspos ng Espiritu Santo; ang sabi niya, “Kung ang tao'y nakalasp na ng Salita ng Diyos.”

171 Ngayon, hayaan n'yong bigyan ko kayo ng ilustrasyon, para makita n'yo at di n'yo ito mapalampas ngayon. Ngayon, siya po'y sumusulat sa mga Judiong ito. Ang ilan sa kanila'y mga mananampalatayang hanggang hangganan lang. Kita n'yo? Ang sabi niya, "Ngayon, iiwan na natin itong mga gawang ito at tutungo na para pag-usapan ang tungkol sa kasakdalan." Sabi, "Ngayon, pinag-uusapan natin ang tungkol sa pagbabautismo, at pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, at pagpapatong ng mga kamay, at lahat; pero tumungo na tayo ngayon para pag-usapan ang tungkol sa kasakdalan. Ngayon, pag-uusapan na natin ang tungkol sa inyong pag-usad na kayo'y dumulog na dapat sa Espiritu Santo. Ngayon, matagal-tagal na rin kayong padalo-dalo sa pagtitipon. . ."

172 At may nakikita kayong ganyan. Paririto sila't nananatili; di nga sila pasok-labas kung tutuusin. Kinalulugdan nila ang Espiritu Santo. Padalo-dalo sila. At marahil may gagawin na isang bagay ang Espiritu Santo at, naku, sila'y magsisitayuan at magsisigawan, at magpapatalon-talon taas-baba sa gusali tungkol dun, pero ayaw naman nilang tanggapin Ito sa sarili nila mismo. Hindi, hindi! Kita n'yo? Tapos sasabihin nila, "Oh, siyanga, napakainam. Oh, pero di ko pa alam sa ngayon kung ano ba." Kita n'yo, kita n'yo, kita n'yo? Mga mananampalataya na hanggang hangganan lang. Sadya ngang malapit na malapit na halos malasap nila Ito, pero ayaw nilang tanggapin Ito. Kita n'yo? Ngayon, mananatili sila nang matagal-tagal hanggang sa paglao'y napapatianod na sila palayo nang ganap. Magagawa ko ngang sabihin ang mga pangalan ng marami sa mga ito sa tabernakulo, na ganun mismo ang ginawa. Napatianod na nang malayong-malayo, para mapanauli pa nila ang kanilang sarili tungo sa pagsisisi, pero wala na ngang pagsisisi para sa kanila. Pinighati nila ang Espiritu na lumayo sa kanila. Napakalapit na sana nila noon na anupa't. . .

173 Dito, kung nakakapagbuklat kayo kasama ko (haya't wala na kayong oras, alam ko, ngayon) pero kung makakapagbuklat kayo sa Deuteronomio sa unang kabanata at basahin 'yun, makukuha n'yo 'yung siya ring bagay. Sige't markahan lang ngayon, Deuteronomio sa unang kabanata. Ngayon, at simulan sa ika-19 na talata at basahin hanggang sa ika-26. Deuteronomio. . . Masusumpungan n'yo. . . Ngayon tingnan n'yo. Ang buong Israel. . . Anong ginagawa ng mga taong ito, sila'y nakasapit na sa Kadesh-barnea. Oh, may nakikita nga ako! Itong tabernakulo, itong daigdig ng Pentecostal ay nasa Kadesh-barnea na ngayon. Ganoon mismo, Kapatid na Neville. Narito na tayo sa Kadesh-barnea, ang luklukan ng paghatol ng mundo (ang luklukan ng paghatol).

174 At humayo ang mga tiktik. Sinabi ni Josue rito, "Ngayon, nagpadala ako ng mga tiktik," o si Moises, pala, "Nagpadala ako ng mga tiktik, labindalawa, isa sa, isa sa bawat isang lipi n'yo.

Ipinadala ko sila para tiktikan ang lupain at bumalik na mag-uulat.” Tama po ba?

At nung makabalik na sila, siyam sa labingdalawa ang nagsabi, “Oh, mainam na lupain naman, pero oh, kahabagan, di natin kayang kubkubin ’yun. Oh, naku! Nandun ang mga Amorita, at magmumukha lang tayong tipaklong kung itatabi sa kanila. Naaarman sila. Ang mga pader nila’y malalaki. Oh, masyadong . . . naku, mas mainam na lang na namatay kami sa Egipto sa halip na dinala mo pa kami rito.”

¹⁷⁵ Pero, si munting kalugud-lugod na Caleb at Josue’y lumundag dun at pinatahimik sila; sabi, “Aba’y kayang-kaya nating kunin ’yun.” Siyanga, po! Hayan siya. Ngayon masdan. Anong nangyari? Batid nila Caleb at Josue na nagbigay ang Diyos ng pangako tungkol dito: “Di ko alintana gaano mang kalaki sila, gaano mang karaming hadlang, gaano mang kataas sila, gaano mang kabatikan sila, walang kinalaman ’yan dito. Diyos na mismo ang nagsabi, at kayang-kaya nating kunin ito.” At alam n’yo ba na silang dalawa lang mismo, mula sa dalawa’t kalahating milyon, ang nakapasok sa lupain? Dahil kanilang pinanghawakan ang kanilang pananampalataya sa kung ano ang sinabi ng Diyos na Katotohanan. Amen!

¹⁷⁶ Ang tabernakulo, ngayon mismo’y, nakatayo sa Kadesh-barnea. Masdan, ganoon na lamang kalapit ang mga taong ’yun na anupa’t nakatikim sila mismo ng mga ubas mula sa lupain. Kumain sila nung ubas. Nung sila Caleb at sila’y magsibalikan at dala-dala pabalik ang mga ubas, haya’t ang mga taong ’yun ay nakipitas din at nagsikain. “Oh, mainam ang mga ito, pero di namin kayang gawin.” “Sila na mga nakalaspap na ng mabuting gawa ng Diyos, nakalaspap ng Espiritu Santo, nakalaspap mismo sa kabutihan Nito, nakalaspap Nito, nakalaspap sa Salita ng Diyos. . .” Nakita n’yo ’yun? Wala sa kanila na mga kalalakihan, wala ni isa sa kanila ang pinahintulutang makatawid at makapasok. Namatay sila sa sarili nilang lupain, dito sa ilang. Hindi sila nakalaspap para makapasok, gayong ang lapit-lapit na nila para malaspap Ito, pero walang sapat na biyaya’t pananampalataya para kunin Ito. Ganoon nga.

¹⁷⁷ Ngayon. Ngayon pakinggan n’yo ang kalugud-lugod na lalaking ito na nagsulat ng liham na ito. Basahin lang natin ang kasunod na talata. Masdan n’yo lang pansumandali. Masdan n’yo si Pablo. Ngayon basahin natin ang ika-7:

Sapagka’t ang lupang . . . humitit ng ulang madalas na lumalagpak sa kaniya, at tinutubuan ng mga damong pakikinabangan ng mga yaon na dahil sa kanila’y binukid, ay tumanggap ng mga pagpapalang mula sa Dios:

*Datapuwa't kung namumunga ng mga tinik at dawag,
ay itinatakuwil at malapit sa sumpa; at ang kaniyang
kahihinatnan ay ang sunugin.*

178 Ngayon, nakikita n'yo ba ang sinasabi niya? Ngayon masdan. Narito ang isang tanong dito; ngayon, at pagkatapos magtatapos na tayo... Itong bagay na ito'y ilang mga taon din akong binagabag.

179 Nagpunta ako sa isang pagtitipon isang beses kung saan ang mga tao'y nagsasalita sa iba't ibang wika sa Mishawaka, Indiana. Ngayon, nandito ako sa harap ng sarili kong madla. Narinig n'yo na ang mga tao... narinig n'yo nang ikinuwento ko ang talambuhay ko, at 'yung tungkol dun sa lalaking itim na nagsabi, "Heto siya. Heto siya." Ngayon, ikinuwento ko 'yun.

180 Pero 'yung iba pa na nun: may nakita akong dalawang lalaki. Sila'y... Yung isa'y nagwiwika ng mensahe, 'yung isa naman ang nagpapaliwanag. Yung isa'y magwiwika ng mensahe, at 'yung isa ang magpapaliwanag. At kapatid, tama po sila. Sadya ngang... Sa isip-isip ko, "Naku grabe! Di pa ako nakakakita ng katulad nito." Sabi ko, "Nasa piling ako ng mga anghel." Sa isip-isip ko, di pa ako nakakakita ng katulad nun... May isa na magwiwika, at 'yung isa nama'y...

181 At nakaupo ako sa likuran, na isang munting mangangaral lamang, na inyong... [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]... ang dalawang lalaking ito'y nakamayan ko. Di pa ako nakakakita ng katulad nila na mga kalalakhian sa buong buhay ko. Sila'y magwiwika ng mensahe, at 'yung isa'y ipaliliwanag 'yun. At grabe, grabe! Kahanga-hanga talaga! Yung isa, magwiwika at 'yung isa'y magpapaliwanag. Silang dalawa... At namumuti sila na parang yeso sa tuwing itinataas nila ang kanilang mga kamay. Sa isip-isip ko, "Oh grabe, grabe! Saan ba ako nagdako sa buong buhay ko? Ito na 'yun talaga!" Sabi ko, "Grabe, tama pala ang mga Pentecostal." Ganoon nga mismo.

182 Hindi pa nga ako nakakakita nang ganoong kadakila na anupa't kung ano lang ang narito noon, kung saan... Marahil may dalawang kababaihan lang na may misyon sa kung saan. At sila'y nagbabangayan pa; at tinatawag nung isa 'yung isa pa na ano raw, "dapuan ng buwitre," at, alam n'yo, parang ganun, nakikipagbangayan sa isa't isa. Haya't di po 'yan pagyurak sa kababaihan ngayon o kung ano, pero sadyang... Talagang—talagang sumayad na mismo sa pinaka mababa. Kung mayroon sa inyo... Naalala n'yo, Kapatid na Graham. Maliit na batang paslit ka pa lang noon. At sadya ngang, ganoon noon.

At pinakikinggan ko 'yun, at sa isip-isip ko, "Oh, naku, mga anghel ang nasumpungan ko."

183 Isang araw nung dumadaan ako sa panulukan ng bahay roon, nung mga ikalawang araw na, nakatagpo ko 'yung isa sa mga lalaki. Sabi ko, "Kumusta ka, Ginoo?"

Sabi niya, “Kumusta ka?” Sabi niya, “Ikaw ba . . . Anong pangalan mo?”

Tapos sabi ko, “Branham.”

Sabi niya, “Taga-saan ka? Dito ba?”

Tapos sabi ko, “Hindi po, taga-Jeffersonville ako.”

Sabi niya, “Buweno, mainam ’yan. Pentecostal ka ba?”

Sabi ko, “Hindi, po, hindi po.” Sabi ko, “Hindi ko kasi matanggap ang Pentecostal na pamamaraan ng pagtanggap ng Espiritu Santo,” sabi ko, “gayunpaman,” sabi ko, “naparito ako para matuto.”

¹⁸⁴ Sabi niya, “Buweno, napakainam n’yan.” Haya’t nakipag-usap pa ako sa kanya, hagit-hagit ang kanyang espiritu (tulad nung babae sa may balon), isa nga siyang tunay na Cristiano. Kapatid, talaga ngang saktong-sakto siya sa kung ano dapat. Mainam siya. Ngayon, sa inyo riyan . . . Ilan na ang nakadalò sa mga pagtitipon ko at nasaksihan mismo ang mga bagay na ’yun na nangyari? Kita n’yo? At ’yung lalaki nga’y ganap na ganap na mainam. Kaya pagkatapos, sa isip-isip ko—sa isip-isip ko, “Hayan nga! Naku, kahanga-hanga talaga!”

¹⁸⁵ Nung gabi ring ’yun, mga hapon na, nakatagpo ko naman ’yung isa. Sabi ko, “Kumusta ka, Ginoo?”

Sabi niya, “Kumusta ka? Anong pangalan mo?” At sinabi ko sa kanya. Tapos sabi niya, “Natanggap . . . Isa ka bang—isa ka bang Pentecostal?”

Sabi ko, “Hindi, po, di ko naman masasabing Pentecostal, sa palagay ko.” Sabi ko, “Dumako lang ako rito para matuto.”

Sabi niya, sabi ko, sabi niya, “Natanggap mo na ba ang Espiritu Santo?”

Sabi ko, “Di ko—di ko alam.” Sabi ko, “Kung ibabatay sa kung ano ang tamo-tamo n’yong lahat, sa palagay ko’y hindi ko pa natanggap.”

Tapos sabi niya, “Nakapagsalita ka na ba ng iba’t ibang wika?”

Sabi ko, “Hindi, po!”

Sabi niya, “Kung ganoon di mo pa Ito natanggap.”

¹⁸⁶ Tapos sabi ko, “Buweno, siguro—siguro nga po.” Sabi ko, “Di ko po alam. Dalawang taon pa lang akong nangangaral, halos,” tapos sabi ko, “Wala akong sapat na nalalaman tungkol Dito.” Sabi ko, “Marahil hindi ko alam.” Sabi ko, “Hindi ko pa nauunawaan . . .” Dahil heto nga, sinusubukan kong manatili siya roon (kita n’yo?), para mahagip ko ’yun. At nung mahagip ko na, kung may nakatagpo akong ipokrito kahit kailan, hayan nga ang isa nun. Ang asawa niyang babae’y itim ang buhok; at ang kinakasama niyang babae’y olendas ang buhok, haya’t may dalawa pa siyang anak sa babaing ito; at nakakapagsalita ng

iba't ibang wika't, naipapaliwanag 'yun nang ganap na ganap. Tapos sabi ko, "Ngayon, Panginoon, ano ba itong pinasok ko?" Mula sa mga anghel, di ko alam kung ano itong pinasok ko. Sabi ko, "Ako—ako'y—ako'y nakasalalay pa naman sa dapat may pinagbabatayan sa tuwina; kinakailangan na naroon ito sa Biblia. Kinakailangan itong maitugma. May kung anong mali sa kung saan, Panginoon. Papaano 'yun nangyari?"

¹⁸⁷ Nagtungo ako sa pagtitipon nung gabing 'yun, at 'yung Espiritu na 'yun ay bumuhos; at kapatid, mararamdaman mo talaga Ito, na ang Espiritu Santo talaga Ito. Siyanga, po! Kung hindi 'yun Ito, anupa't sumaksi mismo Ito sa aking espiritu na Ito ang Espiritu Santo. At batang-batang mangangaral pa lang ako noon, at di pa ganoon ang alam ko, di pa ganoong karami ang nalalaman ko sa espirituwal na pagkilala. Pero nakaupo ako roon. At alam na alam ko na ang siyang Diyos na nagligtas sa akin, ganoon na ganoon ang pakiramdam. . . Pakiramdam ko nga'y papailanlang ako tagos ng bubong, ganoong kamanghamanga ang pakiramdam ko sa loob ng gusaling 'yun. At naisip ko. . .

¹⁸⁸ Mga nasa labing-limang daan ang naroon. At sa isip-isip ko, "Naku, oh naku!" Dalawa o tatlo sa kanila ang nagpisan dun. At sa isip-isip ko, "Grabe, naku! Papaano 'yun nangyari? Ngayon, ang dakilang Espiritu na 'yun sa loob ng gusali ay talagang bumubuhos; at dito, tinitingnan ko nga kung ano 'yung nangyayari rito sa may itaas, ang mga kalalaking 'yun ay nagsasalita sa iba't ibang wika, nagpapaliwanag, ganap na inilalahad ang mensahe— at ang isa sa kanila'y ipokrito at 'yung isa'y tunay na lingkod ng Diyos." At sa isip-isip ko, "Ngayon, naguguluhan ako nang husto. Di ko alam ang gagawin ko."

¹⁸⁹ Buweno, pagkatapos na pagkatapos nun, isang mainam na kaibigan ko, si Kapatid na Davis (alam n'yo), may nabanggit siya na ako raw ay papet. Pambatang babaing laruan po 'yun, alam n'yo. At mangyari, wala pa akong asawa noon, at kaya ako raw. . . Basta sinasabi-sabi niya 'yun tungkol sa akin, at marami pa siyang ibang sinasabi, na para bang binibiro-biro niya ako.

¹⁹⁰ At nagdadaos siya ng isang munting. . . At ang nanay n'yo at lahat kami'y nagkakaroon ng munting mga gawain sa iba't ibang lugar. Wala pa—wala pa noon ang tabernakulo, at kaya sa iba't ibang lugar kami nagdadaos ng mumunting pagtitipon. At sa wakas isang araw, matapos na maipatayo na itong tabernakulo, maraming taon ang nakalipas, nagtungo ako sa Green's Mill sa kuweba ko roon para manalangin, dahil nga may mga pangit na bagay na nasabi sa akin si Kapatid na Davis sa—sa—sa kanyang pahayagan. Mahal ko siya. Ayaw kong may bagay na mangyari, at kaya nagtungo ako—nagtungo ako roon para ipanalangin siya. At nung magtungo na ako roon, at nung pumasok na ako sa kuweba. Haya't nanatili ako roon sa loob nang dalawang araw. Tapos sabi ko, "Panginoon, patawarin Mo po siya. Hindi niya—

hindi niya 'yun sinasadya—sinasadya.” At naisip ko, “Alam n’yo. . .” Bigla ko na lang naisip 'yung Kasulatan na 'yun.

¹⁹¹ At lumabas na ako. At may troso roon ('yung troso na 'yun ay naroon pa rin, matagal-tagal na rin 'yung naroon) sa may pababa ng bundok at nakahambalang dun sa isang munting pilapil na daan paikot mula sa sapa. At sumampa ako roon sa may troso, nakatanaw dun sa may mga bundok sa malayo—sa malayo, at inilapag ang Biblia ko roon nang paganito. Sa isip-isip ko, “Alam n’yo. . .” Bigla ko na lang naisip 'yung isang Kasulatan na 'yun: “Yung panday-tanso, nakagawa siya ng lubhang masama, at nakapagsabi ng mga bagay-bagay.” Alam n’yo. . . sa isip-isip ko, “Mabuti sigurong basahin ko 'yun.” Binuklat ko ang Biblia, tapos sabi ko, “Buweno. . .” Pinunasan ko saglit ang mukha ko, tapos umiihip ang hangin, at nabuklat na lang sa Mga Hebreo 6. “Buweno,” sabi ko, “di naman dito 'yun.” Tapos inilapag ko Iyon nang paganito. Tapos umihip uli 'yung hangin at binuklat uli Ito roon. Tapos sabi ko, “Ngayon, kakaiba yata, hinihipan ng hangin pabalik-balik dun nang paganon.” Kaya naisip ko, “Buweno, mabasa nga muna.” At ang sabi dun:

Sapagka't di maaari tungkol sa mga minsang naliwanagan, . . . mga nakabahagi ng Espiritu Santo, at nakalaspag ng . . . Salita ng Dios, at ng bagay ng panahong darating.

Sa isip-isip ko, “Buweno, wala naman akong nakikita rito.” Binasa ko 'yun pababa, 'yung katuloy pa ng kabanata. Wala naman. Sabi ko, “Buweno, 'yun—'yun na marahil 'yun.” At nakita ko—nakita ko 'yun na nakaganito, tapos bumalik uli dun. At kaya kinuha ko Ito, at sa isip-isip ko, “Buweno, ano kayang naroon?” Paulit-ulit kong binasa, at binasa, at binasa, sabi ko, “Buweno, di ko pa rin maunawaan.” Tapos nagpatuloy lang ako. . . At binasa ko dun sa ibaba:

. . . di maaari tungkol sa kanila na mga minsang naliwanagan, . . .

Tapos tumugaygay sa dako rito na ang sabi rito:

Sapagka't ang lupang . . . humitit ng ulang madalas na lumalagpak sa kaniya, at tinutubuan ng mga damong pakikinabangan ng mga yaon na dahil sa kanila'y binukid, ay tumanggap ng mga pagpapalang mula sa Dios:

Datapuwa't kung namumunga ng mga tinik at dawag, ay itinatakuwil at . . . malapit sa sumpag; at ang kaniyang kahalutalan ay ang sunugin.

¹⁹² Sabi ko, “Ano kayang ibig sabihin nito?” Basta na lang ako noon. . . Ngayon, wala nga akong iniisip nung mga panahon na 'yun doon. Haya't pinagbulay-bulay ko 'yun. At nung mga oras na 'yun noong nakaupo ako roon, akala ko nga'y bibigyan ako

ng Panginoon ng isang pangitain tungkol kay Kapatid na Davis at sila roon. At habang nakaupo ako roon; tumingin ako, at may nakita akong bagay na para bang umiikot-ikot sa harap sa may kakahuyan sa harapan ko. At ang mundo 'yun na umiikot-ikot. At nakita ko na ang buong kalaparan nun ay nabungkal, para ngang inararo ang buong lapad nun. At may isang Lalaki na lumitaw na may—may—may malaking bagay sa harap Niya na punung-puno ng binhi, at hinahasik Niya ang binhi sa buo mismong lapad ng kalupaan habang naglalakad Siya. At nung sumapit Siya roon sa kurbada ng mundo, haya't nawala Siya sa paningin ko. At nung kawawala pa lang Niya noon sa paningin ko, hetong dumarating ang isang lalaking ang itsura'y talagang parang may masamang balak, nakadamit ng itim, pakilos-kilos dun nang paganito, para bang, *whew, whew*, naghahasik ng masasamang binhi, *whew, whew*. At pinapanood ko, at nang umikot nang umikot 'yung mundo . . .

¹⁹³ Paglaon may mga trigo tumubo. At nung tumubo na roon 'yung trigo, haya't lumitaw rin ang mga dawag, at mga espina, at mga tinik, at damong-apestoso, at lahat na nagsisitubuan, damong-aldondoncillo, at lahat na ng nagsisitubuan kasama ng trigo. At lahat sila'y sama-samang tumubo. At pagkatapos may dumating na isang malubhang tagtuyot, at mangyari nga na 'yung munting trigo'y nakalaylay 'yung ulo niya nang paganito, at maging 'yung munting dawag, at espina, at mga tinik, ang mga ulo nila'y nakalaylay din. Bawat damo'y, *hah, hah, hah, hah*, humihingang nang paganito. Maririnig n'yo nga sila. At talagang tumatawag sila na bumagsak nawa ang ulan, ang ulan.

¹⁹⁴ At paglaon, may dumating na malaking mabigat na ulap, at ang tubig nga'y bumuhos nang husto pababa. At nung bumuhos 'yun dun, napalundag 'yung trigo't nagsimulang humiyaw, "Luwalhati! Hallelujah! Purihin ang Panginoon!" Mangyaring 'yung munting damong-apestoso'y napatalon din at humiyaw, "Luwalhati! Purihin ang Panginoon! Hallelujah!" Yung mga tinik at lahat sila dun, napapasayaw sa buong palibot ng bukid humihiyaw, "Luwalhati! Hallelujah! Purihin ang Panginoon!"

Buweno, sabi ko, "Di ko pa rin makuha."

¹⁹⁵ Lumubay na 'yung pangitain sa akin; tapos bumaling uli ako roon: "Ang mga dawag na malapit sa pagtakuwil." Tapos nakuha ko. Ang sabi ni Jesus, "Ang ulan ay bumabagsak sa mga tuwid at di matuwid." Ang isang tao nga'y makauupo sa pagtitipon, makapagsasalita sa iba't ibang wika, makasisigaw at makakakilos na gaya ng iba pa sa kanila na may dalisay na Espiritu Santo at di pa rin mapaparoon sa Kaharian ng Diyos. Ganoon nga mismo. Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Marami ang tatayo sa araw na 'yun at magsasabi, 'Panginoon, hindi ba't nagpalayas ako ng mga diyablo sa Iyong Pangalan? Hindi ba't nagpropesiya ako (nangaral) sa Iyong Pangalan? Hindi ba't nakagawa ako ng maraming makapangyarihang mga gawa sa

Iyong Pangalan?” Ang sabi ni Jesus, “Lumayo kayo mula sa Akin, kayo na mga manggagawa ng katampalasan, hindi Ko kayo nakikilala.” Paano nga ’yun?

¹⁹⁶ Heto nga ang eksaktong ibig sabihin nito rito. Kita n’yo? Nakalasp sila ng mainam na ulan mula sa Langit. Pero sa simula’t sapul, ay mali sila. Sa simula’t sapul ang mga layunin nila’y lisyas; hindi tama ang kanilang mga motibo. Na, di n’yo masabi sa una. Ang . . . Alam n’yo, sa anihan ay sinabi dun, “Ako ba’y tutungo at para bunutin silang lahat?”

¹⁹⁷ Sabi Niya, “Hayaan n’yong tumubo sila nang sabay, at sa araw na ’yun ang mga dawag at mga tinik na ito’y susunugin na magkakasama, at ang trigo’y dadalhin sa bangan.” Ngayon, paano n’yo malalaman kung alin ang tinik, o kung alin dun ang dawag, o kung alin ang trigo? “Sa pamamagitan ng kanilang bunga ay makikilala n’yo sila.” Nakita n’yo, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ang isang mabuting puno ay hinding-hindi magbubunga ng masamang bunga. Kahit na ano pa, saang panig ka man ng daan, aabutin at aabutin ka nito. Kaya, sa iyo na naghahanap ng bautismo ng Espiritu Santo. . . Ako nga’y nagagalak sa iyo na sumulat nito. Kita n’yo?

¹⁹⁸ Ngayon, sila roon na mga mananampalatayang hanggang hangganan lang, sila nga’y kasa-kasama nila roon. Maging sila nga’y natuli sa kung paano sila natuli. Sila’y naglakbay din tungo sa lupain na ipinangako ng Diyos, hanggang doon mismo sa hangganan. Marami ang naglakbay hanggang sa hangganan na ’yun. Lumakad siya mismo hanggang sa mabautismuhan na sana ng Espiritu Santo’t tinanggihan ’yun. Ayaw niyang isuko ’yun. Lalakad nga siya hanggang sa nakabatay sa Kasulatan na bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at biglang tatalikod, at tatanggihan ’yun na ayaw na niyang makita ’yun.

¹⁹⁹ Walang kahit isang Kasulatan sa Biblia kung saan may isa man na nabautismuhan sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo, wala kahit isang Kasulatan. Sinimulan ’yun ng iglesia Katoliko, nagpatuloy kay Luther, tapos kay Wesley, at umabot hanggang sa ngayon. Ganoon mismo. Pero ang utos mismo na batay sa Kasulatan ay sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Yun mismo ang apostolikong pagbabautismo. Hindi n’yo nga magagawa ’yan at mananatili sa denominasyon. Siyanga.

²⁰⁰ Ngayon, nakikita n’yo ba ang mga bagay na ’yun? Ang bautismo ng Espiritu Santo, ang mga kaloob ng Espiritu, ang mga bagay na ibinubunsod ng Diyos. . . Ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, pagpapahinuhod (oh, sasabihin n’yo, “Buti na lang Kapatid na Branham, purihin ang Diyos, may pagpapahinuhod ako.” Tila nga. Nagtungo ako sa Ohio rito di pa katagalan, at may nagtanong sa akin, may isinulat na liham at tinanong ako kung ang bautismo ko ba sa mga tao’y sa Pangalan ni Jesus Cristo. Wala akong

itinugon. Pero nalaman nila ano't anuman, at labing-anim na nakikipagtulungan na mga ministro ang kumalas. Ganun ba ang pagpapahinuhod!—pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, kagandahang-loob, pagtitiis, at ang Espiritu Santo. Kita n'yo?

²⁰¹ Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, narito tayo—narito tayo sa Kadesh-barnea. Nalalapas n'yo mismo. Kagabi ang Espiritu Santo'y bumuhos sa atin, dumating sa atin, na gaya ng isang humahagibis na hangin. Naglumagi 'yun sa marami sa inyo. Ngayon maraming mga ministro ang bumibisi-bisita sa mga tahanan dito at doon, nagpapatong ng mga kamay at nananalangin para sa mga tao na naghahanap ng Espiritu Santo. Huwag na huwag kayong tumanggap ng kapalit. Huwag kayong tumanggap ng kung anong pag-iingay. Huwag kayong tumanggap ng kung anong sensasyon. Maghintay kayo riyang hanggang sa kayo'y hubugin ng Diyos at gawin kayong bagong nilalang, gawin kayong bagong tao na. Nalalapas n'yo na Ito ngayon, haya't nalalapas pa lang, pero hayaan n'yo ang Kalapati na pangunahan kayo patungo sa dulang, at—at ang Cordero at Kalapati'y maupo nang magkapisan, at kumain magpakailan-kailanpaman ng Salita ng Diyos. Dahil Ito'y titindig kahit wala nang langit at lupa; ang Salita ng Diyos ay mananatili. Yan po ang totoo.

²⁰² Sana po huwag n'yong isipin na nagmamalabis ako. Kung ako nga, di ko po sinasadya. Kung ako. . . Sana po'y nasagot ko ang mga katanungan; hayan nga ako, sa abot ng mainam na makakaya ng kaalaman ko.

²⁰³ At kaya naman sa Mga Hebreo 6, kung titingnan n'yo, si Pablo'y nangungusap dito sa mga Hebreo na nagsabi, “Buweno, sige't sasabay kami sa kung saan kayo makarating.” Sila nga'y makikisabay. Kita n'yo? Sabi, “Ngayon, inyo nang. . .” Sila na mga nakisabay at nakalapas na.

²⁰⁴ Mangyari ngang napatingin ako rito sa gusali. Para ipakita sa inyo ang katunayan ng Buhay na Diyos. Sana po hindi ko matanyag ang tao na ito. Nanggaling po ako sa isang pagtitipon di pa katagalan, at nagtungo rito, at inanunsyo sa inyo na isang mabuti kong kaibigan, isang malapit na kaibigan sa akin, isang kasamahan sa pangangaso, isang lalaki na talagang napakabuti sa akin, isang lalaki po na nakadalo na sa aking simbahan, at naging kapatid ko nang matagal na; ang tawag ko sa kanya'y Busty. Ang pangalan niya'y Everett Rodgers; taga-Milltown. Ilan ang nakakaalala na pumunta ako rito noon at inanunsyo ko ito? Nakaratay siya rito sa may ospital; inooperahan siya ng mga doktor, binusbos siya, at talagang tadtad na siya ng kanser kaya tinahi na lang nila pabalik. Sabi, “Mabilis siyang lalala; sa ilang linggo lang wala na siya; hanggang dun na lang. Wala na siya, hanggang dun na lang.”

205 Naalala n'yo ba nung tumayo ako rito sa may entablado, ipinanalangin siya? Nagpunta ako roon at pumasok sa silid, may hapis na kumakain sa puso ko. Lumakad ako sa silid, at nung mapalabas ko na ang lahat para ako'y . . . Si Kapatid na Everett ay nakaratay dun. At maaalala n'yo ito. Lumakad ako papasok; sabi ko, "Kapatid—Kapatid na Busty." (Ang tawag ko nga sa kanya'y Busty.)

206 Bago 'yun may katagalan na rin noong nagdadaos kami ng mga pagtitipon sa palumpong sa dako roon, lahat sila na mga Methodist na taga-roon sa bulubundukin (si Gertie po'y, isa sa kanila), padaan-daan dun, pasilip-silip sa palumpong ng mga ubas dun para makita kung anong sasabihin ko, at para pong ganun, natatakot kasi sila na baka itiwag sila ng iglesyang Methodist. At pagkatapos, nagtungo ako roon at nagkaroon ako ng isang pangitain doon, at nakita ko ang ilang magkakapatong na karne sa loob ng isang lata. Nakapamingwit daw ako ng ilang isda't isinabit ko sila dun, inilagay—inilagay ko sa mga parang sabitan dun, at itinali ko pataas 'yung sabitan. At nung tumingin ako . . . At sa pangitain po ito; iniwan ko—iniwan ko ang ilang grupo ng mga taong nakatayo sa may palumpong nung gabing 'yun at umakyat sa ibabaw ng burol kina Kapatid na Wright. At di nila ako mahagilap nung sumunod na umaga. Sabi ko, "Wala ba sa inyo ang . . ."

207 Habang nakatayo ako roo't nangangaral, hetong dumating ang Liwanag na 'yun; 'yung Haliging Apoy ay lumutang mismo sa harapan ko at nagsabi, "Umalis ka rito at magpunta ka sa kakahuyan; Ako'y makikipag-usap sa iyo." Nung araw ding 'yun ito, nung sumunod na araw na nila ako natagpuan sa may burol. At ako nga'y matagal-tagal na naroon sa itaas; itinago ko 'yung kotse ko sa mga matataas na damo roon, at matagal akong nandun sa ibabaw ng bundok na nananalangin buong gabi at hanggang nung kasunod na araw. May ilan sa kanila na inakyat ako dun, natagpuan 'yung kotse't pumunta dun . . . Yun 'yung araw na si Kapatid na Graham Snelling, dito'y, siya'y tumanggap ng Espiritu Santo't tinawag sa pagmi-ministryo.

208 Doon sa may gilid ng burol kung saan ako nakahimpil, at Siya'y—Siya'y nagbilin sa akin ng iba't ibang bagay na dapat gawin at kung ano 'yung ibig sabihin ng pakikipagtalastasan na nagkaroon sa amin. Nagbigay Siya ng isang pangitain na nakita ko dun ang mga isdang 'yun na nakasabit, sabi, "Ito ang iglesya ng Milltown."

At apat o lima sa mga 'yun ang kumakawag-kawag; at sabi ko, "Sino 'yan?"

Sabi, "Ang isa sa kanila'y si Guy Spencer at ang maybahay niya. Ang isa'y iba pang Spencer, at sila." At binanggit Niya ang iba pa, na kakawag-kawag.

209 Binanggit ko 'yun sa kanila; sabi ko, "Walang kakain maski isa sa inyo." Ang maybahay ko't ako'y di pa noon. . . Bago pa kami nun ikasal; at umuwi siya para magpalipas ng buong gabi kasama si Kapatid na babaing Spencer, isang kalugud-lugod na babae. Kalugud-lugod na lalaki, si Guy Spencer ay talaga namang napaka inam na lalaki sa pagkakatayo niya na naka-balat na sapatos. At siya—at siya'y nagtungo roon, at sabi ni Opal, "Ngayon, tingnan mo. . ." Kay Meda, sabi niya, "Ngayon, Meda, naniniwala ako kay Kapatid na Bill." Sabi niya, "Pero kapag nagugutom si Opal, kailangan niyang kumain talaga ng hamon at itlog." Kaya nagpunta siya roon, at nagprito ng hamon at itlog, at naupo para kainin na sana 'yun, at hudyat nang mananalangin para sa pagkain, at napayuko sa hapag, umiiyak, hindi niya 'yun ginalaw. Pagkatapos humayo na sila para maghanap.

210 At doon sa itaas ng burol nung araw ding 'yun, sinabi ng Diyos sa akin nang eksakto kung anong mangyayari. Sabi Niya, "Ang mga ito'y magsisialis, at pagkatapos ang mga ito rin ay aalis." Pero may isang malaking kumpol nga Siya noon ng karne na nasa lata. Sabi Niya, "Itago mo ito para magamit paglaon para sa mga tao ng Milltown." At nung isang gabi nung marinig ko si Kapatid na Creech. . . Nakaupo siya rito kagabi. Hindi ko lang. . . Kapatid na Creech, nandito ka ba ngayong gabi? Nung lumapit nga sa akin si Kapatid na Creech, tinawagan ako, at si Kapatid na babaing Creech, ay umiiyak; ang tatay niya'y nakaratay roon. Sabi, "Kapatid na Bill, huwag mong sabihin sa kanya. Malapit na siyang mamatay." Sabi, "Pinalala na siya ng kanser; binusbos siya ng mga doktor, at tadtad siya ng kanser." At si Will Hall (at lahat naman kayo siguro'y naaalala siya), nung 'yung parehong mga doktor ay binusbos siya't haya't tadtad din siya ng kanser. . . Nagprepara na ako para mangaso ng squirrel nung umagang 'yun, at nakita ko 'yung mga mansanas na 'yun na nakalutang sa loob ng silid. (Naalala n'yo ba 'yung kuwento nun?) At hayan ang lalaking ito na buhay na buhay hanggang ngayon. Maraming taon na ang nakalipas nun. Siya at si Kapatid na Busty ay magkaibigan.

211 Tapos nagpunta ako sa ospital, dun sa bagong ospital (di ko lang maalala 'yung tawag nila dun, dito sa may New Albany) sa bagong ospital. At nagtungo ako roon para makita si Busty; at nung pumasok ako sa silid, sabi ko, "Kapatid na Busty."

Sabi niya, "Kapatid na Bill." Pinisil niya nang mahigpit ang kamay ko sa kalugud-lugod niyang pakikipagkamay; isa po siyang beterano ng Unang Digmaang Pandaigdig, haya't di ko sinasabi ito sa harapan niya, pero talagang napaka buti mismo nung puso niyang pumipintig sa ilalim nung lumang asul na kamisetang 'yun. Hinawakan niya nang husto ang kamay ko. Nakabisita na ako sa bahay niya; nakakain na sa bahay niya; nakatulog na sa bahay niya, na parang kapatid ko siya. Yung

mga anak niya't lahat, kami nga'y talagang—talagang parang magkapatid sa dugo. Mabuting tao.

²¹² At siya . . . Pero hindi siya nagpakalalim sa Panginoon nang husto. Siya . . . Binautismuhan ko siya sa Pangalan ni Jesus Cristo. Pero nung araw na 'yun nang sabihin ng mangangaral na Methodist, “Sinuman dito na nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, umalis kayo mula sa tolda kong ito.” Ayos lang 'yun. Sina George Wright at sila'y nagsilabas. Nung hapon na 'yun nagtungo ako roon para magbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa Totten Ford. Yung buong kongregasyon niya'y lumusong sa tubig at nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kaya nagpatuloy ako. Ayos lang 'yun. Kung ang Diyos ay kakampi n'yo, sinong lalaban sa inyo? Hindi ko nga alam kung saan na napunta ang lalaking 'yun, kung ano na kayang nangyari sa kanya.

²¹³ Gayunpaman, naglakad ako papasok ng ospital. Nandun nga si Busty na nakaratay dun na tadtad ng kanser, ni walang nagawa ang mga doktor, wala silang nagawa't tinahi na lang nila siya pabalik. Sabi sa akin ni Busty; sabi niya, “Kapatid na Bill, ito siguro'y para sa isang layunin. May nangyari.”

Sabi ko, “Oo, Busty.” Bigla ngang naramdaman ko 'yung Espiritu na 'yun na kagaya ng humahagibis na hangin na binabanggit ko, alam n'yo, na pumasok dun.

Sabi niya . . . Haya't nung lumakad ako sa isang dako roon, may isang bahaghari sa isang sulok, nakalutang sa sulok na 'yun. Ang bahaghari po'y tipan; tipan ng Diyos. Nakipagtipan ang Diyos sa akin sa bundok nung araw na 'yun. Ipinatong ko ang mga kamay ko kay Kapatid na Busty at ipinanalangin siya.

Sabi ng mga doktor, “Mabilis siyang lalala. Babagsak ang katawan niya. Wala nang magagawa pa . . . Mawawala na siya nang ilang araw na lang.” Tapos si Busty Rodgers . . . Mangyari ngang ilang linggo at ilang linggo at ilang linggo na ang nagdaan, at si Busty Rodgers, haya't nakaupo po rian sa likod dito sa simbahan ngayong gabi, malusog at malaki ang itinaba niya sa abot ng nakikita ko sa buong buhay niya. Tumayo ka, Kapatid na Busty. Hayan po siya. Bigyan natin ng papuri ang Diyos, lahat po tayo.

They were gathered in the upper room,
All praying in His Name.
Baptized with the Holy Ghost,
And power for service came.
Now, what He did for them that day
He'll do for you the same.
I'm so glad that I can say I'm one of them.

I'm one of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them;
(Hallelujah!)

One of them, I'm one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

Though these people may not claim to be,
Or boast of worldly fame,
They have all received their Pentecost,
Baptized in Jesus' Name.
And they're telling now both far and wide,
His power is yet the same.
I'm so glad that I can say I'm one of them.

I'm one of them, I'm one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them;
(Hallelujah!)

One of them, I'm one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

Now, come my brother, seek this blessing
That will cleanse your heart from sin,
That will start the joy bells ringing,
And will keep your soul on flame;
Oh, it's burning now within my heart,
Oh, glory to His Name,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

Sige't awitin ito!

Oh, one of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them;
(Hallelujah!)

One of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

Ilan po rito ang isa sa kanila? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Oh, grabe! Oh, galak na galak nga ako na isa ako sa kanila!

One of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them;
(Hallelujah!)

One of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

They were gathered in that upper room,
All praying in His Name,
They was baptized with the Holy Ghost,
Then power for service came.
Now, what He did for them that day
He'll do for you the same,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

Oh, one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 (Hallelujah!)
 One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

Ngayon, habang inaawit natin ang koro na 'yan uli, nais kong ang bawat isa sa inyo'y bumaling, at makipagkamay sa katabi n'yo riyon, at sabihin, "Isa ka ba sa kanila?" Kita n'yo? Sige.

Oh, one of them (Alam ko na isa ka roon,
 Kapatid na Neville. Alam ko na isa ka roon,
 Kapatid na Capps. Alam ko na isa ka. Alam
 ko na isa ka . . . ? . . .)
 . . . I'm one of them;
 Oh, one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

²¹⁴ Oh, hindi ba't nagagalak kayo na isa kayo sa kanila? Ilan po ang nais na maibilang na isa? Pakitaas ang inyong kamay. Sige. Ngayon, aawitin ko lang po ito sa inyo:

Then come my brother, seek this blessing
 That will cleanse your heart from sin,
 That will start the joy bells ringing,
 And will keep your soul on flame;
 Oh, tis burning now down in my heart,
 Oh, glory to His Name,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.
 Oh, one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 (Hallelujah!)
 One of them, I'm one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

²¹⁵ Naalala n'yo ba 'yung sinabi ng munting dalagita kay Pedro, "Hindi ba't isa ka sa kanila?" Ikinagagalak ko nga, di po ba't kayo rin? Alam n'yo, sinabi ni Pedro nung araw na 'yun ng Pentecostes, "Ito ay Iyon!" Ngayon, lagi kong sinasabi, "Kung *Ito'y* hindi *Iyon*, aba'y ikinagagalak ko na ang natanggap ko ay *Ito*, na hinihintay *Iyon* na dumating." Siyanga. Ikinagagalak ko po *Ito*.

For I'm one of them, I'm one of them
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 Oh, one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

²¹⁶ Oh, hindi ba't kahanga-hanga, nakaupo na magkakapisan sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus, nakikipagniig sa Espiritu, nakikipagniig sa Salita, pinag-uusapan ang mabubuting bagay na darating. Napaka inam po. Lubos akong nagagalak na malaman 'yan, hindi po ba't kayo rin? Hindi po ba't nagagalak kayo na isa kayong Cristiano? Hindi ba't

nagagalak kayo na ang inyong mga pagkakasala'y nasa ilalim ng Dugo? Siya'y paririto isa sa mga araw na ito, at sasama tayo sa Kanya. Tapos bulayin n'yo, ang mismong katandaan ng edad ay matatanggal na sa atin; lahat ng karamdaman, lahat ng pagdadalamhati, ang buong mortal na buhay ay mapapalitan. Oh, grabe! Naiisip ko nga ang mga minamahala na mga kalugud-lugod na mga kapatid na tumayo rito noon. Naaalala ko . . . Ilan ang nakakaalala kay Rabbi Lawson? Grabe, lahat halos kayo. Naaalala ko siya na isinasabit niya ang lumang tungkod niya rito. At mauupo ako roon sa likod. Aawitin niya itong munting awitin na ito . . . (Sandali lang po Teddy, kapatid.) Susubukan ko, titingnan ko kung matotonohan ko ito. Di ko lang alam.

There waits for me a glad tomorrow,
Where gates of pearl swing open wide,
And when I cross this vale of sorrow,
I'll rest upon the other Side.

Some day beyond the reach of mortal ken,
Some day, God only knows just where or when,
The wheels of mortal life will all stand still,
Then I shall go to dwell on Zion's hill. (Opo.)

²¹⁷ Itong mumunting mga gulong na umiikot sa atin— paningin, panlasa, pandama, pang-amoy, at pandinig, itong mumunting mga pandama na ito at mga gulong na umiikot sa mortal na buhay na ito, balang araw mahihinto ang mga ito. Tapos ako, mismo, at kayo, tutungo tayo't mananahan doon sa burol ng Zion. Oh, gustung-gusto ko nga 'yun, hindi ba't kayo rin? Kay gandang malaman na may pinagpalang katiyakan tayo na 'yun. Buweno. Ilan ang nakakaalam ng luma nating pagbabautismo na awitin? Ngayon, babaguhin lang natin. Sige't awitin natin ang pagtatapos nating awitin:

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Take It everywhere you go.

²¹⁸ Dalhin n'yo ang Pangalan ni Jesus saanman kayo. Gawin n'yo nga 'yan, sa paghayo n'yo. Buweno, sabay-sabay po ang lahat ngayon. Huwag n'yong kalimutan, alas otso ng umaga mamimigay ng mga prayer card para sa pagtitipon. Magsisimula ang pagtitipon ng alas nuwebe y media. Mangangaral ako ng alas diyas. Ang gawain ng pananalangin para sa mga maysakit ay magsisimula naman ng alas onse.

²¹⁹ Bukas ng hapon, bukas ng gabi ay pagi-ebanghelyong mensahe sa tabernakulo. At bukas ng gabi, lahat kayo na mga nagsisisi na sa inyong mga kasalanan at hindi pa nababautismuhan, magkakaroon ng . . . bubuksan ang dako ng pagbabautismo; magbabautismo tayo ng mga tao sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.

²²⁰ Ang lahat po'y sabay-sabay ngayon, habang aawit tayo sa abot ng ating tinig. Kapatid na Busty, di mo lang alam kung gaano akong kasaya at nagpapasalamat sa Diyos. Alam n'yo, nagpunta siya sa doktor. At ang kuwento nila sa akin ay tiningnan daw siya ng doktor, at di raw malaman ng doktor kung anong iisipin nito. Di siya makapaniwala na ito rin ang lalaking ito. Oh, hindi nga lihim kung anong magagawa ng Diyos. Hindi po ba't ganoon nga? Buweno.

Take the Name . . .

Lakasan n'yo lang!

. . . with you,

Child of sorrow and of woe;

It will joy and comfort give you,


Now, take It everywhere you go.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!

Hope of earth and joy of Heaven;

Precious Name, (Oh, precious Name!), O how sweet!

Hope of earth and joy of Heaven.

²²¹ Buweno. Ibinabalik ko na ang gawain ngayon sa pastor. May sasabihin siyang ilang pahayag, o may pagsasalitain siya para pauwiin na tayo, anuman ang nasa isip niya. 

MGA TANONG AT MGA SAGOT UKOL SA ESPIRITU SANTO TAG59-1219

(Questions and Answers on the Holy Ghost)

PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Disyembre 19, 1959 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org